

Patnubay sa Gumagamit para sa Nokia 6080

PAHAYAG NG PAGSUNOD

Ngayon, ipinapahayag ng NOKIA CORPORATION, na ang produktong ito na RM-166 ay sumusunod sa mga mahahalagang pangangailangan at iba pang mga naaangkop na tuntunin ng Directive 1999/5/EC.

Ang kopya ng Pahayag sa Pagsunod ay matatagpuan sa http://www.nokia.com/phones/declaration_of_conformity/.

CE 0434

Karapatang-kopya © 2006 Nokia. Nakareserba ang lahat ng karapatan.

Ang pagkokopya, paglilipat, pamamahagi o pag-iimbak ng bahagi o lahat ng nilalaman ng dokumentong ito sa anumang anyo nang walang nakasulat na pahintulot ng Nokia ay ipinagbabawal.

Ang Nokia, Nokia Connecting People, Xpress-on at Pop-Port ay mga trademark o rehistradong trademark ng Nokia Corporation. Ang ibang mga pangalan ng produkto at kompanya na binanggit dito ay maaaring mga markang-kalakal o tatak-kalakal ng mga nag-aari sa mga ito.

Ang Nokia tune ay isang tunog na tanda ng Nokia Corporation.

US Patent No 5818437 at iba pang mga nakabimbing patente. T9 text input software Copyright © 1997-2006. Tegic Communications, Inc. Nakareserba ang lahat ng karapatan.



Kabilang ang RSA BSAFE cryptographic o security protocol software mula sa RSA Security.



Ang Java ay isang markang-kalakal ng Sun Microsystems, Inc.

Ang produktong ito ay lisensiyado sa ilalim ng MPEG-4 Visual Patent Portfolio License (i) para sa personal at di-pangkomersiyong paggamit na may kaugnayan sa impormasyon na inilagay sa code na sumusunod sa MPEG-4 Visual Standard ng isang tagagamit na gumagawa ng isang personal at di-pangkomersiyong aktibidad at (ii) para sa paggamit na may kaugnayan sa MPEG-4 video na ipinagkaloob ng isang lisensiyadong video provider. Walang lisensiya ang iginagawad o ipapahiwatig para sa anumang ibang paggamit. Ang karagdagang impormasyon kabilang ang may kaugnayan sa pagpapalaganap, panloob at pangkomersiyal na paggamit ay maaaring makuha mula sa MPEG LA, LLC. Tingnan ang <http://www.mpegla.com>.

Patakarang ng Nokia ang patuloy na pagpapaunlad. Nasa Nokia ang karapatang gumawa ng mga pagbabago at pagpapahusay sa alinmang produktong inilarawan sa dokumentong ito nang walang paunang paunawa.

Ang aparatong Nokia na ito ay sumusunod sa Directive 2002/95/EC ukol sa pagrerenda ng paggamit ng ilang mga mapanganib na sangkap sa mga kagamitang de-koryente at elektroniko.

Hindi kailanman dapat managot ang Nokia sa anumang pagkawala ng data o kita o anumang espesyal, nagkataon, idinulot o di-tuwirang mga pinsala anuman ang naging dahilan.

Ang mga nilalaman ng dokumentong ito ay ipinagkakaloob bilang "as is". Maliban kung iniaatas ng angkop na batas, walang anumang uri ng garantiya, ipinahayag man o ipinahiwatig, kabilang ang, pero hindi limitado sa, ipinahiwatig na garantiya ng kakayahang maibenta at kaangkupan sa isang partikular na layunin, ang ginawa na may kaugnayan sa katumpakan, pagiging maaasahan o mga nilalaman ng dokumentong ito. May karapatan ang Nokia na baguhin ang dokumentong ito o bawiin ito sa anumang oras nang walang paunang paunawa.

Kung makukuha o hindi ang mga partikular na produkto ay depende sa rehiyon. Mangyaring itanong sa Nokia dealer na pinakamalapit sa inyo.

Ang kagamitang ito ay maaaring magtaglay ng mga kalakal, teknolohiya o software na napapailalim sa mga batas sa pagluwas at mga regulasyon mula sa Estados Unidos at ibang mga bansa. Ang paglihis na kontra sa batas ay ipinagbabawal.

Isyu 1

Mga Nilalaman

Para sa iyong kaligtasan	8	Mga tagapahiwatig	21
Ukol sa iyong aparato	9	Keypad lock (keyguard)	22
Mga Serbisyong Pang-Network o Network Services	10	3. Mga function ng tawag.....	23
Pinaghahatiang memorya.....	10	Tumawag	23
Mga Pagpapahusay	11	Mabilisang pag-dial (speed dialling)	23
Pangkalahatang		Sagutin o tanggihan ang isang tawag	23
Impormasyon	12	Naghihintay na tawag	24
Pangkalahatang-tanaw sa mga function	12	Mga opsyon habang nasa isang tawag	24
Access code, mga	12	4. Magsulat ng teksto.....	26
Kodigo ng seguridad	12	Mga setting	26
PIN code, Mga	12	Mapag-hulang pagpapasok ng teksto o Predictive text input.....	26
PUK code, Mga	13	Pagsusulat ng mga tambalang salita.....	27
Password ng paghadlang	13	Nakasanayang pagpapasok ng teksto.....	27
Serbisyong pagtatakda ng pagsasaayos	13	5. Pumunta sa mga menu.....	28
Mag-download ng mga nilalaman at application	14	6. Mga mensahe	29
Impormasyon sa suporta ng at pagkontak sa Nokia	14	Mga tekstong mensahe o text message (SMS).....	29
1. Pagsisimula	15	Magsulat at magpadala ng mensaheng SMS	30
I-install ang SIM card at baterya...	15	Basahin at sagutin ang isang mensaheng SMS	30
Pagkarga ng baterya	16	Mga template o hulma	31
Pagbukas at pagpatay ng telepono	17	Mga mensaheng multimedia (MMS)	31
Itakda ang oras, time zone, at petsa.....	17	Magsulat at magpadala ng isang MMS.....	32
Serbisyong "plug and play"	17	Basahin at sagutin ang isang mensaheng MMS.....	33
Antenna	17	Memorya ay puno na.....	34
Pang-pulso na purswelas.....	18	Mga folder	34
2. Ang iyong telepono.....	19		
Mga pindutan at piyesa	19		
Standby mode	20		
Pansariling listahan ng shortcut.	20		
Mga shortcut sa standby mode...	20		
Pagtipid ng lakas	21		

Mga Postcard.....	35	Text at SMS e-mail.....	45
Magpadala ng postcard	35	Multimedia	45
Mga mensaheng flash.....	35	E-mail.....	46
Magsulat ng isang mensaheng flash	36	Font size and smileys.....	47
Tumanggap ng isang mensaheng flash	36	Tagabilang ng mensahe.....	47
Nokia Xpress audio messaging o pagmemensahe gamit ang mga tunog.....	36	7. Mga Kontak	48
Bumuo at magpadala ng isang mensaheng audio.....	36	Hanapin ang isang kontak.....	48
Tumanggap ng mensaheng audio.....	37	I-save ang mga pangalan at numero ng telepono	48
Mga agad na mensahe (IM).....	37	I-save ang mga numero, aytem o isang imahe.....	48
Mag-access sa menu ng pitaka ...	38	Kopyahin ang mga kontak.....	49
Kumonekta sa serbisyong IM.....	38	Baguhin ang mga detalye ng kontak.....	49
Umpisahan ang isang IM session.....	38	Burahin ang mga kontak o ang mga detalye ng kontak.....	50
Tanggapin o tanggihan ang isang pag-anyaya.....	39	Mga Business card	50
Basahin ang natanggap na agad na mensahe.....	40	Ang aking presence.....	50
Lumahok sa isang pakikipag-usap	40	Mga naka-subscribe na pangalan ..	51
I-edit ang iyong katayuan sa pagkakaroon	40	Magdagdag ng mga kontak sa mga naka-subscribe na ngalan....	52
Mga kontak para sa IM	41	Tingnan ang mga naka-subscribe na ngalan	52
Harangan at alisan ng harang ang mga mensahe	41	Alisin ang suskrisyon ng isang kontak.....	52
Mga grupo.....	41	Mga setting.....	52
E-mail application.....	42	Mga grupo.....	53
Isulat at ipadala ang e-mail	42	Boses na pagdayal.....	53
Mag-download ng e-mail	43	Magdagdag ng voice tags at pamahalaan ang mga ito.....	53
Basahin at sagutin ang e-mail....	43	Magasagawa ng tawag gamit ang isang tag ng boses.....	54
Inbox at Ibang mga folder.....	43	Mabibilis na pagdayal	54
Tanggalin ang e-mail messages...	44	Mga numerong pang-impormasyon, pang-serbisyo at aking numero	55
Mga pang-boses na mensahe.....	44	8. Talaan.....	56
Mga impormasyong mensahe.....	44	Mga listahan ng mga pinakahuling tawag	56
Mga utos na pang-serbisyo	44	Mga tagabilang at taga-oras.....	56
Tanggalin ang mga mensahe	45		
Mga setting ng mensahe.....	45		

9. Mga setting	57	Pagpareho	75
Mga profile	57	Pagpapasabay ng server	75
Mga tema	57	Mga setting ng pagpapasabay ...	76
Mga tono.....	57	Pagpapasabay mula sa isang	
Mga Ilaw.....	58	katugmang PC	76
Mga shortcut ko	58	Calculator.....	77
Display.....	59	Stopwatch.....	77
Oras at petsa	59	Taga-oras na countdown.....	78
Tawag	60		
Telepono	61	14.Mga application	79
Pagkaka-kunek	61	Mga laro	79
Infrared.....	61	Mga pag-download ng laro.....	79
Packet data (EGPRS).....	62	Mga setting ng laro	79
Mga pagpapahusay	63	Pagkulekta	79
Kumpigurasyon o pagtatakda.....	64	Ibang mga opsyon sa	
Seguridad	65	application.....	79
Ibalik ang mga factory settings.....	66	Pag-download ng isang	
		application.....	80
10.Operator menu	67	15.Push to talk	82
11.Gallery	68	Push to talk menu.....	82
12.Media	69	Kumunekta at kumalas sa PTT	83
Kamera.....	69	Magsagawa at tumanggap ng	
Kumuha ng litrato.....	69	tawag na PTT.....	83
Magrekord ng video clip.....	69	Mag-dial ng isang tawag na	
Radyo.....	69	PTT.....	83
I-imbak ang mga himpilan ng		Magsagawa ng isang pang-	
radyo	70	himpilang tawag.....	84
Makinig sa radyo	70	Gumawa ng pang-dalawahang	
Rekorder o taga-rekord.....	71	tawag	85
I-rekord ang tunog.....	71	Tumanggap ng isang PTT na	
Listahan ng mga inirekord.....	71	tawag	85
13.Tagaorganisa	73	Mga paghiling ng callback o	
Alaramng orasan	73	gantung tawag.....	86
Itigil ang pag-alarma	73	Magpadala ng paghiling	
Kalendaryo	73	ng callback	86
Gumawa ng isang tala sa		Sumagot sa paghiling ng	
kalendaryo.....	74	callback	86
Alarma ng tala.....	74	I-save ang nagpadala ng	
Listahan ng dapat gawin	74	paghiling ng callback	87
Mga tala	75	Pagdagdag ng pang-dalawahang	
		kontak	87
		Lumikha at magtaguyod ng mga	

himpilan	87	Baterya	102
Magdagdag ng himpilan.....	88	Ikinakabit na mga solusyon.....	103
Tumanggap ng pag-anyaya.....	89	Nokia Plug-in Car Handsfree	
Mga setting ng PTT.....	89	HF-3.....	103
16.Web	91	Audio adaptor.....	103
Itaguyod ang pagbabasa	91	Nokia Audio Adapter AD-46.....	103
Pagkunekta sa isang serbisyo.....	91	Desk stand - Simpleng desk	
Magbasa ng mga pahina.....	92	stand	103
Magbasa sa pamamagitan ng		Nokia Battery Charging Stand	
mga pindutan ng telepono.....	92	DT-14.....	103
Mga mapagpipilian habang		Data - cable	103
nagbabasa.....	93	Nokia Connectivity Adapter	
Direktang pagtawag.....	93	Cable CA-42	103
Mga setting ng anyo	93	20.Impormasyon tungkol sa	
Mga cookie.....	94	baterya	104
Mga script sa protektadong		Pagkarga at Pagdiskarga	104
kuneksyon	94	Mga tagubilin sa pagpapatunay ng	
Mga bookmark	94	baterya ng Nokia	105
Tumanggap ng bookmark	95	Pag-aalaga at	
Pag-download ng mga file	95	pagpapanatili.....	107
Inbox ng Serbisyo.....	95	Karagdagang impormasyong	
Mga setting ng inbox ng		pangkaligtasan	109
serbisyo	96	Kapaligiran sa pagpapatakbo.....	109
Cache memory.....	96	Mga kagamitang pang-medikal...	109
Seguridad ng browser	96	Mga pacemaker.....	110
Module ng seguridad	97	Mga hearing aid	110
Mga sertipiko	97	Mga sasakyan.....	110
Pirmang digital	98	Mga kapaligirang maaaring	
Impormasyon tungkol sa		sumabog.....	111
posisyon.....	99	Mga tawag na emergency	111
17.Mga serbisyong SIM.....	100	Upang gumawa ng tawag na	
18.Kakayahang ikunekta ng		emergency:.....	112
PC.....	101	Impormasyon sa Sertipikasyon	
Nokia PC Suite.....	101	(SAR).....	113
Packet data, HSCSD, at CSD.....	101	Indeks.....	115
Mga aplikasyon sa pakikipag-usap			
ng data	101		
19.Mga Tunay na			
Pagpapahusay.....	102		

Para sa iyong kaligtasan

Basahin itong mga simpleng patnubay. Ang paglabag sa mga ito ay maaaring mapanganib o labag sa batas. Basahin ang kumpletong patnubay sa gumagamit para sa higit na impormasyon.



BUKSAN NANG LIGTAS
Huwag bubuksan ang telepono kapag ang paggamit ng wireless phone ay ipinagbabawal o kapag maaaring maging sanhi ng interference (pagkagambala) o panganib.



KALIGTASAN SA DAAN ANG NAUUNA
Sundin ang lahat ng lokal na batas. Laging tiyakin na malayang magpatakbo ng sasakyan ang iyong mga kamay habang nagmamaneho. Ang unang dapat mong isaaalang-alang habang nagmamaneho ay ang kaligtasan sa daan.



PAGGAMBALA
Lahat ng wireless phones ay maaaring magkaroon ng intereference, na makakaapekto sa pagganap.



PATAYIN SA MGA OSPITAL
Sundin ang anumang mga pagrerenda. Patayin ang telepono kapag malapit sa kagamitang medikal.



PATAYIN HABANG NAKASAKAY SA SASAKYANG PANG-HIMPAPAWID
Sundin ang anumang mga restriksiyon. Ang mga aparatong wireless ay maaaring maging sanhi ng pagkagambala sa sasakyang pang-himpapawid.



PATAYIN KAPAG NAGLALAGAY NG GAS
Huwag gamitin ang telepono sa isang gasolinahan. Huwag gamitin kapag malapit sa gas o mga kemikal.



PATAYIN SA MALAPIT SA PAGPAPASABOG
Sundin ang anumang mga pagrerenda. Huwag gagamitin ang telepono sa lugar na may ginagawang pagpapasabog.



GAMITIN NANG MAAYOS
Gamitin lamang sa normal na posisyon na ipinaliwanag sa dokumentasyon ng produkto. Huwag gagalawin kung hindi kinakailangan ang antenna.



KUWALIPIKADONG SERBISYO
Mga kuwalipikadong tauhan lang ang maaaring mag-instala o magkumpuni ng produktong ito.



MGA PAGPAPAHUSAY AT BATERYA
Gamitin lamang ang mga inaprobahang pagpapahusay at baterya. Huwag ikunekta ang mga produktong hindi katugma.



PANLABAN SA TUBIG
Ang iyong telepono ay walang panlaban sa tubig. Panatilihin itong tuyo.



MGA PAMALIT NA KOPYA
Tandaan na gumawa ng mga pamalit na kopya o mag-ingat ng nakasulat na rekord ng lahat ng mahalagang impormasyon na nakalagay sa iyong telepono.



PAGKONEKTA SA IBA PANG MGA APARATO
Kapag ikinukunekta sa ibang kagamitan, basahin ang patnubay sa gumagamit para sa mga detalyadong tagubilang pangkaligtasan. Huwag ikunekta ang mga produktong hindi katugma.



MGA TAWAG NA EMERGENCY
Tiyaking nakabukas ang telepono at may linya. Pindutin ang pindutan ng Tapusin kung ilang beses kailangan upang alisan ng laman ang display at bumalik sa screen ng pagsisimula. Ipasok ang emergency number, at saka pindutin ang pindutan ng tawag. Ibigay ang inyong lokasyon. Huwag tatapusin ang tawag hanggang sabihan ka na gawin ito.

■ Ukol sa iyong aparato

Ang wireless na aparato na inilalarawan sa gabay na ito ay inaprobahan para gamitin sa EGSM 900, GSM 1800, at GSM 1900 na mga network. Kontakin ang iyong service provider para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga network. Kapag ginagamit ang mga tampok sa kagamitang ito, sundin ang lahat ng batas at igtalang ang pagkapribado at

mga lehitimong karapatan ng ibang mga tao, kabilang na rin ang mga karapatang-kopya.



Babala: Upang magamit ang mga tampok sa kagamitang ito, bukod sa alarmang orasan, ang aparato ay kailangang paandarin. Huwag bubuksan ang aparato kapag ang wireless device ay maaaring maging sanhi ng interference o panganib.

■ Mga Serbisyong Pang-Network o Network Services

Upang magamit ang telepono dapat na mayroon kang serbisyo mula sa isang wireless service provider. Marami sa mga katangian sa aparatong ito ay nakadepende sa mga katangian sa wireless network para gumanap.

Ang mga network services o serbisyong network na ito ay maaaring hindi magamit sa lahat ng network o maaaring kailanganin mong gumawa ng tiyak na pakikipag-ayos sa iyong service provider bago mo magamit ang Network Services o mga serbisyong network. Maaaring kailanganin ng iyong service provider na bigyan ka ng mga karagdagang tagubilin para sa paggamit ng mga ito at ipaliwanag kung ano ang mga angkop na singil. May mga network na maaaring may mga limitasyon na nakakaapekto kung paano mo magagamit ang mga serbisyong pang-network. Halimbawa,

may mga network na maaaring hindi sumuporta sa lahat ng character at/o mga serbisyo na nakasalalay sa wika.

Maaaring hiniling ng iyong service provider na harangan o hindi ang ilang mga tampok na nasa iyong aparato. Kung ganito nga, ang mga ito ay hindi lilitaw sa menu ng iyong aparato. Ang iyong aparato ay maaaring sadyang isinaayos para sa iyong network provider. Maaaring kasama sa pagsasaayos na ito ang mga pagbabago sa mga pangalan ng menu, pagkakasunod-sunod ng mga pagpipilian sa menu, at mga icon. Makipag-ugnayan sa iyong tagapaglaan ng serbisyo para sa karagdagang impormasyon.

Ang aparatong ito ay sumusuporta sa WAP 2.0 protocols (HTTP and SSL) na tumatakbo sa TCP/IP protocols. Ang ilang mga tampok ng aparato na ito, tulad ang mga text message, mga mensaheng multimedia, mga mensaheng tunog o audio messages, instant messaging service, e-mail, presence enhanced kontak, mga serbisyong mobile Internet, pag-download ng nilalaman at application, at pagpapasabay o synchronization sa isang remote Internet server, ay nangangailangan ng pagsuporta sa network para sa mga teknolohiyang ito.

■ Pinaghahatiang memorya

Ang telepono ay may dalawang memorya. Ang mga sumusunod na

tampok ay maaaring maghati sa unang memorya: mga kontak, mga text message, mga mensaheng multimedia (ngunit walang mga attachment), instant messaging, mga pangkat, mga tag ng boses, kalendaryo, at mga tala ng mga kailangang gawin o to-do notes. Ang ikalawang pinaghahatiang memorya ay ginagamit ng mga file na naka-imbak sa *Gallery*, mga attachment ng mga mensaheng multimedia, e-mail, at mga Java™ na application. Ang paggamit ng isa o higit sa mga katangiang ito ay maaaring magbawas ng memorya para sa natitirang mga katangian na nakikihati sa memorya. Halimbawa, ang pag-save ng maraming application na Java, atbp., ay maaaring gumamit ng lahat ng magagamit na memorya. Ang iyong aparato ay maaaring magpakita ng mensahe na ang memorya ay puno na kapag tinangka mong gamitin ang katangian na nakikihati sa memorya. Kapag ganito ang nangyari, bago magpatuloy ay tanggalin muna ang ilan sa impormasyon o mga ipinasok na nagre-reserba ng pinaghahatiang memorya. Ang ilan sa mga tampok, tulad ng mga application na Java, ay maaaring may tiyak na dami ng memorya na sadyang inilaan sa mga ito bilang karagdagan sa memoryang kahati sa paggamit ng ibang mga tampok.

■ Mga Pagpapahusay

Ilang praktikal na mga tuntunin tungkol sa mga accessory at pagpapahusay:

- Iligpit ang mga accessory at pagpapahusay sa lugar na hindi maaabot ng mga maliliit na bata.
- Kapag tinatanggal ninyo ang kurdon ng koryente ng anumang accessory o pagpapahusay, mahigpit na hawakan at hilahin ang plug, hindi ang kurdon.
- Regular na tiyakin na ang mga pagpapahusay na nakakabit sa sasakyan ay wastong inilagay at maayos na umaandar.
- Ang instalasyon ng anumang kumplikadong pagpapahusay sa sasakyan ay dapat lamang gawin ng kwalipikadong tauhan.

Pangkalahatang Impormasyon

■ Pangkalahatang-tanaw sa mga function

Ang iyong aparato ay nagkakaloob ng maraming function na magagamit sa araw-araw, tulad ng kalendaryo, orasan, alarmang orasan, radyo, at isang nakapaloob na kamera.

Ang iyong telepono ay sumusuporta rin sa mga sumusunod na function:

- Mga pinaghusay na daloy ng data para sa GSM evolution o Enhanced data rates for GSM evolution (EDGE). Tingnan ang "[Packet data \(EGPRS\)](#)", sa pahina 62.
- Extensible hypertext markup language (XHTML). Tingnan ang "[Web](#)", sa pahina 91.
- Pagmemensahe gamit ang tunog o audio messaging. Tingnan ang "[Nokia Xpress audio messaging o pagmemensahe gamit ang mga tunog](#)", sa pahina 36.
- Agad na pagmemensahe o instant messaging. Tingnan ang "[Mga agad na mensahe \(IM\)](#)", sa pahina 37.
- E-mail application. Tingnan ang "[E-mail application](#)", sa pahina 42.
- Push to talk. Tingnan ang "[Push to talk](#)", sa pahina 82.

- Mga kontak na pinaghusay ng presensya o presence-enhanced contacts. Tingnan ang "[Ang aking presence](#)", sa pahina 50.
- Java 2 Platform, Micro Edition (J2ME™). Tingnan ang "[Mga application](#)", sa pahina 79.
- Pagpapasabay at paglilipat ng file gamit ang PC Suite. Tingnan ang "[Nokia PC Suite](#)", sa pahina 101.

■ Access code, mga

Kodigo ng seguridad

Ang kodigo ng seguridad (5 hanggang 10 numero) ay tumutulong na protektahan ang iyong telepono laban sa di-awtorisadong paggamit.

Ang nakalagay nang code ay 12345. Upang baguhin ang code, at itakda ang telepono upang humiling ng code, tingnan ang "[Seguridad](#)", sa pahina 65.

PIN code, Mga

Ang kodigo ng personal identification number (PIN) at ang kodigo ng universal personal identification number (UPIN) (4 hanggang 8 na bilang) ay tumutulong upang maprotektahan ang iyong SIM card laban sa di-awtorisadong paggamit.

Tingnan ang "[Seguridad](#)", sa pahina 65.

Ang PIN 2 code (4 hanggang 4 na bilang) ay maaaring ibigay kasama ng SIM card at kinakailangan para sa ilang function.

Ang module PIN ay kinakailangan upang ma-access ang impormasyon sa security module. Tingnan ang "[Module ng seguridad](#)", sa pahina 97.

Ang pampirmang PIN ay kinakailangan para sa pirmang digital. Tingnan ang "[Pirmang digital](#)", sa pahina 98.

PUK code, Mga

Ang personal unblocking key (PUK) code at ang universal personal unblocking key (UPUK) code (may 8 na bilang) ay kinakailangan upang mapalitan ang isang hinahadlangan na PIN code at UPIN code, ayon sa pagkakabanggit. Ang PUK2 code (8 na bilang) ay kinakailangan upang baguhin ang hinadlangang PIN2 code. Kung ang mga code ay hindi ibinibigay kasama ng SIM card, makipag-ugnayan sa iyong lokal service provider para sa mga code.

Password ng paghadlang

Ang password ng paghadlang (4 na bilang) ay kinakailangan kapag gumagamit ng [Paghahadlang ng tawag na serbisyo](#). Tingnan ang "[Seguridad](#)", sa pahina 65.

■ Serbisyong pagtatakda ng pagsasaayos

Upang magamit ang ilan sa mga serbisyong pang-network, tulad ng mobile Internet services, MMS, Nokia Xpress audio messaging, o remote Internet server synchronization, kailangan ng iyong telepono ng mga wastong pagtatakda ng pagsasaayos o configuration settings. Maaari mong matanggap ang mga setting nang direkta bilang isang mensahe sa pagsasaayos. Matapos na matanggap ang mga pagtatakda ay kailangan mong mai-imbak ang mga ito sa iyong telepono. Ang service provider ay maaaring magdulot ng isang PIN na kinakailangan upang mai-imbak ang mga pagtatakda. Para sa karagdagan impormasyon ukol sa kakayahang makakuha, makipag-ugnayan sa iyong network operator, service provider, pinakamalapit na awtorisadong tagapagbenta ng Nokia, o bisitahin ang lugar sa pagsuporta sa Nokia Web site sa www.nokia-asia.com/support.

Kapag nakatanggap ka ng isang mensahe sa pagsasaayos o configuration message, ang [Sett. ng kumpig. natanggap](#) ay ipinapakita.

Upang i-save ang mga setting, piliin ang [lpakita](#) > [I-save](#). Kung hiningi ng telepono na [Ipasok setting ng PIN](#)., ipasok ang PIN code para sa mga

setting, at piliin ang **OK**. Upang matanggap ang PIN code, kontakin ang service provider na nagbibigay ng mga setting. Kung wala pang mga setting na naka-save, ang mga setting na ito ay tinitipon at inilalagay bilang mga default na setting sa pagsasaayos. Kung hindi man, tatanungin ng telepono kung *Isaaktibo ang mga nai-save na setting ng kumpigurasyon?*

Upang itapon ang mga natanggap na setting, piliin ang **Labas** o **Ipakita** > **Alisin**.

Upang baguhin ang mga setting, tingnan ang "[Kumpigurasyon o pagtatakda](#)", sa pahina 64.

■ Mag-download ng mga nilalaman at application

Maaari kang makapag-download ng mga bagong nilalaman (halimbawa, mga tema) papunta sa telepono (serbisyong pang-network). Piliin ang function sa pag-download (halimbawa, sa *Gallery* menu).

Upang mapuntahan ang function sa pag-download, tingnan ang kaukulang mga paglalarawan ng menu. Para sa kakayahang magamit ng iba-ibang serbisyo, mga presyo, at buwis, kontakin ang iyong service provider.



Mahalaga: Gamitin ang mga kagamitan lamang na pinagkakatiwalaan mo at nag-aalay ng sapat na seguridad at proteksyon laban sa nakakapinsalang software.

■ Impormasyon sa suporta ng at pagkontak sa Nokia

Para sa pinakabagong bersyon ng gabay na ito, mga pag-download, mga serbisyo at karagdagang impormasyon na patungkol sa iyong produktong Nokia, paki-bisita ang www.nokia-asia.com/6080/support o ang iyong lokal na web site ng Nokia.

Maaari kang makapag-download ng mga libreng pagtatakda ng pagsasaayos tulad ng MMS, GPRS, e-mail, at iba pang mga serbisyo para sa modelo ng iyong telepono sa www.nokia-asia.com/phonesettings.

Kung sakaling mangailangan ka pa din ng tulong, mangyaring sumangguni sa www.nokia-asia.com/contactus.

Upang suriin ang pinakamalapit na lugar ng Nokia care center para sa mga serbisyo sa pagkukumpuni, maaaring nais mong bisitahin ang www.nokia-asia.com/repair.

1. Pagsisimula

■ I-install ang SIM card at baterya

Laging patayin ang aparato at tanggalin ang charger bago alisin ang baterya.

Itago ang lahat ng maliliit na SIM card sa lugar na hindi maaabot ng maliliit na bata.


Para sa kakayahang magamit at impormasyon sa paggamit ng mga serbisyong nasa SIM card, makipag-ugnayan sa nagbenta sa iyo ng SIM card. Ito ay maaaring ang service provider, network operator, o ibang vendor.

Ang aparatong ito ay para gamitin sa pamamagitan ng BL-5B na baterya.

Ang SIM card at mga kontak ay madaling mapinsala sa pamamagitan ng mga gasgas o pagbalikuko, kaya mag-ingat kapag hinahawakan, pagpasok, o pagtanggap sa card.


Upang tanggalin ang pang-likod na takip ng telepono, pindutin ang pindutan sa pagpapakawala (1), at angatin ang pang-likod na takip (2).

Siguraduhin na ang ginintuang lugar ng dikitan ng SIM card ay nakadapa, at ilakip ang SIM card sa lalagyan ng SIM card hanggang sa maisalpak ito sa puwesto (3).




Ipasok ang baterya (4). Tiyakin ang mga dikitan ng baterya. Laging gagamit ng mga orihinal na Nokia na baterya. Tingnan ang ["Mga tagubilin sa pagpapatunay ng baterya ng Nokia"](#), sa pahina 105.

Ilapat ang tuktok ng pang-likod na takip sa tuktok ng telepono (5), at pindutin ang puwitan ng pang-likod na takip upang ikandado ito (6).



Upang alisin ang baterya, iangat ang bandang ibaba ng baterya palabas ng lalagyan nito (7).

Upang alisin ang SIM card, idiin ang pambukas ng SIM card (8), at padaudusin ang SIM card papunta sa tuktok ng telepono (9).



■ Pagkarga ng baterya



Babala: Gumamit lamang ng mga baterya, charger, at pagpapahusay na inaprobahan ng Nokia para gamitin sa mismong modelong ito. Ang paggamit ng ibang mga klase ay maaaring magpawalang-bisa sa anumang pag-apruba o garantiya, at maaaring maging mapanganib.


Tiyakin ang numero ng modelo ng anumang charger bago gamitin para sa aparatong ito. Ang aparatong ito ay nilalayong magamit nang may

koryeteng mula sa isang AC-3, AC-4, at na DC-4 charger, at mula sa isang LCH-9 charger kapag ginagamit ang CA-44 na charger adapter.

Para malaman kung makukuha ang inapubahang mga pagpapahusay, mangyaring magtanong sa iyong tagapagbenta.

Kapag tinatanggal mo ang kurdon ng koryente ng anumang pagpapahusay, mahigpit na hawakan at hilahin ang plug o saksakan, hindi ang kurdon.

1. Ikonekta ang charger sa isang saksakan.



2. Ikunekta ang tingga mula sa charger sa saksakan sa ilalim ng iyong telepono.

Kung ang baterya ay ganap na walang-laman, maaaring tumagal ng ilang minuto bago lumitaw ang tagapagpahiwatig ng pagkakarga sa display o bago makatawag.

Ang tagal ng panahon sa pagkakarga ay nakabatay sa charger at sa ginagamit na baterya. Halimbawa, ang pagkarga ng bateryang BL-5B sa pamamagitan ng AC-3 charger ay umaabot ng humigit-kumulang na

1 oras at 10 minuto habang ang telepono ay nasa standby mode.

■ Pagbukas at pagpatay ng telepono



Babala:

Huwag bubuksan ang telepono kapag ang paggamit ng wireless phone ay ipinagbabawal o kapag maaaring maging sanhi ng pagkagambala o panganib.



Upang buksan ang telepono, pindutin at idiin ang pindutan ng bukas/patay. Kung ang telepono ay humingi ng PIN code o UPIN code, ipasok ang code (ipinapakita bilang ****), at pindutin ang **OK**.

Upang patayin ang telepono, pindutin at idiin ang pindutan ng bukas/patay.

Itakda ang oras, time zone, at petsa


Ipasok ang lokal na oras, piliin ang time zone ng iyong kinalalagyan batay sa pagkakaiba ng oras kung ihahambing sa Greenwich Mean Time (GMT), at ipasok ang petsa. Tingnan ang **"Oras at petsa"**, sa pahina 59.

Serbisyong "plug and play"

Kapag ibinukas mo ang telepono sa kauna-unahang pagkakataon, at ang telepono ay nasa standby mode, hihilingin kang kunin ang mga configuration settings (pagtatakda ng pagsasaayos) mula sa iyong service provider (ito ay isang serbisyong pang-network). Kumpirmahin o tanggihan ang pagtatanong. Tingnan ang **"Kumunekta sa tagapaglin ng serb."**, sa pahina 64 at ang **"Serbisyong pagtatakda ng pagsasaayos"**, sa pahina 13.

■ Antenna


Ang iyong telepono ay may panloob na antenna.



Paalala: Katulad ng ibang aparato sa pagpapadala na gumagamit ng mga senyales ng radio, huwag hahawakan nang hindi kinakailangan ang antenna kapag ang telepono ay nakabukas. Ang pagsagi sa antenna ay nakakaapekto sa kalidad ng tawag at maaaring maging

dahilan upang ang aparato ay tumakbo sa antas ng lakas na mas mataas sa kailangan. Ang pag-iwas na masagi ang antenna habang ginagamit ang kagamitan ay nagpapataas ng pagganap ng antenna at ng buhay ng baterya.


■ Pang-pulso na purswelas



Upang kabitan ng purswelas sa ibaba ng telepono, buksan ang pang-likod na takip. Ipasok at itali ang tali sa kawit (1) tulad ng ipinapakita sa litrato. Panatilihin ang puwesto ng tali at isara ang pang-likod na takip (2).


2. Ang iyong telepono

■ Mga pindutan at piyesa




- Pindutan sa pagbukas/pagpatay o Power key (1)
- Earpiece (2)
- Loudspeaker (3)
- Display (4)
- Pindutan ng pagpapalakas ng tunog at ng push to talk (PTT) (5)
- Pindutan ng pagpapalakas ng tunog at pindutan sa pag-utos gamit ang boses (6)

- Infrared (IR) port (7)
- Gitnang pindutan sa pagpili (8)
- 4-na-direksyong navigation key o pindutan sa paglilipat-lipat (9)
- Kaliwang pindutan sa pagpili (10)
- Kanang pindutan ng pagpili (11)
- Pindutan ng tawag (12)
- Pindutan ng tapusin (13)
- Ang teklado, ay maaaring magbagong depende sa rehiyon (14)
- Kabitan ng charger (15)
- Mikropono (16)
- Kabitan ng Pop-Port™ (17)
- Lente ng kamera (18)



■ Standby mode



Kapag ang telepono ay handa nang gamitin, at wala pa kang naipapasok na anumang mga titik o letra o tanda, ang telepono ay nasa standby mode.

- 1 Pangalan ng network o ang operator logo
- 2 Lakas ng signal ng cellular network
- 3 Antas ng karga ng baterya
- 4 Kaliwang pindutan sa pagpili(**Punta**)
- 5 Gitnang pindutan sa pagpipili(**Menu**)
- 6 Kanang pindutan sa pagpipili(**Ngalan**)

Ang kanang pindutan sa pagpili ay maaaring isa pang shortcut papunta sa isang function na iyong pinili. Tingnan ang "**Mga shortcut ko**", sa pahina 58. Ang mga pagkakaiba-iba ng operator ay maaaring magkaroon ng pangalan na para mismo sa operator upang mapuntahan ang isang Web site na para mismo sa operator.

Pansariling listahan ng shortcut

Ang kaliwang pindutan ng pagpili ay para sa **Punta**. Upang tingnan ang mga function sa iyong pansariling listahan ng shortcut, piliin ang **Punta**.

Upang buhayin ang isang function ay piliin ito.

Upang maging matatagpuan ang isang listahan na may mga magagamit na function, piliin ang **Punta > Opsyon > Piliin opsyon**. Upang magdagdag ng function sa listahan ng shortcut, piliin ang **Mrkahan**. Upang tanggalin ang isang function mula sa listahan, piliin ang **I-unmrk**.

Upang muling ayusin ang mga pag-andar sa iyong pansariling listahan ng shortcut, piliin ang **Punta > Opsyon > I-organise**. Piliin ang nais na function at pindutin ang **Lipat**, at piliin kung saan mo gustong ilipat ang function.

Mga shortcut sa standby mode

- Upang mapuntahan ang listahan ng mga idinayal na numero, pindutin ang pindutan ng tawag nang isang beses. Upang matawagan ang numero, pumili ng isang numero o pangalan, at pindutin ang pindutan ng tawag.
- Upang mabuksan ang web browser, pindutin at idiin ang **0**.




- Upang matawagan ang iyong voice mailbox, pindutin at idiin ang 1.
- Gamitin ang pindutan sa paglilipat bilang isang shortcut. Tingnan ang "[Mga shortcut ko](#)", sa pahina 58.

Pagtipid ng lakas



Ang digital clock view ay umookupa sa display kapag walang function ng telepono na ginagamit sa isang partikular na panahon. Upang buhayin ang tipid-lakas, tingnan ang [Power saver](#) sa "[Display](#)", sa pahina 59. Upang patayin ang screen saver, pindutin ang anumang pindutan.

Mga tagapahiwatig

-  Mayroon kang mga mensaheng di pa nababasa.
-  Ang telepono ay nagtala ng isang di-nakuhang tawag. Tingnan ang "[Talaan](#)", sa pahina 56.
-  Ang keypad ng telepono ay nakakandado. Tingnan ang "[Keypad lock \(keyguard\)](#)", sa pahina 22.



Ang telepono ay hindi nagri-ring para sa isang papasok na tawag o text message kapag ang [Alerto ng papasok na tawag](#) at ang [Tono ng alerto ng mensahe](#) ay nakalagay sa [Sarado](#). Tingnan ang "[Mga tono](#)", sa pahina 57.



Ang orasang alarma ay nakalagay sa [Bukas](#). Tingnan ang "[Alarmang orasan](#)", sa pahina 73.





Kung ang mode ng koneksyon ng packet data connection na [Laging online](#) ay pinili, magagamit ang serbisyo ng packet data. Tingnan ang "[Packet data \(EGPRS\)](#)", sa pahina 62.



May itinataguyod na koneksyong packet data. Tingnan ang "[Packet data \(EGPRS\)](#)", sa pahina 62 at ang "[Magbasa ng mga pahina](#)", sa pahina 92.



Ang koneksyong packet data ay suspendido (pinapaghintay), halimbawa kung may papasok o papalabas na tawag sa isang koneksyong dial-up ng packet data.

-  Kapag ang infrared connection ay binuhay, ang tagapagpahiwatig ay patuloy na ipapakita.
-  Ang koneksyong push to talk ay aktibo o sinuspinde. Tingnan ang "[Push to talk](#)", sa pahina [82](#).

■ Keypad lock (keyguard)

Upang maiwasan na aksidenteng mapindot ang mga pindutan, piliin ang **Menu**, at pindutin ang * sa loob ng 3.5 segundo upang ikandado ang keypad.

Upang alisan ng kandado ang keypad, piliin ang **I-unlock**, at pindutin ang * sa loob ng 1.5 segundo. Kung ang *Keyguard ng seguridad* ay nakalagay sa *Bukas*, ipasok ang kodigo ng seguridad kung kinakailangan.

Upang sagutin ang isang tawag kapag ang keyguard ay nakabukas, pindutin ang pindutan ng tawag. Kapag tinapos mo o tinanggihan ang tawag, ang keypad ay awtomatikong magkakandado.

Para sa *Awtomatik na keyguard* at *Keyguard ng seguridad*, tingnan ang "[Telepono](#)", sa pahina [61](#).

Kapag ang keypad lock ay ginagamit, ang mga tawag ay maaaring posible sa opisyal na emergency number na nakaprograma sa iyong kagamitan.

3. Mga function ng tawag

■ Tumawag

1. Ipasok ang numero ng telepono, kasama ang area code.

Para sa mga tawag na pang-internasyonal, pindutin ang * nang dalawang beses para sa international prefix (ang + character ay pumapalit sa international access code) ipasok ang country code, ang area code na walang nauunang 0, kung kailangan, at ang numero ng telepono.

2. Upang tawagan ang numero, pindutin ang pindutan ng tawag.
3. Upang tapusin ang tawag, o kanselahin ang pagtatangkang tumawag, pindutin ang pindutan ng Tapusin.

Upang magsagawa ng isang tawag gamit ang mga pangalan, maghanap ng isang pangalan o numero ng telepono sa *Mga contact*. Tingnan ang "[Hanapin ang isang kontak](#)", sa pahina 48. Pindutin ang pindutan ng tawag upang tawagan ang numero.

Upang mapuntahan ang listahan na may hanggang 20 na numerong nai-dial, pindutin ang pindutan ng tawag nang isang beses sa standby mode. Upang matawagan ang numero,

pumili ng isang numero ng pangalan, at pindutin ang pindutan ng tawag.

Mabilisang pag-dial (speed dialling)

Pwede kang magtalaga ng isang numero ng telepono sa isa sa mga pindutan ng Bilis-dayal, mula sa 2 hanggang 9. Tingnan ang "[Mabibilis na pagdayal](#)", sa pahina 54. Tawagan ang numero sa alinman sa mga sumusunod na paraan:

- Pindutin ang pindutan para sa bilis-dayal, pagkatapos ay pindutin ang pindutan ng tawag.
- Kung ang *Bilis-dayal* ay nakalagay sa *Bukas*, pindutin nang matagal ang pindutan sa mabilisang pag-dial hanggang sa masimulan ang tawag. Tingnan ang *Bilis-dayal* sa "[Tawag](#)", sa pahina 60.

■ Sagutin o tanggihan ang isang tawag

Upang sagutin ang isang papasok na tawag, pindutin ang pindutan ng tawag. Upang tapusin ang tawag, pindutin ang pindutan ng tapusin.

Upang tanggihan ang papasok na tawag, pindutin ang pindutan ng tapusin.

Upang huwag patunugin ang tono ng ring, piliin ang **Pthimik**.



Payo: Kung ang *Ilipat kung busy* na function ay binuhay upang ilihis ang mga tawag, (halimbawa papunta sa iyong voice mailbox) ang pagtanggì sa papasok na tawag ay naglihihì din sa tawag. Tingnan ang **"Tawag"**, sa pahina 60.

Kung ang isang katugmang headset na may headset key ay nakakabit sa telepono, pwede mong sagutin at tapusin ang isang tawag sa pamamagitan ng pagpindot sa pindutan ng headset.

Naghihintay na tawag

Upang sagutin ang naghihintay na tawag habang may aktibong tawag, pindutin ang pindutan ng Tawag. Ang unang tawag ay pinapaghintay. Upang tapusin ang aktibong tawag, pindutin ang pindutan ng Tapusin.

Upang buhayin ang *Hintay tawag* na function, tingnan ang **"Tawag"**, sa pahina 60.

Mga opsyon habang nasa isang tawag



Babala: Huwag hahawakan ang kagamitan na malapit sa iyong tainga kapag ginagamit ang loudspeaker, dahil ang tunog ay maaaring sobrang malakas.

Marami sa mga opsyon na magagamit mo habang nasa isang tawag ay mga serbisyong network. Para sa availability o kakayahang makuha, makipag-ugnayan as iyong network operator o service provider.

Habang tumatawag, piliin ang **Opsyon** at pumili mula sa mga sumusunod na pagpipilian:

Ang mga pagpipilian sa tawag ay *I-mute* o *I-unmute*, *Mga contact*, *Menu*, *Awto vol. bukas* o *Awto vol. sarado*, *Rekord*, *I-lock keypad*, *Lawdspeaker*, o *Handset*.

Ang mga pagpipilian sa mga serbisyong pang-network ay *Sagutin* o *Tanggihan*, *Paghintayin* o *Ituloy*, *Bagong tawag*, *Idagdag sa kump.*, *Tapusin tawag*, *Tapusin lahat* at ang sumusunod:

Ipadala DTMF — upang maipadala ang mga pagkakasunod-sunod ng tono

Pagpalitin — upang lumipat sa pagitan ng aktibong tawag at pinapaghintay na tawag



Ilipat – upang maikonekta ang isang tawag na naghihintay sa isang aktibong tawag at alisin ang iyong sarili sa pagkakakonekta

Kumperensya – upang gumawa ng tawag na pang-kumperensya na nagpapahintulot ng hanggang limang tao na lumahok sa tawag na pang-kumperensya

Pribadong tawag – upang pribadong mag-usap habang may tawag na pang-kumperensya

4. Magsulat ng teksto

Pwede kang magpasok ng teksto, halimbawa, kapag nagsusulat ng mga mensahe, na ginagamit ang traditional o predictive text input (mapag-hulang pagpapasok ng teksto). Kapag gumagamit ng nakasanayang pagpapasok ng teksto, pindutin ang isang pindutan ng numero, **1** hanggang **9**, nang paulit-ulit hanggang ang nais na character ay lumitaw. Sa predictive text input ay pwede kang magpasok ng letra sa pamamagitan ng pagpindot sa isang pindutan.

Kapag nagsusulat ka ng text, ang mapaghulang pagpapasok ng teksto ay ipinapahiwatig ng  at ang nakasanayang pagpapasok ng teksto ay ipinapahiwatig ng  sa bandang itaas-kaliwa ng display. Ang **Abc**, **abc**, o **ABC** ay lilitaw katabi ng tagapagpahiwatig ng paglalagay ng teksto, ipinabatid ang laki ng mga titik.

Upang palitan ang laki ng titik at ang mode sa pagpapasok ng teksto, pindutin ang **#**. Ang **123** ay nagpapahiwatig ng mode ng numero. Upang lumipat mula sa mode ng titik patungo sa mode ng numero, pindutin at idiin nang matagal ang **#**, at piliin ang *Mode ng numero*. Upang maglakip

ng isang espesyal na character, pindutin at idiin ang *****.

■ Mga setting

Upang itakda ang wika sa pagsusulat habang nagsusulat ng teksto, piliin ang **Opsyon** > *Panulat na wika*. Ang mapaghulang pagpapasok ng teksto ay magagamit lamang para sa mga nakalistang wika.

Piliin ang **Opsyon** > *Prediction bukas* upang itakda ang mapaghulang pagpasok ng teksto o ang *Prediction sarado* upang itakda ang nakasanayang pagpapasok ng teksto.

■ Mapag-hulang pagpapasok ng teksto o Predictive text input

Ang predictive text input ay batay sa isang nakapaloob na diksyunaryo kung saan ay pwede ka ring magdagdag ng mga bagong salita.

1. Simulan ang pagsusulat ng salita na ginagamit ang mga pindutan ng **2** hanggang **9**. Pindutin ang bawat pindutan nang isang beses lamang para sa isang letra. Nagbabago ang salita pagkatapos ng bawat pagpindot sa pindutan.

2. Kapag tapos ka nang magsulat ng salita at ito ay wasto, upang kumpirmahin ito ay pindutin ang **O** upang magdagdag ng puwang, o mag-scroll papunta sa anumang direksyon. Pindutin ang isang pindutan sa paglilipat upang maiusog ang cursor.

Kung ang salita ay hindi wasto, pindutin ang * nang paulit-ulit, o piliin ang **Opsyon** > *Mga katugma*. Piliin ang tamang salita at **Gamitin**.

Kung ang ? na character ay ipinakita pagkalampas ng salita, ang salitang balak mong isulat ay wala sa diksyunaryo. Upang idagdag ang salita sa diksyunaryo, piliin ang **I-spell**. Ipasok ang salita (gamit ang nakasanayang pagpapasok ng teksto), at piliin ang **I-save**.

Upang magpasok ng full stop, pindutin ang **1**.

3. Simulang isulat ang susunod na salita.

Pagsusulat ng mga tambalang salita.

Ipasok ang unang bahagi ng salita, mag-scroll pakanan upang kumpirmahin ito. Isulat ang huling bahagi ng salita at kumpirmahin ang salita.

■ Nakasanayang pagpapasok ng teksto

Pindutin ang isang pindutan ng numero, **1** hanggang **9**, nang paulit-ulit hanggang lumitaw ang nais na character. Hindi lahat ng karakter na makukuha sa ilalim ng pindutan ng numero ay nakalimbag sa pindutan. Ang mga character na magagamit ay depende sa wikang pinili para sa pagsusulat. Tingnan ang "**Mga setting**", sa pahina **26**.

Kung ang kasunod na letrang gusto mo ay nasa pindutan na katulad ng kasalukuyan, maghintay hanggang ang cursor ay lumitaw, o saglit na pindutin ang alinman sa navigation keys at ipasok ang letra.

Ang pinakakaraniwang mga pananda o punctuation marks at mga espesyal na karakter ay magagamit sa ilalim ng pindutan ng numero na **1**.

5. Pumunta sa mga menu

Ang telepono ay nag-aalay sa iyo ng maraming mga function, na nakagrupa sa mga menu.

1. Upang mapuntahan ang menu, piliin ang **Menu**. Upang palitan ang pagtanaw ng menu, piliin ang **Opsyon** > *Unang menu view* > *Lista o Grid*.
2. Mag-scroll sa loob ng menu, at pumili ng submenu (halimbawa, *Mga setting*).
3. Kung ang menu ay naglalaman ng mga submenu, piliin ang isang gusto mo, (halimbawa *Tawag*).
4. Kung ang piniling menu ay naglalaman ng mga karagdagang submenu, piliin ang gusto mo, halimbawa, *Anumang key sa pagsagot*.
5. Piliin ang setting na gusto mo.
6. Upang bumalik sa naunang antas ng menu, piliin ang **Balik**. Upang lumabas ng menu, piliin ang **Labas**.

6. Mga mensahe



Ang mga serbisyong pang-mensahe ay maaari lamang magamit kapag ang mga ito ay suportado ng iyong network o ng iyong service provider.



Paalala: Kapag nagpapadala ng mga mensahe, ang iyong aparato ay maaaring magpakita ng mga salitang *Mensahe naipadala na*. Ito ay nagpapatid na ang mensahe ay naipadala na ng iyong aparato sa message centre number na nakaprograma sa iyong aparato. Hindi ito isang pahiwatig na ang mensahe ay natanggap na sa hinahangad na patutunguhan. Para sa karagdagang mga detalye tungkol sa mga serbisyong pagmemensahe, itanong sa iyong service provider.



Mahalaga: Mag-ingat sa pagbubukas ng mga mensahe. Ang mga e-mail ay maaaring nagtataglay ng malisyosong software o makakapinsala sa iyong kagamitan o PC. Tanging ang mga aparatong na

nagtataglay ng mga katugmang katangian ang puwedeng tumanggap at magpakita ng mga mensahe. Ang anyo ng isang mensahe ay maaaring iba depende sa aparatong tumatanggap.

■ Mga tekstong mensahe o text message (SMS)

Sa pamamagitan ng short message service (SMS) ang iyong telepono ay puwedeng magpadala at tumanggap ng maraming-bahaging mensahe na binubuo ng maraming karaniwang text message (network service) na makakapaglaman ng mga larawan.

Bago ka makapagpadala ng anumang text message, mensaheng, larawan, o mensaheng e-mail, kailangan mong i-save ang iyong message center number. Tingnan ang "[Mga setting ng mensahe](#)", sa pahina 45.

Upang malaman ang kakayahang magamit ang serbisyong SMS e-mail at upang mag-subscribe sa serbisyo, kontakin ang iyong service provider.

Ang iyong aparato ay sumusuporta sa pagpapadala ng mga text message na

higit sa limitasyon sa karakter para sa isang mensahe. Ang mas mahahabang mensahe ay ipapadala bilang isang serye ng dalawa o higit na mensahe. Ang iyong service provider ay maaaring gumawa ng angkop na singil. Ang mga karakter na gumagamit ng mga accent at ibang mga marka, at mga karakter mula sa ilang opsyon na wika tulad ng Chinese, ay kumukuha ng mas maraming espasyo na naglilimita sa bilang mga karakter na maipapadala sa isang mensahe.



Magsulat at magpadala ng mensaheng SMS

1. Piliin ang **Menu** > **Pagmensahe** > **Gumawa ng mensahe** > **Mensahe teksto**.
2. Ipasok ang iyong mensahe. Tingnan ang "**Magsulat ng teksto**", sa pahina 26. Sa tuktok ng display, sinusubaybayan ng tagapahiwatig ng haba ng mensahe ang bilang ng mga magagamit na character. Hailmbawa, ang 10/2 ay nangangahulugan na makakadagdag ka pa ng 10 character para maipadala ang text bilang dalawang mga mensahe. Upang magpasok ng mga hulma ng teksto o isang larawan sa mensahe, tingnan ang "**Mga template o hulma**", sa pahina 31. Ang bawat larawang mensahe ay naglalaman ng maraming text message.


Ang pagpapadala ng isang larawang mensahe o mensaheng may maraming bahagi ay maaaring magkahalaga ng mas malaki kaysa sa pagpapadala ng isang text message.

3. Upang maipadala ang mensahe, piliin ang **Ipadala** > **Kailan lang ginamit**, **Sa numero ng tel.**, **Sa marami**, o **Sa e-mail address**. Upang magpadala ng mensahe gamit ang isang dati nang tinukoy na profile ng mensahe, piliin ang **Sa prof. ng padala**. Para sa profile ng mensahe, tingnan ang "**Text at SMS e-mail**", sa pahina 45. Piliin o ipasok ang numero ng telepono o e-mail address, o pumili ng profile.

Basahin at sagutin ang isang mensaheng SMS

Ang  ay ipapakita kapag nakatanggap ka ng mensahe o e-mail na gumagamit ng SMS. Ang kumukurap na  ay nagpapatid na puno na ang memorya ng mensahe. Bago ka makatanggap ng isang bagong mensahe, tanggalin ang ilan sa iyong mga lumang mensahe sa folder ng **Inbox**.



1. Upang tingnan ang naghihintay na mensahe, piliin ang **Ipakita**. Upang makita ito sa ibang pagkakaton, piliin ang **Labas**.

Upang basahin ang mensahe sa ibang pagkakataon, piliin ang **Menu** > *Pagmensahe* > *Inbox*. Kung higit sa isang mensahe ang natanggap, piliin ang mensahe na gusto mong basahin. Ang  ay nagpapabatid ng mensaheng hindi pa nababasa.

2. Kapag nagbabasa ng isang mensahe, piliin ang **Opsyon** upang mabura o maipasa ang mensahe; baguhin ang mensahe bilang isang text message o isang e-mail na gumagamit ng SMS, palitan ang pangalan ng mensahe na iyong binabasa, o ilipat ito sa iba pang folder, o tingnan o kunin ang mga detalye ng mensahe. Puwede mo ring kopyahin ang teksto mula sa simula ng mensahe patungo sa kalendaryo ng iyong telepono bilang isang note ng paalaala. Upang i-imbak ang litrato sa folder ng *Mga template* habang ng isang picture message, piliin ang *I-save larawan*.
3. Upang tumugon sa isang mensahe, piliin ang **Sagutin** > *Mensahe teksto*, *Mensahe multimed*, *Mensaheng flash*, o *Mensaheng audio*. Ipasok ang mensahe sa pagtugon. Kapag tumutugon sa isang e-mail, kumpirmahin muna o baguhin ang e-mail address at ang paksa.

4. Upang ipadala ang mensahe sa ipinakitang numero, piliin ang **Ipadala** > **OK**.

Mga template o hulma

Ang iyong telepono ay may mga template o hulma ng teksto  at larawan  na maaari mong magamit sa teksto sa sa mga mensahe ng e-mail na gumagamit ng SMS.

Upang mapuntahan ang listahan ng template, piliin ang **Menu** > *Pagmensahe* > *Nai-save na bagay* > *Tekstong msg* > *Mga template*.

■ Mga mensaheng multimedia (MMS)

Ang mensaheng multimedia ay pwedeng maglaman ng teskto, tunog, larawan, calendar note, business card, o video clip. Kung ang mensahe ay napakalaki, maaaring hindi ito matanggap ng telepono. May mga network na nagpapahintulot ng mga text message na kabilang ang Internet address kung saan pwede mong makita ang mensaheng multimedia.

Hindi ka pwedeng tumanggap ng mga mensaheng multimedia habang nasa isang tawag, laro, ibang aplikasyong Java, o sa isang aktibong pagbabasa sa GSM data. Dahil ang paghahatid ng mga mensaheng multimedia ay maaaring hindi magawa dahil sa iba-ibang dahilan, huwag umasa

lamang sa mga ito para sa mahahalagang pakikipagtalastasan.

Magsulat at magpadala ng isang MMS

Upang itakda ang mga setting na kailangan para sa pagmemensaheng multimedia, tingnan ang "[Multimedia](#)", sa pahina 45. Para malaman ang kakayahang magamit at upang mag-subscribe sa multimedia messaging service, kontakin ang iyong service provider.

Ang mga proteksiyon ng copyright ay maaaring pumigil sa ilang imahe, musika (kabilang ang mga tono ng pag-ring) at ibang nilalaman na makopya, mabago, mailipat o maipasa.

1. Piliin ang **Menu** > **Pagmensahe** > **Gumawa ng mensahe** > **Mensahe multimed**.
2. Ipasok ang iyong mensahe. Tingnan ang "[Magsulat ng teksto](#)", sa pahina 26.

Upang maglakip ng isang file, piliin ang **Opsyon** > **Ipasok** at pumili mula sa mga sumusunod na pagpipilian:

Imahe, **Sound clip** o **Video clip** — upang magpasok ng file mula sa **Gallery**

Bagong imahe — upang kumuha ng isang bagong miahe na idadagdag sa mensahe

Bagong sound clip — upang magsagawa ng bagong pag-rekord na idadagdag sa mensahe


Business card o **Tala ng kalend**. — upang maglakip ng isang business card o magpasok ng tala ng kalendaryo sa mensahe

Slide — upang maglakip ng isang slide sa mensahe. Ang iyong telepono ay sumusuporta sa mga mensaheng multimedia na naglalaman ng maraming pahina (slides). Ang bawat slide ay pwedeng maglaman ng teksto, isang imahe, isang calendar note, isang business card, at isang sound clip. Upang buksan ang nais na slide kung ang mensahe ay naglalaman ng maraming slide, piliin ang **Opsyon** > **Nakaraang slide**, **Sunod na slide** o **Lista ng slide**. Upang i-set ang patlang sa pagitan ng mga slide, piliin ang **Opsyon** > **Timing ng slide**. Upang ilipat ang tekstong bahagi sa ibabaw o ilalim ng mensahe, piliin ang **Opsyon** > **Teksto sa una** o **Teksto sa huli**.

Ang mga sumusunod na opsyon ay maaari ring makuha: **Tanggalin** upang burahin ang isang imahe, slide o clip ng tunog mula sa mensahe, **I-clear teksto**, **Tingnan muna**, o **I-save mensahe**. Sa **Iba pang opsyon** ang mga sumusunod na opsyon ay maaaring makuha:

Ipasok contact, Numero ipasok, Detalye ng msg, at I-edit paksa.

- Upang maipadala ang mensahe, piliin ang **Ipadala** > *Kailan lang ginamit, Sa numero ng tel., Sa e-mail address, o Sa marami.*
- Piliin ang kontak mula sa listahan, o ipasok ang numero ng telepono o e-mail address ng tatanggap, o hanapin ito mula sa *Mga contact*. Piliin ang **OK**. Ang mensahe ay inilipat sa *Outbox* na folder upang maipadala.

Habang ipinadadala ang mensaheng multimedia, ang gumagalaw na tagapagpahiwatig  ay ipinapakita at puwede mong gamitin ang ibang functions ng telepono. Kung ang pagpapadala ay mabigo, ilang beses na tatangkain ng telepono na muli itong ipadala. Kung hindi nagawa ang pagpapadala, ang mensahe ay mananatili sa folder ng *Outbox* at maaari mo itong subukang ipadala muli mamaya.



Kapag pinili mo ang *I-save napadala mensahe* > *Oo*, ang naipadalang mensahe ay ini-imbak sa *Npadalang bagay* na folder. Tingnan ang **"Multimedia"**, sa pahina 45. Kapag ipinadala ang mensahe, ito ay hindi isang pahiwatig na ang mensahe na


natanggap na sa hangad na patutunguhan.

Basahin at sagutin ang isang mensaheng MMS



Mahalaga: Mag-ingat sa pagbubukas ng mga mensahe. Ang mga e-mail ay maaaring nagtataglay ng malisyosong software o makakapinsala sa iyong kagamitan o PC.

Kapag ang iyong telepono ay tumatanggap ng mensaheng multimedia, ang gumagalaw na  ay ipapakita. Kapag natanggap na ang mensahe, ang  at ang tekstong *Mensaheng multimedia natanggap* ay ipapakita.


- Upang tingnan ang naghihintay na mensahe, piliin ang **Ipakita**. Upang makita ito sa ibang pagkakataon, piliin ang **Labas**. Upang basahin ang mensahe sa ibang pagkakataon, piliin ang **Menu** > *Pagmensahe* > *Inbox*. Sa listahan ng mga mensahe, ang  ay nagpapabatid ng mensaheng hindi pa nababasa. Piliin ang mensahe na nais mong tingnan.
- Ang function ng gitnang pindutan sa pagpili ay nagbabago alinsunod sa kasalukuyang ipinapakitang kalakip sa mensahe.


Upang matanggap ang buong mensahe kapag ang natanggap na mensahe ay naglalaman ng isang pagtatanghal, isang clip ng tunog, o tingnan ang isang clip ng video, piliin ang **I-play**.

Piliin ang **Opsyon** upang mapuntahan ang *Mga attachment* (halimbawa, isang business card) at ang *Mga bagay* (halimbawa, mga imahe).

3. Upang tumugon sa mensahe, piliin ang **Opsyon** > *Sagutin* > *Mensahe teksto*, *Mensahe multimed*, *Mensaheng flash*, o ang *Mensaheng audio*. Isulat ang sagot na mensahe, at piliin ang **Ipadala**.
Piliin ang **Opsyon** upang mapuntahan ang mga magagamit na pagpipilian.

■ Memorya ay puno na

Kapag nakatanggap ka ng isang bagong text message at puno na ang memorya ng mensahe, kukurap ang  at ang *Memorya msg. teksto puno. Tanggalin msg.* ay ipinapakita. Piliin ang **Hindi**, at burahin ang ilang mga mensahe mula sa isang folder. Upang itapon ang naghihintay na mensahe, piliin ang **Labas** > at **Oo**.
Kapag mayroon kang mensaheng multimedia na naghihintay at ang memorya para sa mga mensahe ay

puno na, ang  ay kukurap at ang *Multim. memorya puno. Tingnan hinihintay msg.* ay ipapakita. Upang tingnan ang naghihintay na mensahe, piliin ang **Ipakita**. Bago mo maii-imbak ang naghihintay na mensahe, burahin ang mga lumang mensahe upang mabakante ang puwang sa memorya. Upang mai-imbak ang mensahe piliin ang **I-save**. Upang itapon ang naghihintay na mensahe, piliin ang **Labas** at > **Oo**. Kung pinili mo ang **Hindi**, puwede mong tingnan ang mensahe.


■ Mga folder

Tinitipon ng telepono ang natanggap na mga text message at mga mensaheng multimedia sa *Inbox* na folder.

Ang mga mensaheng multimedia na hindi naipapadala ay inililipat sa *Outbox* na folder.

Kapag pinili mo ang *Mga setting ng mensahe* > *Tekstong msg* > *I-save naipada-lang mensahe* > **Oo**, at ang *Mga setting ng mensahe* > *Mga MMS* > *I-save napadala mensahe* > **Oo**, ang mga naipadalang mensahe ay iniimbak sa folder ng *Mga napadalang bagay*.

Upang i-save ang text message na isinusulat mo at nais ipadala sa ibang pagkakataon sa *Nai-save na bagay* na folder, piliin ang **Opsyon** > *I-save*

mensahe > *Nai-save mensahe*. Para sa mga mensaheng multimedia, piliin ang opsyon na *I-save mensahe*. Ang  ay nagpapahiwatig na may di-naipadalang mga mensahe.

Upang isaayos ang iyong mga text message, pwede mong ilipat ang ilan sa mga ito sa *Mga folder ko*, o idagdag ang mga bagong folder para sa iyong mga mensahe. Piliin ang *Pagmensahe* > *Nai-save na bagay* > *Tekstong msgs* > *Mga folder ko*.

Upang magdagdag ng folder, piliin ang **Opsyon** > *Folder idagdag*. Kung wala kang natitipong mga folder, piliin ang **Idagdag**.

Upang tanggalin o palitan ng pangalan ang isang folder, o mag-scroll sa nais na folder, at piliin ang **Opsyon** > *Folder tanggalin* o *I-rename folder*.

■ Mga Postcard

Gamit ang serbisyo ng pagmemensahe ng postcard ay maaari kang bumuo at magpadala ng mga postcard na maaaring maglaman ng isang imahe at ng isang teksto sa pagbati.

Ang postcard ay ipinapadala sa service provider gamit ang mensaheng multimedia. Ipinalilimbag ng service provider ang post card, at ipinapadala ito sa postal address na ibinigay kasama ang mensahe. Ang serbisyong multimedia na pagmemensahe ay

kailangang munang buhayin bago magamit ang serbisyong ito.

Bago mo magamit ang serbisyo sa postcard, dapat kang mag-subscribe sa serbisyo. Upang alamin ang kakayahang makakuha at mga halaga, at upang mag-subscribe sa serbisyo, makipag-ugnayan sa iyong network operator o service provider. Ang tampok na ito ay maaaring hindi magamit, depende sa iyong telepono.

Magpadala ng postcard

Piliin ang **Menu** > *Pagmensahe* > *Mensahe gumawa* > *Postcard*. Mag-scroll papunta sa mga patlang ng editor, at piliin ang **Sumulat** upang ipasok ang pangalan at postal address ng tatanggap; pagkatapos ay isulat ang iyong teksto sa pagbati. Piliin ang **Ipasok** > *Buksan Gallery* upang maglakip ng imahe mula sa *Gallery* o *Bagong imahe* upang maglakip ng isang kamakailan-lamang na litrato. Piliin ang **Opsyon** upang makita ang mga magagamit na opsyon. Upang maipadala ang postcard, piliin ang pindutang may-larawan, o piliin ang **Opsyon** > *Ipadala*.

■ Mga mensaheng flash

Ang mga mensaheng flash ay mga mensaheng teksto na agarang

ipinapakita matapos ang pagkatanggap.

Magsulat ng isang mensaheng flash

Piliin ang **Menu** > *Pagmensahe* > *Mensahe gumawa* > *Mensaheng flash*.

Isulat ang iyong mensahe.

Ang pinakamahabang haba ng isang mensahe flash ay 70 characters.

Upang maglakip ng isang kumukurap-kurap na teksto sa mensahe, piliin ang

Opsyon > *Ipasok blink kar*. upang maitakda ang isang tagamarka.

Ang teksto sa pagkalampas ng tagamarka ay kukurap-kurap hanggang sa may mailakip na ikalawang tagamarka.

Tumanggap ng isang mensaheng flash

Hindi awtomatikong ini-imbak ang natanggap na mensaheng flash.

Upang basahin ang mensahe, piliin ang **Basahin**. Upang kunin ang mga numero ng telepono, e-mail address, at Web site address mula sa kasalukuyang mensahe, piliin ang

Opsyon > *Detalye gamitin*.

Upang mai-imbak ang mensahe, piliin ang **I-save** at ang folder kung saan mo nais na mai-imbak ang mensahe.

■ Nokia Xpress audio messaging o pagmemensahe gamit ang mga tunog

Sa pamamagitan ng menu nito, gamitin ang serbisyo ng mensaheng multimedia at magpadala ng isang voice message sa isang maginhawang paraan. Ang serbisyong multimedia na pagmemensahe ay kailangang buhayin bago magamit ang serbisyong ito.

Bumuo at magpadala ng isang mensaheng audio

1. Pindutin ang **Menu** > *Pagmensahe* > *Mensahe gumawa* > *Mensaheng audio*.
Bubukas ang recorder.
Upang magamit ang recorder, tingnan ang "**Rekorder o taga-rekord**", sa pahina 71.
2. Kapag handa nang maipadala ang mensahe, piliin ang **Opsyon** > *I-play* upang tiyakin ang mensahe bago magpadala, *Palitan tunog clip* upang ulitin ang pag-rekord, *I-save mensahe* (to *Nai-save na bagay*), *I-save sound clip* upang i-imbak ang pag-rekord sa *Gallery*, *I-edit paksa* upang maglakip ng paksa sa mensahe, *Detalye ng msg* upang tingnan ang mga detalye ng mensahe, o *Lawdspeaker o Handset*.

3. Upang maipadala ang mensahe, piliin ang **lpadala** > *Kailan lang ginamit, Sa numero ng tel., Sa e-mail address, o Sa marami.* Depende sa iyong operator, maaaring may iba pang mga opsyon.
4. Piliin ang kontak mula sa listahan, o ipasok ang numero ng telepono o e-mail address ng tatanggap, o hanapin ito mula sa *Mga contact.* Piliin ang **OK**, at ang mensahe ay ililipat sa *Outbox* folder para sa pagpapadala.

Tumanggap ng mensaheng audio

Kapag ang iyong telepono ay tumatanggap ng isang mensaheng audio, ang *1 mensaheng audio natanggap* ay ipinapakita. Piliin ang **lpakita** upang buksan ang mensahe o piliin ang **lpakita** > **l-play** kung mayroong higit sa isang mensaheng natanggap. Piliin ang **Opsyon** upang makita ang mga magagamit na opsyon. Upang pakinggan ang piniling inirekord, piliin ang **Labas.** Upang mai-imbak ang mensahe, piliin ang **Opsyon** > *l-save sound clip* at ang folder kung saan mo nais na mai-imbak ang mensahe.

■ Mga agad na mensahe (IM)

Ang Instant messaging (serbisyong pang-network) ay isang paraan upang magpadala ng mga maiikli, simpleng mga text message sa mga online na gumagamit.

Bago mo magamit ang agad na pagmemensahe, dapat kang mag-subscribe sa serbisyo. Upang alamin ang kakayahang makuha mga singil, at upang mag-subscribe sa serbisyo, kontakin ang iyong network operator o service provider, mula kung saan tumanggap ka rin ng iyong walang-katulad na ID, password at mga setting.

Upang itakda ang kinakailangang mga pagtatakda para sa serbisyong agad na pagmemensahe, tingnan ang *Setting ng kun.* sa "**Mag-access sa menu ng pitaka**", sa pahina 38. Ang mga icon at teksto sa display ay maaaring mag-iba, depende sa serbisyong agad na pagmemensahe.

Depende sa network, ang aktibong pag-uusap na pagmemensahe ay maaaring kumunsumo ng baterya ng telepono nang mas mabilis at maaaring kailanganin mong ikabit ang telepono sa isang charger.

Mag-access sa menu ng pitaka

Upang mapuntahan ang menu habang offline pa, piliin ang **Menu** > *Pagmensahe* > *Mga instant na mensahe*. Kung higit sa isang set ng setting ng koneksyon para sa serbisyong agad na pagmemensahe ang maaaring magamit, piliin ang nais na set. Kung isa lamang ang nilinaw na pangkat, ito ay awtomatikong pinipili.

Ang mga sumusunod na pagpipilian ay ipapakita:

Piliin ang *Login* — upang kumonekta sa serbisyo ng instant na mensahe

Nai-save na kumb. — upang matingnan, mabura o mapalitan ang pangalan ng mga pag-uusap sa instant na mensahe na iyong nai-imbak sa session ng instant na mensahe

Setting ng kun. — upang baguhin ang mga setting na kinakailangan para sa pagmemensahe at koneksyong "presence"

Kumonekta sa serbisyong IM





Upang kumonekta sa serbisyong mga agad na mensahe, ipasok ang *Mga instant na mensahe* na menu, buhayin ang serbisyo ng instant mensahe at piliin ang *Login*. Kapag ang telepono ay nakakonekta, ang *Nakalog in* ay ipapakita.


Upang kumalas mula sa serbisyong agad na pagmemensahe, piliin ang *Logout*.

Umpisahan ang isang IM session

Pumasok sa *Instant na msg.* na menu at kumonekta sa serbisyo. Umpisahan ang serbisyo sa maraming paraan.

- Piliin ang *Kumbersasyon* upang tingnan ang listahan ng mga bago at nabasang mensahe o paanyaya sa mga agad na mensahe habang nasa isang aktibong sesyon ng mga agad na mensahe. Mag-scroll sa mensahe o imbitasyon na gusto mo at pindutin ang **Buksan** upang basahin ang mensahe.





Ang  ay nagpapahiwatig ng mga bago at ang  ay ang mga nabasang mensaheng pang-pangkat. Ang  ay nagpapahiwatig ng mga bago at ang  ay ang mga nabasang instant na mensahe.

Ang  ipinababati ng mga paanyaya.

Ang mga icon at teksto sa display ay maaaring mag-iba, depende sa serbisyong agad na pagmemensahe.

- Piliin ang *Mga IM contact* upang matingnan ang mga kontak na idinagdag mo. Mag-scroll sa

kontak na gusto mong makipag-chat at pindutin ang **Chat** o pindutin ang **Buksan** kung ang bagong kontak ay ipinakita sa listahan. Upang magdagdag ng mga kontak, tingnan ang "**Mga kontak para sa IM**", sa pahina 41.

Ang  ay nagpapabatid ng online at ang  ay ang mga offline na kontak sa memorya ng mga kontak ng telepono. Ang  ay nagpapabatid ng isang hinarangang kontak. Ang  ay nagpapabatid ng kontak na pinadalhan ng isang bagong mensahe.

- Piliin ang **Mga grupo > Publikong grupo** upang maipakita ang listahan ng mga bookmark o tanda sa mga publikong grupo na inihahatid ng operator ng network. Upang simulan ang isang sesyon ng mga agad na mensahe, mag-scroll sa isang grupo at pindutin ang **Sumali**. Ipasok ang screen name na gusto mong gamitin sa pakikipag-usap. Kapag matagumpay ka nang nakasali ka sa isang pang-grupong pakikipag-usap, pwede kang magsimula ng isang pang-grupong pakikipag-usap. Upang lumikha ng isang pribadong grupo, tingnan ang "**Mga grupo**", sa pahina 41.
- Piliin ang **Hanapin > Mga gumagamit** o **Mga grupo** upang

maghanap ng ibang mga gumagamit ng agad na pagmemensahe o mga pampublikong grupo sa network batay sa numero ng telepono, screen name, e-mail address, o pangalan. Kapag pinili mo ang **Mga grupo**, maaari kang maghanap ng isang kasapi sa grupo o ayon sa pangalan ng grupo, paksa o ID. Upang simulan ang pakikipag-usap kapag natagpuan mo na ang gumagamit o grupo na nais mo, piliin ang **Opsyon > Chat** o **Sumali sa grupo**. Upang simulan ang isang pakikipag-usap mula sa **Mga contact**, tingnan ang "**Tingnan ang mga naka-subscribe na ngalan**", sa pahina 52.

Tanggapin o tanggihan ang isang pag-anyaya

Sa standby mode, kapag nakakunekta ka sa serbisyong agad na pagmemensahe at nakatanggap ka ng isang bagong pag-anyaya, ang **Bagong imbitasyon natanggap** ay ipapakita. Upang basahin ito, piliin ang **Basahin**. Kung higit sa isang paanyaya ang natanggap, mag-scroll sa isang paanyaya, at piliin ang **Buksan**. Upang salihan ang mga pribadong pag-uusap ng grupo, piliin ang **Tanggap.**, at ipasok ang screen name; o upang tanggihan o burahin ang pag-anyaya,

piliin ang **Opsyon** > *Tanggihan* o *Tanggalin*.

Basahin ang natanggap na agad na mensahe

Sa standby mode, kapag nakakunekta ka sa serbisyong agad na pagmemensahe at nakatanggap ka ng isang bagong mensahe na hindi isang mensaheng kaugnay ng isang aktibong pakikipag-usap, ang *Bagong instant na mensahe* ay ipapakita. Upang basahin ito, piliin ang **Basahin**.

Kapag nakatanggap ka ng higit sa isang mensahe, mag-scroll sa mensahe, at piliin ang **Buksan**.

Ang mga bagong mensaheng natanggap habang nasa isang aktibong pakikipag-usap ay pinamamalagi sa *Mga instant na mensahe* > *Kumbersasyon*. Kung nakatanggap ka ng isang mensahe mula sa isang taong wala sa *Mga IM contact*, ang ID ng nagpadala ay ipapakita. Upang mag-save ng isang bagong kontak na wala sa memorya ng telepono, piliin ang **Opsyon** > *I-save contact*.

Lumahok sa isang pakikipag-usap

Upang salihan o umpisahan ang isang session sa agarang pagmemensahe, piliin ang **Sumulat**. Isulat ang iyong mensahe, at upang ipadala ito, piliin


ang *Ipadala*, o pindutin ang pindutan ng tawag. Piliin ang **Opsyon** upang mapuntahan ang mga magagamit na opsyon. *Tingnan kumb., I-save contact, Miyembro ng grp., I-block contact, Tapusin kumb.*


I-edit ang iyong katayuan sa pagkakaroon

1. Buksan ang *Mga instant na mensahe* na menu, at kumunekta sa serbisyong agad na pagmemensahe.
2. Upang tingnan at i-edit ang impormasyon tungkol sa iyong availability/pagkakaroon o di kaya'y ang iyong screen name, piliin ang *Mga setting*.
3. Upang ipahintulot sa lahat ng ibang mga gumagamit ng agad na pagmemensahe na makita na ikaw ay online, piliin ang *Availability* > *Handa sa lahat*.

Upang ipahintulot sa mga kontak lamang sa iyong listahan ng kontak para sa agad na pagmemensahe na makita na ikaw ay online, piliin ang *Availability* > *Handa sa contact*.

Upang lumitaw na offline, piliin ang *Availability* > *Labas na offline*.

Kapag ikaw ay nakakunekta sa serbisyong agad na pagmemensahe, ang  ay nagpapabatid na ikaw ay

online at ang  na ikaw ay makikita ng ibang mga tao.

Mga kontak para sa IM

Upang magdagdag ng mga kontak sa listahan ng mga kontak ng mga agad na mensahe, kumunekta sa serbisyo at piliin ang *Mga IM contact*. Upang magdagdag ng isang kontak sa listahan, piliin ang **Opsyon** > *Idagdag contact*, o kung wala kang idinagdag na mga kontak, piliin ang **Idagdag**. Piliin ang *Ipasok ID manwal, Hanapin sa server, Kopyahin sa serv.*, o *Sa no. ng mobile*.

Mag-scroll sa isang kontak, at upang simulan ang isang pakikipag-usap, piliin ang **Chat** o **Opsyon** > *Contact info, I-block contact* o *I-unblock contact, Idagdag contact, Alisin contact, Palitan ang lista, Kopyahin server*, o *Availability alerta*.

Harangan at alisan ng harang ang mga mensahe

Upang harangan ang mga mensahe, kumunekta sa serbisyong agad na pagmemensahe, at piliin ang *Kumbersasyon* > *Mga IM contact*, o sumali sa isang pag-uusap o simulan ang isang pag-uusap. Mag-scroll sa kontak mula kung saan gusto mong harangan ang mga papasok na mensahe, piliin ang **Opsyon** > *I-block contact* > **OK**.

Upang alisan ng harang ang mga mensahe, kumunekta sa serbisyong mga agad na mensahe at piliin ang *Lista ng naharang*. Mag-scroll sa kontak na gusto mong alisan ng harang ang mga mensahe, at piliin ang *I-unblk.*

Mga grupo

Pwede kang lumikha ng sarili mong mga pribadong grupo para sa isang pakikipag-usap na agad na pagmemensahe, o gamitin ang mga pampublikong grupo na ipinagkakaloob ng service provider. Ang mga pribadong grupo ay lumilitaw lamang habang may pakikipag-usap sa agad na pagmemensahe. Ang mga grupo ay ini-imbak sa server ng service provider. Kung ang server na naka-log ka ay hindi sumusuporta sa mga serbisyo ng grupo lahat ng menu na may kinalaman sa grupo ay pinadidilim.

Mga pampublikong grupo

Pwede mong lagyan ng bookmark ang mga pampublikong grupo na maaaring pamalagiin ng iyong service provider. Kumunekta sa serbisyong agad na pagmemensahe, at piliin ang *Publikong grupo*. Mag-scroll sa grupo na gusto mong makipag-chat, at piliin ang **Sumali**. Kung ikaw ay wala sa grupo, isulat ang iyong screen name bilang iyong palayaw para sa grupo.

Upang tanggalin ang isang grupo mula sa iyong listahan ng grupo, piliin ang **Opsyon** > *Tanggalin grupo*.

Upang hanapin ang isang grupo, piliin ang *Mga grupo* > *Publikong grupo* > *Hanapin grupo*. Pwede kang maghanap ng isang grupo batay sa isang miyembro ng grupo o pangalan ng grupo, paksa, o ID.

Mga pribadong grupo

Kumunekta sa serbisyong agad na pagmemensahe, at piliin ang *Mga grupo* > *Gumawa ng grupo*. Ipasok ang pangalan para sa grupo at ang screen name na gusto mong gamitin. Markahan ang mga kasapi ng pribadong grupo sa listahan ng mga kontak, at isulat ang isang pag-anyaya.

■ E-mail application

Ang e-mail application ay nagbibigay-daán sa iyo upang mapuntahan mo ang iyong mga bumabagay na e-mail account mula sa iyong telepono habang ikaw ay wala sa opisina o sa bahay. Ang e-mail application na ito ay iba sa SMS at MMS na e-mail function.

Ang iyong telepono ay sumusuporta sa mga e-mail server na POP3 at IMAP4. Bago ka makapagpadala at makatanggap ng mga e-mail, maaaring kailangan mong gawin ang mga sumusunod:

- Kumuha ng isang bagong e-mail account o gamitin ang kasalukuyang account. Para sa kakayahang makuha ang iyong e-mail account kontakin ang iyong e-mail service provider.
- Para sa settings na kinakailangan para sa e-mail, kontakin ang iyong e-mail service provider. Maaari kang tumanggap ng mga setting ng pagsasaayos ng e-mail bilang isang mensahe sa pagsasaayos. Tingnan ang *"Serbisyong pagtatakda ng pagsasaayos"*, sa pahina 13. Pwede mo ring maipasok nang mano-mano ang mga setting. Tingnan ang *"Kumpigurasyon o pagtatakda"*, sa pahina 64.

Upang buhayin ang mga setting ng e-mail setting, piliin ang **Menu** > *Pagmensahe* > *Mga setting ng mensahe* > *Mensaheng e-mail*. Tingnan ang *"E-mail"*, sa pahina 46.

Ang application na ito ay hindi sumusuporta sa tono ng pindutan o keypad tones.

Isulat at ipadala ang e-mail

1. Piliin ang **Menu** > *Pagmensahe* > *E-mail* > *Gumawa e-mail*.

2. Ipasok ang e-mail address ng tatanggap, isang paksa at ang mensaheng e-mail.

Upang maglakip ng file sa e-mail, piliin ang **Opsyon** > *I-attach* at isang nais na file mula sa *Gallery*.

3. Piliin ang *Ipadala* > *Ipadala na ngayon*.


Mag-download ng e-mail

1. Upang mapuntahan ang e-mail application, piliin ang **Menu** > *Pagmensahe* > *E-mail*.
2. Upang mag-download ng mga mensaheng e-mail na naipadala na sa iyong e-mail account, piliin ang *Kunin*.

Upang mag-download ng bagong mga mensaheng e-mail at upang magpadala ng mga email na tinipon sa *Outbox* na folder, piliin ang **Opsyon** > *Kunin at ipadala*.

Upang i-download muna ang mga ulo ng bagong e-mail messages na ipinadala sa iyong e-mail account, piliin ang **Opsyon** > *Check bago e-mail*. Pagkatapos, upang i-download ang mga piniling e-mail, markahan ang mga nais na e-mail, at piliin ang **Opsyon** > *Kunin*

3. Piliin ang bagong mensahe sa *Inbox*. Upang makita ito sa ibang pagkakaton, piliin ang **Balik**. Ang

 ay nagpapahiwatig ng isang di-nabasang mensahe.

Basahin at sagutin ang e-mail



Mahalaga: Mag-ingat sa pagbubukas ng mga mensahe. Ang mga mensahe e-mail ay maaaring nagtataglay ng mga bayrus o makakapinsala sa iyong kagamitan o PC.

Piliin ang **Menu** > *Pagmensahe* > *E-mail* > *Inbox* at ang nais na mensahe. Habang binabasa ang mensahe, piliin ang **Opsyon** upang makita ang mga magagamit na opsyon.

Upang sumagot sa isang e-mail, piliin ang **Sagutin** > *Blankong screen* o *Orihinal na teksto*. Upang sumagot sa marami, piliin ang **Opsyon** > *Sagutin lahat*. Kumpirmahin o i-edit ang e-mail address at paksa, at saka isulat ang iyong sagot. Upang ipadala ang mensahe, piliin ang **Ipadala** > *Ipadala na ngayon*.

Inbox at Ibang mga folder

Ang iyong telepono ay nagtitipon ng e-mail na kinuha mo mula sa iyong e-mail account sa *Inbox* na folder. Ang *Ibang folder* ay naglalaman ng mga sumusunod na folder: *Mga draft* para sa pag-save ng e-mail na hindi pa natatapos, *Archive* para sa

pag-organisa at pag-save ng iyong e-mail, *Outbox* para sa pag-save ng e-mail na hindi pa naipapadala, at *Napadalang item* para sa pag-save ng e-mail na naipadala na.

Upang pamahalaan ang mga folder at ang nilalamang e-mail ng mga ito, piliin ang **Opsyon** > *Pamahala folder*.

Tanggalin ang e-mail messages

Piliin ang **Menu** > *Pagmensahe* > *E-mail* > **Opsyon** > *Pamahala folder* at ang nais na folder. Markahan ang mensahe na nais mong mabura. Upang burahin ang mga ito, piliin ang **Opsyon** > *Tanggalin*. Ang pagtanggal ng e-mail mula sa iyong telepono ay hindi nagtatanggal nito mula sa e-mail server. Upang maitakda ang telepono upang mabura din ang e-mail mula sa e-mail server, piliin ang **Menu** > *Pagmensahe* > *E-mail* > **Opsyon** > *Ekstrang setting* > *Mag-iwan ng kopya:* > *Tanggalin msg*.

■ Mga pang-bose na mensahe

Ang voice mailbox ay isang network service at maaaring kailanganin mong mag-subscribe rito. Para sa mga detalye, kontakin ang iyong service provider.

Upang tawagan ang iyong voice mailbox, piliin ang **Menu** >

Pagmensahe > *Mga boses na mensahe* > *Makinig sa mga boses na mensahe*. Upang ipasok, hanapin, o i-edit ang iyong voice mailbox number, piliin ang *Numero ng boses mailbox*. Kung sinusupportahan ng network, ang **OO** ay nagpapabatid ng mga bagong voice message. Pindutin ang **Makinig** upang tawagan ang inyong voice mailbox number.

■ Mga impormasyong mensahe

Pilin ang **Menu** > *Pagmensahe* > *Mga mensaheng impo*. Sa pamamagitan ng *Mga mensaheng impo* na serbisyong pang-network, pwede kang tumanggap ng mga mensahe sa iba-ibang paksa mula sa iyong service provider. Upang alamin ang kakayahang magamit, mga paksa at ang mga kaugnay na numero ng paksa, kontakin ang iyong service provider.

■ Mga utos na pang-serbisyo

Piliin ang **Menu** > *Pagmensahe* > *Mga service command*. Isulat at ipadala ang mga hiling na serbisyo (kilala rin bilang USSD commands) tulad ng mga utos sa pagpapabuhay para sa network services, sa iyong service provider.

■ Tanggalin ang mga mensahe

Upang tanggalin ang lahat ng mensahe mula sa isang folder, piliin ang **Menu** > *Pagmensahe* > *Tanggalin mensahe* at ang folder mula kung saan gusto mong tanggalin ang mga mensahe. Piliin ang *Oo*, at kung ang folder ay naglalaman ng mga hindi pa nababasang mensahe, ang telepono ay magtatanong kung gusto mong tanggalin din ang mga ito. Piliin ang *Oo* muli.

■ Mga setting ng mensahe

Text at SMS e-mail

Ang mga setting ng mensahe ay nakakaapekto sa pagpapadala, pagtanggap, at pagtingin sa mga mensahe.

Piliin ang **Menu** > *Pagmensahe* > *Mga setting ng mensahe* > *Tekstong msgs* at pumili mula sa mga sumusunod na pagpipilian:

Profile ipinapadala — Kung higit sa isang message profile set ang sinusuportahan ng iyong SIM card, piliin ang set na gusto mong baguhin. Ang mga sumusunod na opsyon ay maaaring makuha: *Numero ng mensahe sentro* (inihatid mula sa iyong service provider), *Mensahe ay ipinadala sa, Bisa ng mensahe, Default*

numero ng tatanggap (mga text message) o *Server ng e-mail* (e-mail), *Mga ulat ng pag-deliver, Gamitin ang packet data, Sagutin sa parehong sentro* (serbisyong network), at *I-rename profile ng pagpapadala*.

I-save naipada-lang mensahe > *Oo* — Upang i-set ang telepono para i-save ang mga naipadalang text message mula sa *Npadalang bagay* na folder.

Awtomatikong pagpapadala uli > *Bukas* — Awtomatikong sinusubukan ng telepono na muling magpadala ng text message, kung nabigo ang pagpapadala.

Multimedia

Ang mga setting ng mensahe ay nakakaapekto sa pagpapadala, pagtanggap, at pagtingin sa mga mensaheng multimedia.

Piliin ang **Menu** > *Pagmensahe* > *Mga setting ng mensahe* > *Mga MMS* at pumili mula sa mga sumusunod na pagpipilian:

I-save napadala mensahe > *Oo* — upang i-set ang telepono upang i-save ang mga mensaheng multimedia sa *Npadalang bagay* na folder.

Mga ulat ng pag-deliver — upang hingin sa network na magpadala ng mga ulat ng paghahatid tungkol sa iyong mga mensahe (serbisyong network).

Default timing ng slide — upang linawin ang default na panahon sa pagitan ng mga slide sa mga mensaheng multimedia.

Payagan pagtang-gap ng multimedia > Oo o Hindi — upang matanggap o harangan ang mensaheng multimedia. Kung pinili mo ang *Sa home network*, hindi ka makakatanggap ng mga mensaheng multimedia kapag nasa labas ng iyong home network.

Papasok na MMS > Kunin, Kunin ng manwal, o Tanggihan — upang payagan ang awtomatikong pagtanggap ng mga mensaheng multimedia, mano-mano matapos na masenyasan, o tanggihan ang pagtanggap

Mga setting ng kumpigurasyon > Kumpigurasyon — tanging ang mga configuration o pagsasaayos na sumusuporta sa multimedia na pagmemensahe ang siyang ipinapakita. Pumili ng service provider, *Default*, o *Personal kumpig*. para sa pagmemensaheng multimedia. Piliin ang *Account* at piliin ang account ng serbisyong pagmemensaheng multimedia na nasa mga aktibong setting ng pagsasaayos.

Payagan adverts — upang tanggapin o tanggihan ang mga anunsiyo. Ang setting na ito ay hindi ipinapakita

kung ang *Payagan pagtang-gap ng multimedia* ay naka-set sa *Hindi*.

E-mail

Ang settings ay nakakaapekto sa pagpapadala, pagtanggap at pagtingin sa mga mensahe.

Maaari kang tumanggap ng pagtatakda ng pagsasaayos para sa e-mail application bilang isang mensahe sa pagsasaayos.

Tingnan ang "[Serbisyong pagtatakda ng pagsasaayos](#)", sa pahina 13.

Pwede mo ring maipasok nang mano-mano ang mga setting.

Tingnan ang "[Kumpigurasyon o pagtatakda](#)", sa pahina 64.

Upang buhayin ang mga setting para sa e-mail application, piliin ang

Menu > Pagmensahe > Mga setting ng mensahe > Mensaheng e-mail at pumili mula sa mga sumusunod na pagpipilian:

Kumpigurasyon — Piliin ang set na gusto mong buhayin.

Account — Piliin ang account na ipinagkakaloob ng service provider.

Pangalan ko — Ipasok ang iyong pangalan o palayaw.

E-mail address — Ipasok ang e-mail address.

Isama ang lagda — Maaari mong tukuyin ang isang pirma na awtomatikong idaragdag sa dulo ng

Iyong e-mail kapag nagsusulat ka ng mensahe.

Sagot-sa address — Ipasok ang e-mail address kung saan gusto mong ipadala ang mga sagot.

SMTP pangalan ng gumagamit — Ipasok ang pangalan na gusto mong gamitin para sa mga palabas na mail.

SMTP password — Ipasok ang password na gusto mong gamitin para sa mga palabas na mail.

Piliin ang *Ipakita ang terminal na window* — Piliin ang *Oo* upang magsagawa ng mga mano-mano na pagpapatunay ng gumagamit (user authentication) para sa mga koneksyong intranet.

Papasok uri ng server — Piliin ang *POP3* o *IMAP4*, depende sa uri ng sistema ng e-mail na iyong ginagamit. Kung sinusuportahan ang parehong uri, piliin ang *IMAP4*.

Mga setting ng papasok na mail — Pumili ng mga magagamit na opsyon para sa *POP3* o *IMAP4*.

Font size and smileys

Piliin ang **Menu** > *Pagmensahe* > *Mga setting ng mensahe* > *Ibang settings*. Upang baguhin ang sukat ng font para sa pagbabasa at pagsusulat ng mga mensahe, piliin ang *Laki ng font*. Upang palitan ang mga smiley na binuo ng mga character at gamitin ang mga

smiley na larawan, piliin ang *Graphical smileys* > *Oo*.

■ Tagabilang ng mensahe


Piliin ang **Menu** > *Pagmensahe* > *Bilang ng msg.* para sa tinatayang impormasyon ukol sa iyong mga kamakailan-lamang na pakikipag-usap.

7. Mga Kontak



Maaari kang mag-imbak ng mga pangalan at numero ng telepono (*Mga contact*) sa memorya ng telepono at sa memorya ng SIM card.

Ang memorya ng telepono ay maaaring makapag-imbak ng mga kontak na may mga numero at bagay na teksto. Puwede ka ring mag-save ng imahe para sa isang partikular na bilang ng mga pangalan.

Ang mga pangalan at numerong naka-save sa memorya ng SIM card ay ipinabatid ng .

■ Hanapin ang isang kontak

Piliin ang **Menu** > *Mga contact* > *Mga pangalan*. Magpalipat-lipat sa listahan ng mga kontak, o ipasok ang unang titik para sa ngalan na iyong hinahanap.

■ I-save ang mga pangalan at numero ng telepono


Ang mga pangalan at numero ay tinitipon sa ginamit na memorya.

Piliin ang **Menu** > *Mga contact* > *Mga pangalan* > **Opsyon** > *Idagdag*

contact. Ipasok ang pangalan at numero ng telepono.

■ I-save ang mga numero, aytem o isang imahe

Sa memorya ng telepono para sa mga kontak puwede kang mag-save ng iba-ibang uri ng numero ng telepono, at maiikling tekstong aytem kada pangalan.

Ang unang numero na iyong awtomatikong ii-imbak ay itinatakdang bilang siyang default na numero. Ito ay ipinapahiwatig ng isang kuwadro sa paligid ng tagapagpahiwatig ng uri ng numero (halimbawa, ). Kapag pumili ka ng pangalan mula sa mga kontak, halimbawa, upang tumawag, ang default number ay ginagamit maliban kung pumili ka ng ibang numero.

1. Siguraduhin na ang memoryang ginagamit ay *Telepono* o *Telepono at SIM*. Tingnan ang "**Mga setting**", sa pahina52.

- Mag-scroll sa pangalan na nais mong dagdagan ng isang bagong numero o aytem ng teksto, at piliin ang **Detalye** > **Opsyon** > *Idagdag detalye*.

- Upang magdagdag ng numero, piliin ang *Numero* at isang uri ng numero.

Upang magdagdag ng isa pang detalye, pumili ng isang uri ng teksto, o isang imahe mula sa *Gallery*.

Upang maghanap ng ID mula sa server ng iyong service provider kung kumunekta ka sa serbisyo ng presence, piliin ang *ID ng mgagamit* > *Hanapin*. Tingnan ang "*Ang aking presence*",

sa pahina 50. Kung iisang ID lamang ang natagpuan, ito ay awtomatikong ini-imbak. Kung hindi, upang i-save ang ID, piliin ang **Opsyon** > *I-save*.

Upang ipasok ang ID, piliin ang *Ipasok ID manwal*.

- Ipasok ang numero o tekstong aytem, at upang i-save ito, piliin ang **OK**.
- Upang bumalik sa standby mode, piliin ang **Balik** > **Labas**.

■ Kopyahin ang mga kontak

Hanapin ang kontak na gusto mong kopyahin, at piliin ang **Opsyon** > *Kopyahin*. Pwede mong kopyahin ang mga pangalan at numero ng telepono mula sa memorya ng telepono patungo sa memorya ng iyong SIM card, o vice versa. Ang memorya ng SIM card ay pwedeng mag-save ng mga pangalan na may isang numero ng telepono na kakabit ng mga ito.

■ Baguhin ang mga detalye ng kontak

- Hanapin ang kontak na gusto mong i-edit, piliin ang **Detalye**, at mag-scroll sa nais na pangalan, numero, tekstong aytem, o imahe.
- Upang i-edit ang isang pangalan, numero, o tekstong aytem, o upang baguhin ang imahe, piliin ang **Opsyon** > *I-edit pangalan, I-edit ang numero, Detalye i-edit, o Palitan ang imahe*.

Upang baguhin ang uri ng numero, mag-scroll sa nais na numero, at piliin ang **Opsyon** > *Palitan uri*. Upang i-set ang piniling numero bilang default na numero, piliin ang *Itakda na default*.

Hindi mong pwedeng i-edit ang ID kapag ito ay nasa *Mga IM contact* o nasa *Nasubscribe na pangalan* na listahan.

■ Burahin ang mga kontak o ang mga detalye ng kontak

Upang tanggalin ang lahat ng kontak at mga detalyeng kalakip ng mga ito mula sa telepono o memorya ng SIM card, piliin ang **Menu** > *Mga contact* > *Tanggalin contact* > *Sa mem. ng tel.* o *Mula sa SIM card*. Kumpirmahin sa pamamagitan ng code ng seguridad.

Upang tanggalin ang isang kontak, hanapin ang nais na kontak, at piliin ang **Opsyon** > *Tanggalin contact*.

Upang tanggalin ang isang numero, tekstong aytem, o imahe na kakabit ng kontak, hanapin ang kontak, at piliin ang **Detalye**. Mag-scroll sa nais na detalye, at piliin ang **Opsyon** > *Tanggalin* > *Tanggalin numero*, *Tanggalin detalye*, o *Tanggalin imahe*.

Ang pagtanggal ng imahe mula sa mga kontak ay hindi nagtatanggal nito mula sa *Gallery*.

■ Mga Business card

Pwede kang magpadala at tumanggap ng impormasyon tungkol sa kontak ng tao mula sa isang katugmang kagamitan na sumusuporta sa vCard standard bilang isang business card.

Upang magpadala ng isang business card, hanapin ang kontak na may impormasyon na nais mong ipadala, at piliin ang **Detalye** > **Opsyon** > *Ipadala bus. card* > *Sa multimedia*, *Sa msg. teksto*, o *Sa infrared*.

Kapag nakatanggap ka ng business card, piliin ang **Ipakita** > at **I-save** upang i-save ang business card sa memorya ng telepono. Upang itapon ang business card, piliin ang **Labas** > **Oo**.

■ Ang aking presence

Gamit ang presence service (serbisyong pang-network) ay maaari mong maibahagi ang iyong katayuan ng presence sa iba pang mga user na may mga kaugnay na aparato at may kakayahan na magamit ang serbisyo. Kabilang sa katayuan ng presence ang iyong availabilitiy o kakayahang makausap, mensahe ng kalagayan at personal logo. Ang ibang mga gumagamit na may access sa serbisyo at humiling ng impormasyon tungkol sa iyo ay makikita ang iyong kalagayan. Ang hiniling na impormasyon ay ipapakita sa *Nasubscribe na pangalan* sa menu ng *Mga contact* ng mga tumitingin.

Pwede mong iangkop sa gusto mo ang impormasyon na gusto mong ibahagi sa ibang mga tao at kontrolin kung sino ang pwedeng makikita ng iyong kalagayan.

Bago mo magamit ang presence, dapat kang mag-subscribe sa serbisyo. Upang alamin ang availability at mga halaga, at upang mag-subscribe sa serbisyo, kontakin ang iyong network operator o service provider, mula kung saan tumanggap ka rin ng iyong walang-katulad na ID at password at ng settings para sa serbisyo.

Tingnan ang "[Kumpigurasyon o pagtatakda](#)", sa pahina 64.

Habang nakakunekta sa presence service, pwede mong gamitin ang ibang mga function ng telepono, at ang presence service ay aktibo sa background. Kung dumiskunekta ka mula sa serbisyo, ang iyong presence status ay ipapakita para sa isang partikular na panahon para sa mga tumitingin, depende sa service provider.

Piliin ang **Menu** > *Mga contact* > *Presensya ko* at piliin mula sa mga sumusunod na pagpipilian:

Ikunekta sa 'Pre-sence ko' serbisyo o *Magdiskunekta mula sa serbisyo* upang kumunekta o kumalas mula sa serbisyo.

Tingnan ang presensya ko – upang tingnan ang katayuan sa *Pribado presen.* at *Publiko presen.*

I-edit ang presensya ko upang baguhin ang inyong katayuan ng presence. Piliin ang *Availability ko, Mensaheng*

presensya ko, Logo ng presensya ko, o Ipakita sa.

Mga manonood ko > *Kas. manonood, Pribadong lista, o Naharang lista*

Mga setting > *Ipakita kslukuyan pres. sa standby, Sasabay sa mga profile, Uri ng kuneksyon, o Mga setting ng presensya*

■ Mga naka-subscribe na pangalan

Pwede kang lumikha ng isang listahan ng mga kontak na ang presence status information ay gusto mong malaman. Pwede mong lamang tingnan ang impormasyon kung ito ay ipinahihintulot ng iyong kontak o ng network. Pwede kang tumingin sa mga pangalang may suskrisyon, mag-scroll sa mga kontak o gamitin ang *Nasubscribe na pangalan* na menu.

Siguraduhin na ang memoryang ginagamit ay *Telepono* o *Telepono at SIM*. Tingnan ang "[Mga setting](#)",, pahina 52.

Upang kumunekta sa serbisyo ng Presence, piliin ang **Menu** > *Mga contact* > *Presensya ko* > *Ikunekta sa 'Pre-sence ko' serbisyo.*

Magdagdag ng mga kontak sa mga naka-subscribe na ngalan

1. Piliin ang **Menu** > *Mga contact* > *Nasubscribe na pangalan*.
2. Kung wala kang mga kontak sa iyong listahan, piliin ang **Idagdag**. Kung mayroon, piliin ang **Opsyon** > *I-subscribe bago*. Ang listahan ng mga kontak ay ipapakita.
3. Pumili ng isang kontak mula sa listahan at kung ang kontak ay may user ID na naka-save, ang kontak ay idaragdag sa listahan ng mga naka-subscribe na ngalan.




Tingnan ang mga naka-subscribe na ngalan

Upang matingnan ang impormasyon ukol sa presence, tingnan ang **"Hanapin ang isang kontak"**, sa pahina 48.


1. Piliin ang **Menu** > *Mga contact* > *Nasubscribe na pangalan*.

Ang impormasyon tungkol sa katayuan ng unang kontak sa listahan ng mga pangalang may suskrisyon ay ipapakita.

Ang impormasyong gustong ibigay ng tao sa iba ay maaaring kabilang ang teksto at ilan sa mga sumusunod na icon:

Ang ,  o  ay nagpapabatid na ang tao ay magagamit, hindi

makikita ng iba, o hindi magagamit.

Ang  ay nagpapabatid na ang impormasyon ukol sa presence ng tao ay hindi makukuha.

2. Piliin ang **Detalye** upang matingnan ang mga detalye ng piniling kontak; o piliin ang **Opsyon** > *I-subscribe bago*, *Chat*, *Mensahe ipadala*, *Ipadala bus. card*, o *Di-magsubscribe*.

Alisin ang suskrisyon ng isang kontak

Upang alisin ang pagkaka-subscribe ng isang kontak mula sa *Mga contact* na listahan, piliin ang kontak at **Detalye** > ang user ID > **Opsyon** > *Di-magsubscribe* > **OK**.

Upang alisin ang pagkaka-subscribe, gamitin ang **Nasubscribe na pangalan** na menu. Tingnan ang **"Tingnan ang mga naka-subscribe na ngalan"**, sa pahina 52.

■ Mga setting

Piliin ang **Menu** > *Mga contact* > *Mga setting* at pumili mula sa mga sumusunod na pagpipilian:

Memorya na ginagamit — upang piliin ang SIM card o memorya ng telepono para sa iyong mga kontak. Piliin ang *Telepono at SIM* upang palitawin ang mga pangalan at numero para sa

parehong mga memorya. Kapag ganito, kapag nag-save ka ng mga pangalan at numero, ang mga ito ay titipunin sa memorya ng telepono.

View ng Mga contact — upang piliin kung paano ang mga pangalan at numero sa mga kontak ay ipinapakita.

Status ng memorya — upang tingnan ang libre pa at nagamit nang kapasidad ng memorya.

■ Mga grupo

Piliin ang **Menu** > *Mga contact* > *Mga grupo* upang ayusin ang mga pangalan at numero ng telepono na tinipon sa memorya sa mga grupo ng tumatawag na may iba-ibang tono ng ring at mga imahe ng grupo.

■ Boses na pagdayal

Pwede kang tumawag sa pamamagitan ng pagsasabi ng voice tag na idinagdag sa numero ng telepono. Anumang binigkas na mga salita, tulad ng isang pangalan, ay puwedeng maging voice tag. Ang bilang ng tag ng boses na malilikha mo ay limitado.

Bago gamitin ang mga voice tag, tandaan na:

- Ang mga voice tag ay hindi nakadepende sa wika. Nakadepende ang mga ito sa boses ng nagsalita.

- Dapat mong sabihin ang pangalan sa paraang katulad na katulad nang irekord mo ito.
- Ang mga voice tag ay sensitibo sa ingay sa background. Magrekord ng mga voice tag at gamitin ang mga ito sa tahimik na kapaligiran.
- Ang lubhang maiikling pangalan ay hindi tinatanggap. Gumamit ng mahahabang pangalan at iwasan ang magkakatulad na pangalan para sa magkakaibang numero.



Paalala: Ang paggamit ng voice tags ay maaaring mahirap sa isang maingay na kapaligiran o sa isang emergency, kaya hindi ka dapat umasa lamang sa boses na pagdayal sa lahat ng pagkakataon.

Magdagdag ng voice tags at pamahalaan ang mga ito

I-imbak o kopyahin sa memorya ng telepono ang mga kontak na gusto mong dagdagan ng voice tag.

Maaari ka ring magdagdag ng mga voice tag sa mga pangalan sa SIM card, pero kung papalitan mo ng bago ang iyong SIM card, kailangan munang tanggalin mo ang mga lumang voice tag bago ka makakapagdagdag ng mga bago.

1. Hanapin ang kontak na gusto mong dagdagan ng voice tag.
2. Piliin ang **Detalye**, mag-scroll sa nais na numero ng telepono, at piliin ang **Opsyon** > *Idagdag boses tg.*
3. Piliin ang **Simulan**, at sabihin nang malinaw ang mga salitang gusto ninyong irekord bilang voice tag. Pagkatapos ng pagrekord, iparirinig ng telepono ang inirekord na tag.
☎ ay lumilitaw pagkalampas ng numero ng telepono na may voice tag sa *Mga contact.*

Upang alamin ang voice tags, piliin ang **Menu** > *Mga contact* > *Mga boses na tag*. Mag-scroll sa kontak na may voice tag na gusto mo, at piliin ang opsyon na pakinggan, tanggalin o baguhin ang nakarekord na voice tag.

Magasagawa ng tawag gamit ang isang tag ng boses

Kung ang telepono ay may application na tumatakbo na nagpapadala o tumatanggap ng data na gumagamit ng GPRS connection, dapat mong tapusin ang application bago gawin ang boses na pagdayal.

1. Sa standby mode, pindutin nang matagal ang volume down key. Isang maikling tone ang maririnig,

at ang *Magsalita na ngayon* ay ipapakita.

2. Sabihin nang malinaw ang voice tag. Iparirinig ng telepono ang nakilalang voice tag, at saka idadayal ang numero ng telepono ng voice tag pagkaraan ng 1.5 na segundo.

Kung gumagamit ka ng isang katugmang headset na may headset key, pindutin nang matagal ang headset key upang simulan ang boses na pagdayal.

■ Mabililis na pagdayal

Upang magtalaga ng numero sa isang pindutan ng speed-dialing, piliin ang **Menu** > *Mga contact* > *Mga speed dial*, at mag-scroll sa numero ng speed-dialling na gusto mo.

Piliin ang *Italaga*, o kung ang numero ay itinalaga na sa pindutan, piliin ang **Opsyon** > *Palitan*. Piliin ang **Hanapin**, ang pangalan, pagkatapos ay ang numero na nais mong ilaan. Kung ang *Bilis-dayal* function ay sarado, itatanong ng telepono kung gusto mong isaaktibo ito. Tingnan din ang *Bilis-dayal* sa "**Tawag**", sa pahina 60.

Upang tumawag na ginagamit ang mga pindutan ng bilis-dayal, tingnan ang "**Mabilisang pag-dial (speed dialling)**", sa pahina 23.

■ Mga numerong pang-impormasyon, pang-serbisyo at aking numero

Piliin ang **Menu** > *Mga contact* at pumili mula sa mga sumusunod na pagpipilian:

Mga info ng numero – upang tawagan ang mga numero para sa impormasyon ng inyong service provider kung ang mga numero ay kasama sa inyong SIM card (serbisyong pang-network).

Mga numero ng serbisyo – upang tawagan ang service numbers ng iyong service provider kung ang mga numero ay kasama sa iyong SIM card (serbisyong pang-network).

Sariling numero – upang tingnan ang mga numerong nakatalaga sa inyong SIM card. Ipinapakita lamang kung ang mga numero ay kasama sa inyong SIM card.

8. Talaan



Ang telepono ay nagtatala ng mga numero ng telepono ng di-nakuha, natanggap, at idinayal na mga tawag, at ng humigit-kumulang na tagal ng iyong mga tawag. Piliin ang **Menu** > *Log*.

Ang telepono ay nagrerehistro kung ito ay nakabukas at nasa loob ng lugar ng serbisyo ng network, at ang network ay sumusuporta sa mga function na ito.

■ Mga listahan ng mga pinakahuling tawag

Kapag pinili mo ang **Opsyon** sa menu ng *Di-nasagot na tawag*, *Natanggap na tawag*, *Mga idinayal na numero*, o *Mga tatanggap ng msg*. maaari mong tingnan ang oras ng tawag; baguhin, tingnan, o tawagan ang nakatalang numero ng telepono; idagdag ito sa memorya, o tanggalin ito mula sa listahan. Puwede ka ring magpadala ng tekstong mensahe. Upang tanggalin ang mga listahan ng mga pinakahuling tawag, piliin ang **Menu** > *Log* > *I-clear mga lista ng log*.

■ Mga tagabilang at taga-oras



Paalala: Ang aktwal na mga singil para sa mga tawag at serbisyo mula sa iyong service provider ay maaaring mag-iba, depende sa mga katangian ng network, rounding-off para sa pagsingil, mga buwis at iba pa.

Ang ilang mga taga-oras, kabilang ang taga-oras ng buhay, ay maaaring mai-reset habang nagsasagawa ng pagkukumpuni o pag-iibayo ng software.

Piliin ang **Menu** > *Log* > *Durasyon ng tawag*, *Counter ng packet data*, o *Kunek. pack. data timer* para sa tinatanyang impormasyon ukol sa iyong kamakailan-lamang na pakikipag-usap.

9. Mga setting



■ Mga profile

Ang iyong telepono ay may iba-ibang grupo ng setting, tinatawag na mga profile, na pwede mong iangkop ang mga tono ng telepono para sa magkakaibang kaganapan at kapaligiran.

Piliin ang **Menu** > *Mga setting* > *Mga profile*. Mag-scroll sa isang profile, at piliin ito.

Upang buhayin ang piniling profile, piliin ang *Isaaktibo*.

Upang i-set ang profile upang maging aktibo hanggang sa isang partikular na oras na hanggang 24 na oras, piliin ang *Inorasan*, at i-set ang oras na ang setting ng profile ay dapat matapos.

Kapag ang oras upang i-set ang profile ay natapos, ang dating profile na hindi inorasan ay magiging aktibo.

Upang iangkop sa gusto ang profile, piliin ang *I-personalise*. Piliin ang setting na gusto mong baguhin, at gawin ang mga pagbabago. Upang baguhin ang impormasyon tungkol sa kalagayan ng iyong presence piliin ang *Presensya ko* > *Availability ko* o *Mensaheng presensya ko*. Ang *Presensya ko* na menu is magagamit kung inilagay mo ang *Sasabay sa mga*

profile sa *Bukas*. Tingnan ang "*Ang aking presence*", sa pahina 50.

■ Mga tema

Ang tema ay naglalaman ng maraming elemento para sa pag-aangkop ng iyong telepono sa iyong gusto, tulad ng wallpaper, screen saver, kulay at rininging tone.

Piliin ang **Menu** > *Mga setting* > *Mga tema* at pumili mula sa mga sumusunod na pagpipilian:

Piliin tema — upang itakda ang tema sa iyong telepono. Ang isang listahan ng mga folder sa *Gallery* ay mabubuksan. Buksan ang *Mga tema* na folder, at pumili ng tema.

Download na tema — upang buksan ang isang listahan ng links upang mag-download pa ng mga tema.

Tingnan ang "*Pag-download ng mga file*", sa pahina 95.

■ Mga tono

Pwede mong baguhin ang settings ng piniling aktibong profile.

Piliin ang **Menu** > *Mga setting* > *Mga tono*. Piliin at baguhin ang *Alerto ng papasok na tawag*, *Tono ng ring*, *Volume ng ring*, *Vibrating na alerto*,

Mga setting ng push to talk, Tono ng alerto ng mensahe, Tono ng alerto ng instant na msg., Mga tono ng keypad, at Mga tono ng babala. Mahahanap mo ang mga parehong setting sa *Mga profile* na menu. Tingnan ang "*Mga profile*", sa pahina 57.

Kapag pinili mo ang pinakamataas an antas ng pag-ring ng tono, mararating ng tono ng ring ang pinakamataas na antas nito makalipas ang ilang mga segundo.

Upang i-set ang telepono upang tumunog lamang kapag may mga tawag mula sa mga numero ng telepono na kasama sa piniling grupo ng tumatawag, piliin ang *Alerto para sa*. Mag-scroll sa grupo ng tumatawag na gusto mo o *Lahat ng tawag* at piliin ang *Mrkahan*.

■ Mga ilaw

Piliin ang *Menu > Mga setting > Ilaw > Mga ilaw ng telepono > Bukas* upang gawing aktibo ang mga kakayahan ng ilaw sa telepono, halimbawa, bilang tapagpaalala para sa mga nakaligtaang tawag.


■ Mga shortcut ko

Sa pamamagitan ng mga personal shortcut ay maari mong mapuntahan agad ang mga function sa telepono na madalas na ginagamit. Upang pamahalaan ang mga shortcut, piliin

ang *Menu > Mga setting > Mga shortcut ko* at mula sa mga sumusunod na opsyon:

Kanan selection key — upang pumili ng function mula sa listahan para sa kanang pindutan sa pagpili. Tingnan din ang "*Standby mode*", sa pahina 20. Ang menu na ito ay hindi maaaring ipakita, depende sa iyong service provider.

Nabigasyon key — upang pumili ng shortcut functions para sa navigation key. Mag-scroll sa nais na navigation key, piliin ang *Palitan* at isang function mula sa listahan. Upang tanggalin ang isang shortcut function mula sa pindutan, piliin ang (*bakante*). Upang muling italaga ang isang function para sa pindutan, piliin ang *Italaga*. Ang menu na ito ay hindi maaaring ipakita, depende sa iyong service provider.

Mga boses na command — upang buhayin ang mga function ng telepo sa pamamagitan ng pagsasabi ng tag ng boses. Pumili ng isang folder, mag-scroll sa isang function na gusto mong dagdagan ng voice tag, at piliin ang *Idagdag*. Ang  nagpapabatid ng isang tag ng boses. Upang buhayin ang voice command, tingnan ang "*Magasagawa ng tawag gamit ang isang tag ng boses*", sa pahina 54.

■ Display

Piliin ang **Menu** > *Mga setting* > *Display* at pumili mula sa mga sumusunod na pagpipilian:

Wallpaper — upang maidagdag ang pang-bakground na imahe upang maipakita sa standby mode. Para o patayin ang wallpaper, piliin ang *Bukas* o *Sarado*. Piliin ang *Piliin wallpaper* upang pumili ng isang imahe mula sa *Gallery* o *Piliin slide set* at isang folder sa *Gallery* upang magamit ang mga imahe sa folder bilang isang slide set. Upang mag-download ng mga karagdagang imahe, piliin ang *Graphic download*.

Screen saver > *Bukas* — upang buhayin ang screen saver para sa pangunahing display. Sa *Timeout*, piliin ang oras na kapag lumipas ay bubuhayin ang screen saver. Upang pumili ng isang larawan para sa screen saver, piliin ang *Imahe* at ang isang imahe o larawan mula sa *Gallery*. Piliin ang *Slide set* at ang isang folder sa *Gallery* upang magamit ang mga larawan sa folder bilang isang slide set. Upang makapag-download ng mas maraming mga imahe para sa screen saver, piliin ang *Graphic download*.

Power saver > *Bukas* — upang mag-save ng lakas ng baterya. Ang isang orasang digital ay ipapakita kapag walang function ng telepono na ginagamit para sa isang mismong oras.

Mga iskema ng kulay — upang palitan ang kulay ng background ng menu at ang mga bareta ng senyas at baterya

Kulay ng font sa standby mode — upang piliin ang kulay para sa mga teksto sa display sa standby mode.

Logo ng operator — upang i-set ang iyong telepono para ipakita o itago ang operator logo. Ang menu ay dinidiliman, kung hindi mo panai-imbak ang logo ng operator. Para sa karagdagang impormasyon ukol sa kakayahang magamit ang isang logo ng operator, makipag-ugnayan sa iyong network operator.

■ Oras at petsa

Upang palitan ang mga setting ng oras, time zone at petsa, piliin ang **Menu** > *Mga setting* > *Oras at petsa* > *Orasan*, *Petsa*, o *Awto-update ng petsa at oras* (serbisyong pang-network).

Kapag naglalakbay sa ibang time zone, piliin ang **Menu** > *Mga setting* > *Oras at petsa* > *Orasan* > *Sona ng oras* at ang time zone ng iyong kinalalagyan batay sa pagkakaiba ng panahon kung ibabatay sa Greenwich Mean Time (GMT) o Universal Time Coordinated (UTC). Ang oras at petsa ay nakatakda alinsunodsang the time zone at nagbibigay-daan ang mga ito upang maipakita mo ang wastong oras ng pagpapadala ng mga natanggap na text message o mensaheng

multimedia. Halimbawa, ang GMT -5 ay nagpapahiwatig ng time zone para sa New York (USA), 5 oras sa kanluran ng Greenwich/London (UK).

Gamitin para sa India (New Delhi) GMT +5.5, para sa Thailand/Indonesia/ Vietnam GMT +7, para sa Singapore/ Malaysia/Pilipinas GMT +8, para sa Australia (Sydney) GMT +10, at para sa New Zealand GMT +12.

■ Tawag

Piliin ang **Menu** > *Mga setting* > *Tawag* at pumili mula sa mga sumusunod na pagpipilian:

Awtomatikong volume kontrol — upang awtomatikong itakda ang telepono upang awtomatiko nitong ayusin ang lakas ng tunog alinsunod sa ingay sa background.

Ilipat ang tawag (serbisyong pang-network) — upang ilihis ang iyong mga papasok na tawag. Maaaring hindi mo mailihis ang iyong mga tawag kung may mga aktibong function ng paghadlang ng tawag. Tingnan ang *Paghahadlang ng tawag na serbisyo* sa "*Seguridad*", sa pahina 65.

Anumang key sa pagsagot > *Bukas* — upang sagutin ang isang papasok na tawag, pindutin sandali ang anumang pindutan, maliban ang pindutan ng Tapusin at ang kaliwa at kanan na pindutan ng pagpili

Awto-redayal > *Bukas* — upang gumawa ng pinakamababang sampung pagtatangkang ikunekta ang tawag pagkaraan ng isang matagumpay na pagtatangkang tumawag.

Bilis-dayal > *Bukas* — upang buhayin ang bilis-dayal. Upang maitaguyod ang bilis-dayal, tingnan ang "*Mabibilis na pagdayal*", sa pahina 54. Upang magdial, pindutin at idiin nang matagal-tagal ang kaukulang pindutan ng numero.

Hintay tawag > *Isaaktibo* — upang sabihan ka ng network tungkol sa papasok na tawag habang nasa isang tawag (serbisyong pang-network). Tingnan ang "*Naghihintay na tawag*", sa pahina 24.

Buod pagkatapos ng tawag > *Bukas* — upang saglit na ipakita ang angkop na tagal at halaga (serbisyong pang-tawag) ng tawag pagkaraan ng bawat tawag.

Ipada ang caller ID ko (serbisyong pangnetwork) > *Itakda sa network, Oo o Hindi*.

Linya sa papalabas na tawag (serbisyong pang-network) — upang piliin ang phone line 1 o 2 para sa mga pagtawag kung sinusupportahan ng iyong SIM card.

■ Telepono

Piliin ang **Menu** > *Mga setting* > *Telepono* at pumili mula sa mga sumusunod na pagpipilian:

Wikang panalita — upang maipakita ang wika para sa display at sa pagsusulat.

Status ng memorya — upang matingnan ang bakanteng memorya at ang ginagamit na memorya sa *Gallery*, *Pagmensahe*, at *Mga aplik.*

Awtomatik na keyguard — upang i-set ang keypad ng iyong telepono upang awtomatikong kumandado pagkaraan ng naka-set na pag-antala ng oras kapag ang telepono ay nasa standby mode at walang function ng telepono na ginagamit. Piliin ang *Bukas* at itakda ang oras mula 5 segundo hanggang 60 minuto.

Keyguard ng seguridad — upang itakda ang telepono para humingi ng code ng seguridad kapag inalis mo ng kandado ang keyguard. Ipasok ang code ng seguridad, at piliin ang *Bukas*. Kapag ang keypad lock ay ginagamit, ang mga tawag ay maaaring posible sa opisyal na emergency number na nakaprograma sa iyong kagamitan.

Display ng cell info > *Bukas* — upang tumanggap ng impormasyon mula sa network operator batay sa network cell na ginagamit (serbisyong pang-network).

Paunang pagbati — upang magpasok ng isang pagbati na sandaling ipapakita kapag ibinukas ang telepono

Operator seleksyon > *Awtomatiko* — upang itakda ang telepono upang awtomatikong nitong piliin ang isa sa cellular networks na available sa inyong lugar. Gamit ang *Manwal*, puwede kayong pumili ng network na may roaming agreement sa inyong home network operator.

Pagkumpirma ng SIM service — tingnan ang "*Mga serbisyong SIM*", sa pahina 100.

Pagsaaktibo ng tulong na teksto — upang piliin kung ipapakita ng telepono ang mga tekstong pantulong.

Panimulang tono — upang piliin kung ipaparinig ng telepono ang tono sa pagsisimula kapag binuksan ang telepono.

■ Pagkaka-kunek

Maaari mo ding ikonekta ang iyong telepono sa mga naaakmang aparato gamit ang isang koneksyong infrared. Pwede mong tukuyin ang setting para sa dial-up na koneksyong packet data.

Infrared

Maaari kang magpadala o tumanggap ng data mula sa isang katugmang telepono o kagamitan para sa data (halimbawa, isang computer) gamit

ang IR port ng iyong telepono. Upang gamitin ang isang koneksyong IR, ang kagamitan na gusto mong lagyan ng koneksyon ay dapat na sumusunod sa IrDA.

Huwag itutok ang IR (infrared) beam sa mata ng sinuman o pahintulutan ito na makagambala sa ibang kagamitang IR.

Ang mga aparatong infrared ay mga produkto na inuuri bilang Class 1 laser.

Kapag nagpapadala o tumatanggap ng data, siguraduhin na ang mga IR port ng nagpapadala o tumatanggap na mga kagamitan ay nakatutok sa isa't-isa at walang mga sagabal sa pagitan ng mga kagamitan.

Upang isaaktibo ang IR port ng iyong telepono upang tumanggap ng data na ginagamit ang IR, piliin ang **Menu** > *Mga setting* > *Pagkakakunek* > *Infrared*.

Upang buhayin ang koneksyong IR, piliin ang **Menu** > *Mga setting* > *Pagkakakunek* > *Infrared*. Kapag ipinakita ng telepono ang *Infrared di-aktibo?*, piliin ang **Oo**.

Kung ang paglipat ng data ay hindi sinimulan sa loob ng 2 minuto pagkatapos buhayin ang IR port, ang kuneksyon ay kinakansela at dapat na muling simulan.

Tagapagpahiwatig ng koneksyong IR

Kapag ang **IR** ay patuloy na ipinapakita, ang koneksyong IR ay isinasaaktibo, at ang iyong telepono ay handa nang magpadala o tumanggap ng data sa pamamagitan ng IR port nito.

Kapag ang **IR** ay kumurap, ang iyong telepono ay nagtatangkang kumunekta sa ibang kagamitan, o nawala ang isang koneksyon.

Packet data (EGPRS)

Ang enhanced general packet radio service (EGPRS) ay isang network service na nagbibigay ng kakayahan sa mga mobile phone na gamitin sa pagpapadala at pagtanggap ng data sa network na nakabase sa Internet Protocol (IP). Nagbibigay-daan ito upang mapasok ang mga data network tulad ng Internet sa pamamagitan ng wireless.

Ang mga application na maaaring gumamit ng packet data ay ang MMS, mga sesyon sa pag-browse, e-mail, remote SyncML, Java application downloading, push to talk, instant messaging, at ang PC dial-up.

Upang tukuyin kung paano gamitin ang serbisyo, piliin ang **Menu** > *Mga setting* > *Pagkakakunek* > *Packet data* > *Kuneksyon ng packet data*.

Piliin ang *Kapag kailangan* upang maitaguyod ang koneksyon ng packet data na itataguyod kapag kailangan ito ng application. Ang koneksyon ay isasara kapag winakasan ang application.

Piliin ang *Laging online* upang awtomatikong maikonekta ang telepono sa isang packet data network kapag ito ay naibukas na.

Ang **G** ay nagpapahiwatig ng isang koneksyon ng packet data.

Mga seting ng modem

Maaari mong ikunekta ang telepono sa pamamagitan ng koneksyon ng infrared o data cable (CA-42) sa isang katugmang PC at gamitin ang telepono bilang modem upang payagan ang koneksyon ng packet data mula sa PC.

Upang tukuyin ang mga setting para sa mga koneksyon mula sa PC, piliin ang

Menu > *Mga setting* > *Pagkakakunek* > *Packet data* > *Mga setting ng packet data* > *Aktibong access point*, buhayin ang access point na nais mong gamitin, at piliin ang *I-edit ang aktibong access point*. Piliin ang *Alias para sa access point*, at magpasok ng palayaw para sa kasalukuyang ginagamit na access point. Piliin ang *Packet data access point*, ipasok ang access point name (APN) upang itatag ang isang kuneksyon sa isang EGPRS network.

Maaari mo ring itaguyod ang mga setting sa serbisyo ng dial-up service (pangalan ng access point) sa iyong PC na ginagamit ang PC Suite. Tingnan ang "*Nokia PC Suite*", sa pahina 101. Kung pareho mo nang naitaguyod ang mga setting sa iyong PC at sa iyong telepono, ang gagamitin ay ang mga setting ng PC.

■ Mga pagpapahusay

Ang menu na ito ay ipinapakita lamang kung ang telepono ay nakakunekta o naikunekta na sa isang katugmang pagpapahusay na pang-mobile.

Piliin ang **Menu** > *Mga setting* > *Mga enhancemnt*. Pwede mong piliin ang menu ng pagpapahusay kung ang kaukulang pagpapahusay ay nakakunekta o naikunekta na sa telepono. Depende sa pagpapahusay, pumili mula sa mga sumusunod na opsyon:

Default na profile — upang piliin ang profile na gusto mong awtomatikong buhayin kapag kumunekta ka sa piniling pagpapahusay.

Awtomatikong sasagutin — upang i-set ang telepono upang awtomatikong sagutin ang papasok na tawag pagkaraan ng 5 segundo. Kung ang *Alerto ng papasok na tawag* ay nakalagay sa *Beep 1 beses lang* o *Sarado*, ang awtomatikong sagot ay nakasara.

Ilaw — upang permanenteng i-set ang mga ilaw sa *Bukas*. Piliin ang

Awtomatiko upang i-set ang mga ilaw na nakabukas ng 15 segundo pagkatapos pindutin ang pindutan.

Text telepono > *Gamitin ang text telepono* > *Oo* upang gamitin ng mga setting ng text phone sa halip ng mga setting ng headset o loopset.

■ Kumpigurasyon o pagtatakda

Pwede mong isaayos ang iyong telepono na may mga setting na kinakailangan para sa mga partikular na serbisyo upang gumanap nang tama. Ang mga serbisyo ay ang browser, multimedia na pagmemensahe, remote Internet server synchronization, presence, at e mail application. Kunin ang mga pagtatakda mula sa iyong SIM card, mula sa isang service provider bilang isang mensahe sa pagtatakda, o ipasok ang iyong mga pansariling setting nang mano-mano. Maaari kang mag-imbak ng mga setting sa pagtatakda ng hanggang sa 20 na service provider sa telepono at pamahalaan ang mga ito sa loob ng menu na ito.

Upang mai-save ang mga setting ng pagtatakda na natanggap ng isang mensahe sa pagtatakda mula sa isang service provider, tingnan ang

"Serbisyong pagtatakda ng pagsasaayos", sa pahina 13.

Piliin ang **Menu** > *Mga setting* > *Kumpigurasyon* at pumili mula sa mga sumusunod na pagpipilian:

Mga default na setting ng kumpig. — upang tingnan ang mga service provider na tinipon sa telepono. Mag-scroll sa isang service provider, at piliin ang **Detalye** upang tingnan ang mga aplikasyon na sinusuportahan ng mga setting ng configuration ng service provider na ito. Upang itakda ang mga setting ng pagsasaayos ng service provider bilang default settings, piliin ang **Opsyon** > *Itakda na default*. Upang tanggalin ang mga setting ng configuration, piliin ang *Tanggalin*.

laktibo default sa lahat aplikasyon — upang buhayin ang default configurations settings para sa mga sinusuportahang application.

Piniling access point — upang tingnan ang mga nai-imbak na access point. Mag-scroll sa access, at piliin ang **Opsyon** > *Mga detalye* upang tingnan ang pangalan ng service provider, data bearer, at GPRS access point o GSM dial-up number.

Kumunekta sa tagapaglin ng serb. — upang mai-download ang mga setting sa pagtatakda mula sa iyong service provider

Setting ng personal na kumpig. — upang mano-manong magdagdag ng

bagong personal accounts para sa ibang-ibang serbisyo, at upang buhayin o tanggalin ang mga ito. Upang magdagdag ng bagong personal account kung hindi ka pa nakapagdagdag, piliin ang **Idagdag**; kung nakapagdagdag na, piliin ang **Opsyon > Idagdag bago**. Piliin ang uri ng serbisyo, at piliin at ipasok ang bawat isa sa mga kinakailangang parameter. Ang mga parameter ay nag-iiba alinsunod sa piniling uri ng serbisyo. Upang tanggalin o buhayin ang isang personal account, mag-scroll papunta rito, at piliin ang **Opsyon > Tanggalin** o **Isaaktibo**.

■ Seguridad

Kapag ang katangian para sa seguridad na nagtatakda sa mga tawag ay ginagamit (tulad ng call barring, nakasarang grupo ng tumatawag at nakapirming pagdayal) ang mga tawag ay maaaring posible sa opisyal na emergency number sa iyong kagamitan.

Piliin ang **Menu > Mga setting > Seguridad** at pumili mula sa mga sumusunod na pagpipilian:

Hinihiling ang PIN code upang i-set ang telepono upang hilingin ang iyong PIN code tuwing buksan ang telepono. May mga SIM card na hindi nagpapahintulot na sarhan ang paghiling ng PIN code

Paghahadlang ng tawag na serbisyo (serbisyong pang-network) — upang hadlangan ang mga papasok na tawag at papalabas na tawag mula sa iyong telepono. Ang password ng paghadlang ay kinakailangan.

Fixed na pagdayal — upang limitahan ang iyong mga palabas na tawag sa mga piniling numero ng telepono kung ang function na ito ay sinusupportahan ng iyong SIM card.

Saradong grupo ng gumagamit (serbisyong network) — upang tukuyin ang isang grupo ng tao na matatawagan mo at makakatawag sa iyo.

Lebel ng seguridad > Telepono upang i-set ang telepono para humingi ng code ng seguridad tuwing may bagong SIM card na ipinasok sa telepono. Piliin ang **Memorya** at ang telepono ay hihingi ng security code kapag ang memorya ng SIM card ay pinili at gusto mong paltian ang memoryang ginagamit.

Mga access code — upang baguhin ang security code, PIN code, PIN2 code, o password ng paghadlang.

Gamit na code — upang piliin kung ang alin sa PIN code o ang UPIN code ang dapat na maging aktibo

Hinihilinging PIN2 code — upang piliin kung kinakailangan ang PIN2 code kapag gumagamit ng isang mismong

tampok ng telepono na saklaw ng PIN2 code

■ Ibalik ang mga factory settings

Upang i-reset ang ilan sa mga setting ng menu sa kanilang mga orihinal na halaga, piliin ang **Menu** > *Mga setting* > *Ibalik sa set. ng factory*.

Ipasok ang code ng seguridad. Ang data na ipinasok mo na-download, tulad ng mga pangalan at numero ng telepono ay tinitipon sa *Mga contact*, ay hindi tinatanggal.

10. Operator menu

Hahayaan ng menu na ito na mapuntahan mo ang isang portal ng mga serbisyong ipinagkakaloob ng iyong network operator. Ang pangalan at ang icon ay depende sa operator.

Para sa karagdagang impormasyon, kontakin ang iyong network provider. Kung ang menu na ito ay hindi ipinakita, ang kasunod na mga numero ng menu ay nagbabago.

Pwedeng pasariwain ng operator ang menu na ito sa pamamagitan ng mensahe ng serbisyo. Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang "[Inbox ng Serbisyo](#)", sa pahina 95.

11. Gallery



Sa menu na ito puwede mong pamahalaan ang mga grapiko, imahe, video clips, mga inirekord at tono. Ang mga function na ito ay nakaayos sa mga folder.

Ang iyong telepono ay sumusuporta sa sistema ng susi sa pagpapabuhay upang protektahan ang nakuhang nilalaman. Laging tiyakin ang mga takda ng paghahatid ng anumang nilalaman at activation key bago kunin ang mga ito, dahil maaaring may bayad ang mga ito.

Ang mga proteksiyon ng copyright ay maaaring pumigil sa ilang imahe, musika (kabilang ang mga tono ng pag-ring) at ibang nilalaman na makopya, mabago, mailipat o maipasa.

Ang mga file na nakaimbak sa *Gallery* ay gumagamit ng memorya na may kapasidad na humigit-kumulang na 3 MB.

Upang makita ang listahan ng mga folder, piliin ang **Menu** > *Gallery*.

Upang makita ang mga magagamit na opsyon ng isang folder, pumili ng isang folder at **Opsyon**.

Upang tingnan ang listahan ng mga file sa isang folder, pumili ng isang folder at **Buksan**.

Upang makita ang mga magagamit na opsyon ng isang file, pumili ng isang file at **Opsyon**.

12. Media



Ang mga proteksiyon ng copyright ay maaaring pumigil sa ilang imahe, musika (kabilang ang mga tono ng pag-ring) at ibang nilalaman na makopya, mabago, mailipat o maipasa.

■ Kamera

Pwede kang kumuha ng mga litrato o magrekord ng mga video clip sa pamamagitan ng nakapaloob na kamera. Ang kamera ay lumilikha ng mga larawan sa JPEG format at ng video clips sa 3GP format.

Kapag nakikipag-usap at gumagamit ng mga imahe o video clip, sundin ang lahat ng mga batas at respetuhin ang mga lokal na kaugalian maging ang mga lehitimong karapatan ng ibang mga tao, kabilang na ang mga karapatang-kopya.

Sinusuportahan ng aparato na ito ang pagkuha ng imahe na may resolution na 640 x 480 pixels. Ang resolusyon ng imahe sa mga materyal na ito ay maaaring limitaw na iba.

Kumuha ng litrato

Upang kumuha ng litrato, piliin ang **Menu > Media > Kamera > Kunan**. Ini-imbak ng telepono ang litrato sa **Gallery > Mga anyo**. Upang kumuha ng

isa pang litrato, piliin ang **Balik**; upang ipadala ang litrato bilang isang mensaheng multimedia, piliin ang **Ipadala**. Upang tingnan ang mga magagamit na opsyon, tingnan ang **Opsyon**.

Magrekord ng video clip





Piliin ang **Menu > Media > Kamera**. Upang piliin ang video mode, mag-scroll sa kaliwa o kanan, o piliin ang **Opsyon > Video**; upang simulan ang pag-rekord, piliin ang **I-record**. Upang magpahinga sa pagrekord, piliin ang **Ihinto** at upang bumalik sa pagrekord, pindutin ang **Ituloy**. Upang itigil ang pagrekord, piliin ang **Itigil**. Ii-imbak ng telepono ang litrato sa **Gallery > Video clips**. Upang tingnan ang mga pagpipilian, piliin ang **Opsyon**.

■ Radyo

Ang FM radio ay depende sa antenna na iba sa antenna ng aparatong wireless. Ang isang katugmang headset o pagpapahusay ay kailangang ikabit sa kagamitan para gumanap nang wasto ang FM radio.







Babala: Makinig ng musika sa katamtamang antas. Ang patuloy na pagkahantad sa mataas na volume ay maaaring makapinsala sa iyong pandinig. Huwag hahawakan ang kagamitan na malapit sa iyong tainga kapag ginagamit ang loudspeaker, dahil ang tunog ay maaaring sobrang malakas.

Piliin ang **Menu** > **Media** > **Radyo**. Upang gamitin ang mga pindutang may-larawan na , , , o  sa display, mag-scroll sa kaliwa o kanan ng nais na pindutan, at piliin ito.

Upang palitan ang lakas ng tunog, pindutin ang mga pindutan para sa lakas ng tunog.



I-imbak ang mga himpilan ng radyo

1. Upang simulan ang paghahanap ng himpilan, piliin at idiin ang  o . Upang palitan ang frequency ng radyo sa mga hakbang na 0.05 MHz, panandaliang pindutin ang  o ang .
2. Upang i-imbak ang himpilan sa lugar na 1 hanggang 9 ng memorya, pindutin nang matagal ang kaukulang pindutan ng numero. Upang i-imbak ang channel sa lokasyon ng memorya

mula 10 hanggang 20, saglit na pindutin ang **1** o **2**, at pindutin nang matagal ang nais na pindutan ng numero na mula **0** hanggang **9**.

3. Ipasok ang pangalan ng himpilan, at pindutin ang **OK**.

Makinig sa radyo

Piliin ang **Menu** > **Media** > **Radyo**. Upang mag-scroll sa nais na himpilan, piliin ang  o , o pindutin ang pindutan ng headset. Upang piliin ang isang kinalalagyan ng himpilan ng radyo, panandaliang pindutin ang mga kaukulang pindutan ng numero.

Piliin ang **Opsyon** at pumili mula sa mga sumusunod na pagpipilian:

Iсарado — upang maisara ang radyo

I-save istasyon — upang i-imbak ang isang bagong himpilan, at ipasok ang pangalan ang himpilan

Mga istasyon — upang piliin ang listahan ng mga naka-imbak na himpilan. Upang tanggalin o palitan ng pangalan ang isang folder, o mag-scroll sa nais na folder, at piliin ang **Opsyon** > **Tanggalin istasyon** o **Ngalan baguhin**.

Mono output o **Stereo output** — upang makinig sa radyo sa mono o sa stereo.

Loudspeaker o **Headset** — upang pakinggan ang radyo na ginagamit ang loudspeaker o headset. Panatiliing nakakunekta ang headset sa telepono.

Ang bungad ng headset ay nagsisilbing antenna ng radyo.

Frequency itakda — upang maipasok ang frequency ng nais na himpilan ng radyo

Pangkaraniwang makakatawag ka o makakasagot ng tawag habang nakikinig ng radyo. Habang nasa isang tawag, ang tunog ng radyo ay patatahimikin.

Kapag ang isang aplikasyon na gumagamit ng koneksyong packet data o HSCSD ay nagpapadala o tumatanggap ng data, ito ay maaaring makagambala sa radyo.

■ Rekorder o taga-rekord





Maaari kang magrekord ng mga piraso ng talumpati, tunog o isang aktibong tawag nang hanggang sa 5 minuto.

Ang aktwal na panahon ng pag-rekord ay nakasalalay sa magagamit na puwang ng memorya.



Ang tagarekord ay hindi magagamit kapag ang tawag na pang-data o koneksyong packet data ay aktibo.

I-rekord ang tunog

1. Piliin ang **Menu** > **Media** > **Recorder**.

Upang gamitin ang mga may-larawang pindutan , , , o  sa display, mag-scroll sa kaliwa

o kanan patungo sa nais na pindutan, at piliin ito.

2. Upang simulan ang pagrekord, piliin ang . Upang simulan ang pagrekord habang nasa isang tawag, piliin ang **Opsyon** > **Rekord**. Habang nagrerekord ng isang tawag, lahat ng partido sa tawag ay makakarinig ng mahinang beep tuwing humigit-kumulang 5 segundo. Kapag nagrerekord ng tawag, hawakan ang telepono sa normal na posisyon na malapit sa iyong tainga.
3. Upang tapusin ang pagrekord, piliin ang . Ang pagrekord ay tinitipon sa **Gallery** > **Recording**.
4. Upang pakinggan ang pinakahuling pagrekord, piliin ang **Opsyon** > **I-play ang huli**.
5. Upang maipadala ang huling pag-rekord gamit ang isang mensaheng multimedia o audio o IR, piliin ang **Opsyon** > **Ipadala ang huli**.

Listahan ng mga inirekord

Piliin ang **Menu** > **Media** > **Recorder** > **Opsyon** > **Rekordings lista**. Ang listahan ng mga folder sa **Gallery** ay ipapakita. Buksan ang **Recording** upang tingnan ang listahan na may mga inirekord. Piliin ang **Opsyon** upang piliin ang mga opsyon para sa

M e d i a

mga file sa *Gallery*. Tingnan ang "*Gallery*", sa pahina 68.

13. Tagaorganisa



■ Alarmang orasan

Maaari mong iayos ang telepono upang mag-alarma sa nais na oras.

Piliin ang **Menu** > *Organiser* > *Alarm clock*.

Upang i-set ang alarma, piliin ang *Oras ng alarma*, at ipasok ang oras ng alarma. Upang baguhin ang oras ng alarma kapag naka-set ang oras ng alarma, piliin ang *Bukas*. Upang i-set ang telepono upang alertuhan ka sa mga piniling araw ng linggo, piliin ang *Alarma ulitin*.

Upang piliin ang tono ng alarma o i-set ang himpilan ng radyo bilang tono ng alarma, piliin ang *Tono ng alarma*.

Kung pinili mo radyo bilang tono ng alarma, ikunekta ang headset sa telepono. Ang telepono ay gumagamit ng channel na pinakahuli mong pinakinggan bilang alarma, at ang alarma ay tumutunog sa pamamagitan ng loudspeaker. Kung tinanggal mo ang headset o pinatay ang telepono, ang default na tono ng alarma ay pumapalit sa radyo.

Upang magtakda ng isang palugit ng oras para sa snooze, piliin ang *Mamaya time-out*.

Itigil ang pag-alarma

Ang telepono ay magpaparinig ng tono ng alerto, at ikikislap ang *Alarma!* at ang kasalukuyang oras sa display, kahit na ang telepono ay patay. Upang itigil ang alarma, piliin ang **Itigil**. Kung hahayaan ninyo ang telepono na patuloy na magparinig ng alarma hanggang isang minuto o pinindot ang **I-snoz.**, ang alarma ay itigil sa loob ng tagal ng panahon ng piniling-palugit para sa snooze at saka magpapatuloy.

Kung ang oras ng alarma ay naabot habang nakasara ang kagamitan, ang kagamitan ay kusang bubukas at magsisimulang patunugin ang tono ng alarma. Kapag pinili mo ang **Itigil**, itatanong ng aparato kung gusto mong buhayin ang aparato para sa mga tawag. Pindutin ang **Hindi** upang isara ang kagamitan o **Oo** upang tumawag o tumanggap ng mga tawag. Huwag pipindutin ang **Oo** kapag ang paggamit ng wireless phone ay maaaring maging sanhi ng pagkagambala o interference o panganib.

■ Kalendaryo

Piliin ang **Menu** > *Organiser* > *Kalendaryo*.

Ang kasalukuyang araw ay ipinabatid ng isang kuwadro. Kung may mga tala na naka-takda para sa araw, ang araw ay isinusulat sa makakapal na titik. Upang tingnan ang mga tala sa araw, piliin ang **Tingnan**. Upang tingnan ang isang linggo, piliin ang **Opsyon** > *View ng linggo*. Upang tanggalin ang lahat ng tala sa kalendaryo, piliin ang pagtanaw na pang-buwanan o pang-lingguhan, at piliin ang **Opsyon** > *Tanggal lahat tala*.


Ang iba pang mga pagpipilian para sa arawang pagtanaw ay maaaring ang *Gumawa ng tala, Tanggalin, I-edit, Ilipat*, o *Ulitin* ang isang tala; *Kopyahin* ang isang tala papunta sa iba pang araw; *Ipadala ang tala* bilang isang text message o multimedia, gamit ang IR, o papunta sa kalendaryo ng iba pang mga babagay na telepono. Sa *Mga setting* ay maaari mong itakda ang mga setting ng petsa at oras. Sa *Awto-tanggal ng mga tala* ay maaari mong i-set ang telepono upang awtomatikong tanggalin ang mga lumang tala makalipas ng isang tinukoy na oras.

Gumawa ng isang tala sa kalendaryo

Piliin ang **Menu** > *Organiser* > *Kalendaryo*. Mag-scroll sa petsang gusto ninyo, piliin ang **Opsyon** > *Gumawa ng tala*, at piliin ang isa sa mga sumusunod na uri ng tala:

 *Pulong*,  *Tawag*,  *Kaarawan*,
 *Memo*, o  *Paalala*.

Alarma ng tala

Ipinapakita ng telepono ang tala, at kung nakatakda, ay nagpapatunog ng isang tono. Habang may tala ng tawag  sa display, maaari mong tawagan ang ipinapakitang numero sa pamamagitan ng pagpindot sa pindutan ng tawag. Upang patigilin ang alarma at tingnan ang tala, piliin ang **Tingnan**. Upang patigilin ang alarma para sa humigit-kumulang 10 minuto, piliin ang **I-snoz..** Upang patigilin ang alarma nang hindi tintitingnan ang tala, piliin ang **Labas**.

Listahan ng dapat gawin

Upang makapag-imbak ng mga tala para sa mga kailangan mong gawin, piliin ang **Menu** > *Organiser* > *Lista ng gawain*.

Upang gumawa ng note kung walang idinagdag na tala, piliin ang **Idagdag**; kung may idinagdag, piliin ang **Opsyon** > *Idagdag*. Isulat ang tala, at piliin ang **I-save**. Piliin ang kahalagahan, ang deadline at ang uri ng alarma para sa tala.

Upang tingnan ang isang tala, mag-scroll dito, at piliin ang **Tingnan**.

Pwede mo ring tingnan ang isang opsyon upang tanggalin ang piniling tala at tanggalin ang lahat ng tala na minarkahan mo na natapos na. Maaari mong ayusin ang tala batay sa kahalagahan o ayon sa takdang-oras, ipadala ito sa ibang telepono bilang text message o mensaheng multimedia, o infrared; i-imbak ang isang tala bilang tala sa kalendaryo, o puntahan ang kalendaryo. Habang tinitingnan ang isang note, puwede ka ring pumili ng isang opsyon upang i-edit ang huling-araw o prioridad para sa note, o markahan ang note bilang nagawa na.

■ Mga tala

Upang magamit ang application na ito para sa pagsusulat at pagpapadala ng mga tala, piliin ang **Menu** > **Organiser** > **Mga tala**. Upang gumawa ng tala kung walang idinagdag na tala, piliin ang **Idagdag**; kung may idinagdag, piliin ang **Opsyon** > **Gumawa ng tala**. Isulat ang tala, at piliin ang **I-save**.

Ibang mga opsyon at kabilang ang pagtanggap at pag-edit ng tala. Habang nag-edit ng isang tala, pwede ka ring lumabas ng text editor nang hindi tinitipon ang mga pagbabago. Maaari mong maipadala ang tala sa mga tugmang aparato gamit ang isang text message, mensaheng multimedia, o gamit ang IR.

■ Pagpareho

Ang pagpareho ay nagbibigay sa iyo ng kakayahang i-save ang iyong data ng kalendaryo at ng **Mga contact** sa isang malayong Internet server (serbisyong pang-network) o isang katugmang PC. Kung nag-imbak ka ng data sa malayong Internet server, pwede mong ipagpasabay ang iyong telepono sa pamamagitan ng pagsisimula ng pagpapasabay mula sa iyong telepono. Maaari mo ring ipagpasabay o i-synchronize ang data sa mga kontak ng iyong telepono, kalendaryo, at notes upang tumugma sa data ng iyong PC sa pamamagitan ng pagsisimula ng pagpapasabay mula sa PC. Ang kontak data ng iyong SIM card ay hindi maipagpapasabay.

Ang pagsagot sa papasok na tawag habang gumagawa ng pagpapasabay ay tatapos sa pagpapasabay at dapat mong muling simulan ito.

Pagpapasabay ng server

Bago gawin ang pagpapasabay mula sa iyong telepono, maaaring kailanganin mong gawin ang mga sumusunod:

- Mag-subscribe sa isang synchronisation service. Para sa mga detalye, kontakin ang iyong service provider.
- Kunin ang mga setting ng pagpapasabay, mula sa iyong service provider. Tingnan ang "**Mga**

[setting ng pagpapasabay](#)", sa pahina 76.

Upang maumpisahan ang pagpapasabay mula sa iyong telepono, gawin ang sumusunod:

1. Buhayin ang mga setting ng configuration na kailangan mo para sa pagpapasabay. Tingnan ang ["Mga setting ng pagpapasabay"](#), sa pahina 76.
2. Piliin ang **Menu** > **Organiser** > **Sync** > **Sync ng server** > **Data isi-synchronise**. Markahan ang data na gagawan ng pagpapasabay.
3. Piliin ang **Menu** > **Organiser** > **Sync** > **Sync ng server** > **Synchronise**. Ang minarkahang data ng aktibong set ay ipagpapasabay pagkatapos ng kumpirmasyon.

Ang pagpareho sa unang pagkakataon o pagkatapos ng naputol na pagpareho ay maaaring umabot ng 30 minuto para makumpleto, kung ang mga kontak o kalendaryo ay puno na.

Mga setting ng pagpapasabay

Maaari mong tanggapin ang configuration settings na kinakailangan para sa pagpareho bilang configuration message mula sa network operator o service provider. Upang pamahalaan ang lahat ng mga

setting ng pagsasaayos, tingnan ang ["Kumpigurasyon o pagtatakda"](#), sa pahina 64.

1. Piliin ang **Menu** > **Organiser** > **Sync** > **Sync ng server** > **Mga setting ng sync** at pumili mula sa mga sumusunod na pagpipilian:
Kumpigurasyon – Ang tanging mga ipinapakita ay ang mga pagsasaayos na sumusuporta sa pagpapasabay. Pumili ng isang service provider, **Default**, o **Personal kumpig**. para sa pagpapasabay.
Account – Pumili ng isang service account sa pagpapasabay na nakalagay sa mga setting ng aktibong pagsasaayos.
2. Piliin ang **PC sync setting** upang ipasok ang mga setting para sa pagpapasabay na inalertuhan ng server. Piliin ang **Pangalan ng gumagamit** at **Password**.
Ang pangalan ng user at password ay dapat na magkapareho sa telepono at sa PC.

Pagpapasabay mula sa isang katugmang PC

Upang maipagpapasabay ang **Mga contact**, **Kalendaryo**, at **Mga tala** mula sa isang akma na PC, gumamit ng isang IR, o koneksyon ng data cable. Kailangan mo rin ang Nokia PC Suite software ng iyong telepono na

nakainstala sa PC. Simulan ang pagpapasabay mula sa PC na ginagamit ang Nokia PC suite.

■ Calculator

Ang calculator sa iyong telepono ay nadaragdag, nagbabawas, nagmumultiplika, naghahati, kumakalkula ng square at ng square root at kumukuha ng katumbas ng pera sa palitan.



Paalala: Ang calculator na ito ay may limitadong katumpakan at idinisenyo para sa mga simpleng pagkalkula.

Piliin ang **Menu** > *Organiser* > *Calculator*. Kapag ang 0 ay ipinakita, ipasok ang unang numero sa pagkalkula. Pindutin ang # para sa isang puntong desimal. Piliin ang **Opsyon** > *Idagdag, Ibawas, I-multiply, Hatiin, I-square, Square root, o Sign palitan*. Ipasok ang ikalawang numero, kung kinakailangan. Para sa isang kabuuan, piliin ang **Resulta**. Ulitin ang pagkakasunod-sunod na ito nang hanggang kasing-dami ng kinakailangan. Upang simulan ang isang bagong kalkulasyon, piliin muna at huwag bitiwang ang **I-clear**.

Upang magsagawa ng pagpapalit ng halaga ng pera, piliin ang **Menu** > *Organiser* > *Calculator*. Upang i-imbak ang halaga sa palitan, piliin ang

Opsyon > *Halaga ng palitan*. Piliin ang alinman sa ipinapakitang mga opsyon. Ipasok ang halaga sa palitan, pindutin ang # para sa isang decimal point, at piliin ang **OK**. Ang halaga sa palitan ay mananatili sa memorya hanggang palitan mo ito ng iba. Upang isagawa ang pagpapalit ng halaga ng pera, ipasok ang halagang papalitan, at piliin ang **Opsyon** > *Sa lokal o Sa banyaga*.

■ Stopwatch

Pwede mong sukatin ang oras, kunin ang mga intermediate time, o kunin ang mga lap time na ginagamit ang stopwatch. Sa panahon ng pag-ooras, ang ibang functions ng telepono ay magagamit. Upang itakda ang pag-ooras ng stopwatch sa background, pindutin ang pindutan ng tapusin.

Ang paggamit ng stopwatch o pagpapahintulot na tumakbo ito sa background habang ginagamit ang ibang mga katangian ay nagtataas ng pangangailangan ng power ng baterya at nagbabawas sa buhay ng baterya.

Piliin ang **Menu** > *Organiser* > *Stopwatch* at pumili mula sa mga sumusunod na pagpipilian:

Split na timing — upang kunin ang mga intermediate time. Upang simulan ang pagmamasid ng oras, piliin ang **Simulan**. Piliin ang **Split** tuwing gusto

mong kumuha ng intermediate time. Upang itigil ang pagmamasid ng oras, piliin ang **Itigil**. Upang i-imbak ang sinukat na oras, piliin ang **I-save**. Upang muling simulan ang pagmamasid ng oras, piliin ang **Opsyon > Simulan**. Ang bagong oras ay idinaragdag sa naunang oras. Upang i-reset ang oras nang hindi ito ini-imbak, piliin ang **I-reset**. Upang i-set ang pag-ooras ng stopwatch sa background, pindutin ang pindutan ng tapusin.

Timing ng lap — upang kunin ang mga lap time. Upang i-set ang pag-ooras ng stopwatch sa background, pindutin ang pindutan ng tapusin.

Ituloy — upang tingnan ang pag-ooras na inilagay mo sa background.

Ipakita ang huli — upang tingnan ang pinakahuling sinukat na oras kung ang stopwatch ay hindi na-reset.

I-view times o Tanggalin oras — upang tingnan o tanggalin ang tinipong oras.

■ Taga-oras na countdown

Piliin ang **Menu > Organiser > Timer**. Ipasok ang oras ng alarma sa mga oras, minuto, at segundo, at pindutin ang **OK**. Kung nais mo, isulat ang iyong sariling tala na ipapakita kapag natapos na ang oras. Upang simulan ang taga-oras na countdown, piliin ang **Simulan**. Upang palitan ang oras

ng countdown, piliin ang **Palitan oras**. Upang patigilin ang taga-oras, piliin ang **Timer itigil**.

Kapag ang oras ng alarma ay naabot habang ang telepono ay nasa standby mode, ang telepono ay magpaparinig ng tono at kukurap-kurap ang tekstong tala kung ito ay naka-set o ang **Countdown tapos na**. Upang itigil ang pag-alarma, pindutin ang anumang pindutan. Kung walang pinindot na pindutan, ang alarma ay awtomatikong itigil pagkaraan ng 60 segundo. Upang patigilin ang alarma at tanggalin ang tekstong tala, piliin ang **Labas**. Upang muling simulan ang taga-oras na countdown, pindutin ang **Simulan**.



14. Mga application

■ Mga laro

Ang software ng iyong telepono ay may mga kasamang laro.

Upang ilunsad ang isang laro, piliin ang **Menu** > *Mga aplik.* > *Mga laro*. Mag-scroll sa nais na laro, at piliin ang **Buksan**.

Para sa mga opsyon na may kinalaman sa isang laro, tingnan ang "**Ibang mga opsyon sa application**", sa pahina 79.

Mga pag-download ng laro



Mahalaga: Iinstala lamang at gamitin ang mga application at ibang software mula sa mga pinanggagalingan na nag-aalay ng sapat na seguridad at proteksyon laban sa nakakapinsalang software.

Piliin ang **Menu** > *Mga aplik.* > **Opsyon** > *Mga download* > *Download ng laro*. Ang listahan ng mga magagamit na bookmark ay ipapakita. Piliin ang *Ibang tanda* upang mapuntahan ang listahan ng bookmarks sa *Web* menu.

Tingnan ang "**Mga bookmark**", sa pahina 94.

Mga setting ng laro

Upang i-set ang mga tunog, ilaw, at pagnginig para sa mga laro at application, piliin ang **Menu** > *Mga aplik.* > **Opsyon** > *Setting ng aplikas..*

■ Pagkulekta

Kabilang sa software ng iyong telepono ang ilang application Java na sadyang idinisenyo para sa teleponong Nokia na ito.

Upang mailunsad ang isang application, piliin ang **Menu** > *Mga aplik.* > *Koleksyon*. Mag-scroll sa isang application, at piliin ang **Buksan**.

Ibang mga opsyon sa application

Tanggalin — upang tanggalin ang application o set ng application mula sa telepono.

Mga detalye — upang magbigay ng karagdagang impormasyon tungkol sa application.

I-update bersiyon — upang alamin kung ang isang bagong bersiyon ng application ay magagamit para sa

pag-download mula sa *Web* (serbisyong pang-network).

Access ng aplikas. — upang rendahan ang application mula sa pag-access ng network. Ang iba-ibang kategorya ay ipapakita. Pumili sa bawat kategorya, kung may magagamit, ng isa sa mga sumusunod na permiso: *Itanong lagi* upang palaging itakda ang telepono para sa pag-access ng network, *Itanong lang sa una* upang itakda ang telepono upang hilingin nito ang pag-access sa network sa unang pag-subok lamang, *Laging pinayagan* upang payagan ang pag-access ng network, o *Di pinapayagan* upang huwag payagan ang pagpunta sa network.

Web pahina — upang magbigay ng iba pang impormasyon o karagdagang data para sa application mula sa isang Internet page. Ang katangiang ito ay dapat na sinusupportahan ng network. Ito ay ipapakita lamang kung ang Internet address ay ibinigay kasama ng aplikasyon.

Pag-download ng isang application

Ang iyong telepono ay sumusuporta sa J2ME™ Java na mga application. Tiyakin na ang application ay katugma ng iyong telepono bago ito i-download.



Mahalaga: linstala lamang at gamitin ang mga aplikasyon at ibang software mula sa mga pinanggagalingan na nag-aalay ng sapat na seguridad at proteksyon laban sa nakakapinsalang software.

Puwede kang mag-download ng mga bagong application na Java sa iba-ibang paraan:

Piliin ang **Menu** > *Mga aplik.* > **Opsyon** > *Mga download* > *Apli. download.* Ang listahan ng mga magagamit na bookmark ay ipapakita.

Piliin ang *Ibang tanda* upang mapuntahan ang listahan ng bookmarks sa *Web* menu. Piliin ang angkop na bookmark upang kumunekta sa nais na pahina. Para sa kakayahang magamit ng iba-ibang serbisyo, mga presyo, at buwis, kontakin ang iyong service provider.

Piliin ang **Menu** > *Web* > *Mga download.* Mag-download ng isang naaangkop na application o laro. Tingnan ang "*Pag-download ng mga file*", sa pahina 95.

Gamitin ang function ng pag-download ng laro. Tingnan ang "*Mga pag-download ng laro*", sa pahina 79.

Gamitin ang Nokia Application Installer mula sa PC Suite upang

i-download ang mga aplikasyon sa iyong telepono.

Ang iyong kagamitan ay maaaring may mga bookmark na inilagay para sa mga site na hindi kasapi sa Nokia. Hindi ginagarantiyahan o inirerekomenda ng Nokia ang mga site na ito. Kung pinili mong gamitin ang mga ito, dapat mong gawin ang mga katulad na pag-iingat, para sa seguridad o nilalaman, katulad sa anumang ibang Internet site.

15. Push to talk



Ang push to (PTT) talk over cellular ay isang dalawang-direksiyong radio service na available sa GSM/GPRS cellular network (serbisyong pang-network). Ang PTT ay nagdudulot ng direktang pakikipag-usap gamit ang boses. Upang kumonekta, pindutin at idiin ang pindutan ng pagpapalakas ng tunog (PTT).

Magagamit mo ang PTT upang makipag-usap sa isang tao sa isang pangkat ng mga tao na may mga katugmang kagamitan. Kapag ang iyong tawag ay naikunekta, hindi kailangang sagutin ang telepono ng tao o grupong tinatawagan. Dapat kumpirmahin ng mga kalahok ang pagtanggap ng anumang komunikasyon kung angkop, dahil walang kumpirmasyon kung narinig ng (mga) tatanggap ang tawag.

Upang alamin ang kakayahang magamit at mga halaga, at upang mag-subscribe sa serbisyo, kontakin ang iyong service provider. Ang serbisyong pang-roaming ay maaaring mas limitado kaysa mga normal na tawag.

Bago mo magagamit ang serbisyong PTT, kailangan mo munang tukuyin ang mga kinakailangang pagtatakda ng

serbisyong PTT. Tingnan ang "[Mga setting ng PTT](#)", sa pahina 89.

Habang ikaw ay nakakabit sa serbisyong PTT, magagamit mo ang ibang mga function ng telepono.

Ang serbisyong PTT ay hindi nakakunekta sa tradisyonal na pakikipag-usap gamit ang boses; sa gayon ay marami sa mga serbisyong magagamit para sa mga nakasanayang tawag na pang-boses (halimbawa, ang voice mailbox) ay hindi magagamit para sa pakikipag-usap sa PTT gamit ang komunikasyong cellular.

■ Push to talk menu

Piliin ang **Menu** > *Push to talk*.

Upang kumonekta o kumalas mula sa serbisyo ng PTT, piliin ang *Buksan ang PTT* o *Isarado ang PTT*.

Upang tingnan ang mga natanggap na paghiling na pagtawag, piliin ang *Inbox ng callback*.

Upang tingnan ang listahan ng mga himpilan ng PTT, piliin ang *Lista ng channel*.

Upang tingnan ang listahan ng mga kontak kung saan nagdagdag ka ng push to talk address na natanggap

mula sa service provider, piliin ang *Lista ng mga contact*.



Upang magdagdag ng isang bagong himpilan ng PTT sa telepono, piliin ang *Idagdag ang channel*.

Upang itakda ang mga setting ng PTT na gagamitin, piliin ang *Mga setting ng PTT*.

Upang itakda ang mga kinakailangang setting para sa koneksyon ng push to talk, piliin ang *Mga setting ng kumpig..*

Upang buksan ang browser at upang kumunekta sa PTT network portal na ipinagkakaloob ng service provider, piliin ang *Web*.

■ Kumunekta at kumalas sa PTT

Upang kumunekta sa serbisyong PTT, piliin ang **Menu** > *Push to talk* > *Buksan ang PTT*. Ang  ay nagpapahiwatig ng koneksyong PTT connection. ang  ay nagpapahiwatig na ang serbisyo ay panandaliang hindi magagamit. Ang telepono ay awtomatikong nagtatangkang muling ikunekta ang serbisyo hanggang sa kumalas ka mula sa serbisyong PTT. Kung nagdagdag ka ng mga himpilan sa telepono, ikaw ay awtomatikong isinasama sa aktibong (*Default* o *Napakinggan*) na mga himpilan, at ang pangalan ng default

na himpilan ay ipapakita sa standby mode.

Upang kumalas mula sa serbisyong PTT, piliin ang *Isarado ang PTT*.

■ Magsagawa at tumanggap ng tawag na PTT

Piliin ang **Menu** > *Mga setting* > *Mga tono* > *Mga setting ng push to talk* upang itakda ang telepono para gamitin nito ang loudspeaker o headset para sa komunikasyong PTT.



Babala: Huwag hahawakan ang kagamitan na malapit sa iyong tainga kapag ginagamit ang loudspeaker, dahil ang tunog ay maaaring sobrang malakas.

Kapag nakakonekta na sa serbisyong PTT, maari kang makapagsagawa o makatanggap ng mga pang-himpilang tawag, mga pang-pangkat na tawag, o mga pang-dalawahan na tawag. Ang pang-dalawahan tawag ay mga tawag na magagawa mo sa isa lamang tao.





Mag-dial ng isang tawag na PTT

Para sa isang idinadayal na tawag ng out PTT ay maaari kang pumili ng maraming mga kontak ng PTT mula sa listahan ng mga kontak. Ang mga

tatanggap ay makakatanggap ng isang papasok na tawag at kailangang tanggapin ang tawag upang makalahok. Ang isang idinadayal na tawag ay lumilikha ng isang panandaliang himpilan, at sasali lamang ang mga kalahok sa himpilan na ito sa tagal ng panahon ng tawag. Matapos ang tawag, buburahin ang panandaliang himpilan para sa idinadayal na tawag.

Piliin ang **Menu** > *Push to talk* > *Mga contact lista*, at markahan ang mga nais na kontak para sa idinadayal -na tawag.

Ang simbolo na nasa likod ng kontak sa listahan ay nagpapahiwatig ng kasalukuyang katayuan ng login:

Ang  ,  , o  ay nagpapahiwatig na ang tao ay maaaring makausap, di-makakausap, o di-kilala; ang  ay nagpapahiwatig na hindi makuha ang katayuan ng pag-login. Ang katayuan ng pag-login ay maaari lamang makuha para sa mga kontak na naka-subscribe.

Upang palitan ang mga naka-subscribe na kontak, piliin ang **Opsyon** at mula sa mga magagamit na opsyon sa listahan ng kontak ay *Subscribe contact* o *Unsubscr. contact*; o kung isa o higit pang mga kontak ang namarkahan na, piliin ang *l-subscri. markado* o *l-unsubs. markado*.

Pindutin at idiin sandali ang pindutan sa pagpapalakas ng tunog (PTT) upang

simulan ang idinadayal na tawag -. Ang mga minarkahang kontak ay tinatawagan ng serbisyo ng PTT, at ang mga isinasaling kontak ay ipinapakita sa display. Pindutin at idiin muli ang pindutan sa pagpapalakas ng tunog (PTT) upang makipag-usap sa mga isinaling kontak. Bitawan ang pindutan sa pagpapalakas ng tunog (PTT) upang marinig ang kanilang tugon.

Pindutin ang pindutan sa pagwakas upang wakasan ang idinadayal -na tawag.

Magsagawa ng isang pang-himpilang tawag

Upang tumawag sa isang default na himpilan, pindutin ang pindutan ng pang-lakas ng tunog (PTT).

May tutunog na tono na ipinababatid na ang access ay ibinigay, at ipapakita ng telepono ang iyong palayaw at pangalan ng pangkat

Upang tumawag sa isang hindi-default na himpilan, piliin ang *Lista ng channel* sa PTT menu, mag-scroll sa nais na himpilan, at pindutin ang pindutan sa pagpapalaks ng tunog (PTT).

Pindutin nang matagal ang pindutan sa pagpapalakas ng tunog (PTT) sa buong panahon na nakikipag-usap ka, at hawakan ang telepono sa harap mo para makita mo ang display.

Kapag tapos ka na, bitawan ang pindutan sa pagpapalakas ng tunog

(PTT). Ang pakikipag-usap at ipinahihintulot batay sa kung sino ang nauna. Kapag may tumigil sa pagsasalita, ang unang taong pumindot pindutan sa pagpapalakas ng tunog (PTT) ay ang susunod na maaaring magsalita.

Gumawa ng pang-dalawahang tawag

Upang simulan ang pang-dalawahang tawag mula sa listahan ng mga kontak na nagdagdag ka ng push to talk address, piliin ang *Listang mga contact*. Mag-scroll sa isang kontak, at pindutin ang pindutan sa pagpapalakas ng tunog (PTT).

Maaari mo ring piliin ang kontak mula sa lista ng *Mga contact*.

Upang umpisahan ang isang pang-dalawahang tawag mula sa listahan ng mga himpilan ng PTT, piliin ang *Listang channel*, at mag-scroll sa nais na himpilan. Piliin ang **Opsyon** > *Aktibong miyembro*, mag-scroll sa nais na kontak, at pindutin ang ang pindutan sa pagpapalakas ng tunog (PTT).

Upang simulan ang pang-dalawahang tawag mula sa listahan ng mga paghiling ng callback na natanggap mo, piliin ang *Inbox ng callback*. Mag-scroll sa nais na palayaw, at pindutin ang pindutan ng ang

pindutan sa pagpapalakas ng tunog (PTT).

Tumanggap ng isang PTT na tawag

Ang isang maikling tono ay magsasabi sa iyo ng papasok na tawag ng himpilan at isang pang-dalawahang tawag. Kapag tumanggap ng isang tawag ng himpilan, ang pangalan ng himpilan at palayaw ng tumatawag ay ipapakita. Kapag tumanggap ng pang-dalawahang tawag mula sa isang tao na ang impormasyon ay tinipon mo sa *Mga contact*, ang tinipong pangalan ay ipapakita kung makilala, kung hindi, ang palayaw lamang ng tumatawag ang ipapakita.

Puwede mong tanggapin o tanggihan ang papasok na pang-dalawahang tawag kung inayos mo ang telepono para pasabihan ka muna ng mga isa-sa-isang tawag.

Kung pinindot mo ang volume up key upang tangkaing sumagot sa isang himpilan habang nagsasalita ang isang miyembro, makakarinig ka ng tono ng pagpila, at *Nakapila* ay ipapakita kung pipindutin mo ang ang pindutan sa pagpapalakas ng tunog (PTT). Pindutin nang matagal ang ang pindutan sa pagpapalakas ng tunog (PTT), at hintayin ang ibang tao na matapos, at saka puwede ka nang magsalita.

■ Mga paghiling ng callback o ganting tawag

Kung gumawa ka ng isa-sa-isa ng tawag at hindi nakatanggap ng sagot, puwede kang magpadala ng kahilingan sa tao na tawagan ka pabalik.

Kapag may nagpadala sa iyo ng paghiling ng callback, ang *Hiling ng callback natanggap* ay ipapakita sa standby mode. Kapag tumanggap kayo ng paghiling ng callback mula sa isang tao na wala sa iyong listahan ng mga kontak, maaari mong i-imbak ang pangalan ng iyong *Mga contact*.

Magpadala ng paghiling ng callback

Makakapagpadala ka ng paghiling ng callback sa mga sumusunod na paraan:

- Upang magpadala ng paghiling ng callback mula sa listahan ng mga kontak sa *Push to talk* menu, piliin ang *Lista ng mga contact*. Mag-scroll sa isang kontak, at piliin ang **Opsyon > Padala sa callback**.
- Upang magpadala ng callback request mula sa *Mga contact*, hanapin ang nais na kontak, piliin ang **Detalye**, mag-scroll sa push to talk address, at piliin ang **Opsyon > Padala sa callback**.
- Upang magpadala ng isang hiling ng callback mula sa listahan ng

mga himpilan papunta sa menu ng PTT, piliin ang *Lista ng channel*, at mag-scroll sa nais na himpilan. Piliin ang **Opsyon > Aktibo miyembro**, mag-scroll sa nais na kontak, at piliin ang **Opsyon > Padala sa callback**.

- Upang magpadala ng paghiling ng callback mula sa listahan ng paghiling ng callback sa menu ng *Push to talk*, piliin ang *Inbox ng callback*. Mag-scroll sa isang kontak, at piliin ang **Opsyon > Padala sa callback**.

Sumagot sa paghiling ng callback

1. Upang buksan ang *Inbox ng callback*, piliin ang **Tingnan**. Ang listahan ng mga palayaw ng mga taong nagpadala sa iyo ng mga paghiling ng callback ay ipapakita.
2. Upang magsagawa ng isang pang-dalawahang tawag, pindutin ang pindutan ng pindutan sa pagpapalakas ng tunog (PTT).
3. Upang magpadala ng paghiling ng tawag pabalik sa nagpadala, piliin ang **Opsyon > Padala sa callback**. Upang tanggalin ang paghiling, piliin ang **Tanggal**.

I-save ang nagpadala ng paghiling ng callback

1. Upang buksan ang *Inbox ng callback*, piliin ang **Tingnan**. Ang listahan ng mga palayaw ng mga taong nagpadala sa iyo ng mga paghiling ng callback ay ipapakita.
2. Upang tingnan ang nagpadala ng PTT address, piliin ang **Opsyon > Tingnan PTT add..**

Upang i-save ang isang bagong kontak o upang idagdag ang isang address ng PTT isang kontak, piliin ang **Opsyon > I-save bilang o Idagdag sa cont..**

■ Pagdagdag ng pang-dalawahang kontak

Pwede mong i-save ang mga pangalan ng mga taong madalas mong ginagawan ng pang-dalawahang tawag sa mga sumusunod na paraan.

- Upang magdagdag ng isang address ng PTT sa isang pangalan sa *Mga contact*, hanapin ang nais na kontak, at piliin ang **Opsyon > Idagdag detalye > PTT address.**
- Upang magdagdag ng isang kontak sa listahan ng mga kontak sa PTT, piliin ang **Menu > Push to talk > Lista ng mga contact > Opsyon > Idagdag contact.**
- Upang magdagdag ng kontak mula sa listahan ng himpilan, kumunekta

sa serbisyong PTT, piliin ang *Lista ng channel*, at mag-scroll sa nais na himpilan. Piliin ang **Opsyon > Aktibo miyembro**. Mag-scroll sa kasapi na ang kontak information ay gusto mong i-save, at piliin ang **Opsyon**. Upang magdagdag ng isang bagong kontak, piliin ang *I-save bilang*. Upang magdagdag ng push to talk address sa isang pangalan sa *Mga contact*, piliin ang *Idagdag sa cont..*

■ Lumikha at magtaguyod ng mga himpilan

Kapag tinawagan mo ang isang pangkat, lahat ng miyembrong kasama sa himpilan ay magkakasabay na makakarinig ng tawag.

Ang bawat kasapi sa mga himpilan ay nakikilala sa isang palayaw, na ipapakita bilang pagpapakilala sa tumatawag. Ang mga kasapi ng himpilan ay maaaring pumili ng palayaw para sa kanilang mga sarili sa bawat himpilan.

Ang mga himpilan ay nakatala na may URL address. Itinatala ng isang gumagamit ang grupong URL sa network sa pamamagitan ng pagsama sa sesyon ng himpilan sa unang pagkakataon.

Mayroong iba't-ibang mga uri ng himpilan ng PTT:

- Ang mga nakalaan na himpilan o provisioned channels ay mga nakasarang himpilan na nagpapahintulot ng mga piling kalahok lamang na binigyan ng service provider ng pribilehiyong sumali.
- Ang ad hoc na himpilan ay mga himpilan na maaaring buuhin ng mga gumagamit. Pwede kang lumikha ng sarili mong himpilan, at mag-imbata ng mga miyembro sa himpilan.
- Ang mga ad hoc pro na himpilan ay mga himpilan na malilikha mo mula sa kasapi miyembro sa isang nakalaang himpilan. Halimbawa, ang isang negosyo ay pwedeng magkaroon ng nakarasang himpilan at mga nakahiwalay na himpilan nilikha para sa mga partikular ng gawain sa negosyo.

Magdagdag ng himpilan

Piliin ang **Menu** > *Push to talk* > *Idagdag ang channel*. Pumili mula sa mga sumusunod na opsyon:

Gabayan — upang magdagdag ng isang bagong himpilan. Upang itakda ang antas ng seguridad para sa himpilan, piliin ang *Publikong channel* o ang *Pribadong channel*. Kung pinili mo ang *Pribadong channel*, ang

telepono ay awtomatikong lilikha ng halo-halong bahagi ng address ng himpilan na hindi makikita ng mga kasapi kapag tumanggap sila ng imbitasyon sa himpilan. Ang tao lamang na lumikha ng pribadong himpilan ang maaaring mag-imbata ng mga karagdagang kasapi sa himpilan. Magpasok ng pangalan para sa himpilan. Piliin ang *Default*, *Napakinggan*, o *Di aktibo*. Ipinabatid ng telepono na ang himpilan ay naka-imbak at ipinabatid nito ang katayuan nito. Ang *Default* at *Napakinggan* ay mga aktibong himpilan. Kapag pinindot mo ang pindutan sa pagpapalakas ng tunog (PTT) upang gumawa ng tawag sa himpilan, ang default na himpilanay tinatawagan kung hindi ka nag-scroll sa alinmang ibang himpilan o kontak. Upang magpadala ng paanyaya sa himpilan, piliin ang **Oo** kapag hiniling ito ng telepono. Pwede kang magpadala ng imbitasyon na ginagamit ang isang text message o infrared. Ang mga kasaping inimitahan mo sa mga pampublikong himpilan ay maaari ding mag-imbata ng mga karagdagang kasapi sa pangkat.

Manwal — upang sumali sa isang mayroon-nang himpilan. Ipasok ang address ng himpilan. Piliin ang *Default*, *Napakinggan*, o *Di aktibo*. Ipinabatid ng telepono na ang himpilan ay naka-

imbak at ipinapabatid nito ang katayuan nito. Ang *Default* at *Napakinggan* ay mga aktibong himpilan. Kapag pinindot mo ang pindutan sa pagpapalakas ng tunog (PTT) upang gumawa ng tawag sa himpilan, ang default na himpilan ay tinatawagan kung hindi ka nag-scroll sa alinmang ibang himpilan o kontak.

Tumanggap ng pag-anyaya

1. Kapag tumanggap ng ng paanyaya na text message ppaunta sa isang himpilan, ang *Channel imbita. natanggap:* ay ipapakita.
2. Upang tingnan ang palayaw ng taong nagpadala ng paanyaya at ang address ng himpilan kung ang himpilan ay hindi isang pribadong himpilan, pindutin ang **Tingnan**.
3. Upang idagdag ang himpilan sa iyong telepono, piliin ang **I-save**. Upang i-set ang katayuan para sa himpilan, piliin ang *Default*, *Napakinggan*, o *Di aktibo*.

Upang tanghian ang paanyaya, piliin ang **Labas > Oo**, o piliin ang **Tingnan > Alisin > Oo**.

■ Mga setting ng PTT

Mayroong dalawang mga uri ng setting ng PTT: mga setting para sa pagkunekta sa serbisyo at mga setting para sa paggamit.

Maaari kang tumanggap ng mga setting para sa pagkunekta sa serbisyo mula sa iyong network operator o service provider. Tingnan ang **"Serbisyong pagtatakda ng pagsasaayos"**, sa pahina 13. Pwede mo ring maipasok nang mano-mano ang setting o mga pagtatakda.

Tingnan ang **"Kumpigurasyon o pagtatakda"**, sa pahina 64.

Upang piliin ang mga setting para sa pagkunekta sa serbisyo, piliin ang **Menu > Push to talk > Mga setting ng kumpig**. at pumili mula sa mga sumusunod na pagpipilian:

Kumpigurasyon — upang pumili ng isang service provider, *Default*, o *Personal kumpig*. para sa serbisyong PTT. Ang mga configuration lamang na sumusuporta sa serbisyong PTT ang ipapakita.

Account — upang piliin ang isang account ng serbisyong PTT na nasa mga aktibong setting ng pagsasaayos.

Pwede mo ring pumili mula sa mga sumusunod na opsyon: *PTT pangalan ng gumagamit*, *Default na nickname*, *PTT password*, *Domain*, at *Server address*.

Upang baguhin ang mga setting ng PTT para magamit, piliin ang **Menu > Push to talk > Mga setting ng PTT**, at pumili mula sa mga sumusunod:

1 hanggang 1 tawag > Bukas — upang itakda telepono upang payagan nito

ang pagtanggap ng papasok na pang-dalawahang mga tawag.

1 hanggang 1 tawag > Sarado – upang makapagsagawa ng mga isa-sa-isang tawag ngunit hindi makatanggap ng mga ito. Ang service provider ay maaaring mag-alay ng ilang serbisyo na pumapalit sa settings na ito. Upang itakda ang telepono upang pasabihan ka muna ng papasok na mga pang-dalawahang tawag sa pamamagitan ng ringing tone, piliin ang *Abisuhan*.

Mga napaking-gang channel > Bukas – upang buhayin ang mga napakinggang himpilan.

PTT status sa startup > Oo – upang maitakda ang telepono upang awtomatikong kumonekta sa serbisyong PTT kapag ibinukas mo ang telepono.

Ipadala PTT address ko > Hindi – upang maitago ang iyong mga PTT address mula sa himpilan at sa mga pang-dalawahang na tawag.

16. Web



Maari mong mapuntahan ang iba't-ibang serbisyong mobile Internet sa pamamagitan ng browser ng iyong telepono (serbiyong pang-network).



Mahalaga: Gamitin ang mga kagamitan lamang na pinagkakatiwalaan mo at nag-aalay ng sapat na seguridad at proteksyon laban sa nakakapinsalang software.

Alamin ang availability ng mga serbisyong ito, mga presyo, buwis, mga tagubilin mula sa iyong service provider.

Sa pamamagitan ng browser ng iyong telepono makikita mo ang mga serbisyong gumagamit ng wireless markup language (WML) o extensible hypertext markup language (XHTML) sa kanilang mga pahina. Ang anyo ay maaaring mag-iba dahil sa sukat ng screen. Maaaring hindi mo makita ang lahat ng detalye ng pahina ng Internet.

■ Itaguyod ang pagbabasa

Maaari mong tanggapin ang settings ng pagsasaayos na kinakailangan para sa streaming bilang mensahe sa pagsasaayos mula sa service provider

na nag-aalay ng serbisyo na gusto mong gamitin. Tingnan ang "[Serbisyong pagtatakda ng pagsasaayos](#)", sa pahina 13. Pwede mo ring ipasok nang mano-mano ang lahat ng pagtatakda ng pagsasaayos. Tingnan ang "[Kumpigurasyon o pagtatakda](#)", sa pahina 64.

■ Pagkunekta sa isang serbisyo

Una, siguraduhin na ang tamang mga settings ng pagsasaayos ng serbisyo na gusto mong gamitin ay isinaaktibo.

1. Upang piliin ang settings para sa pagkunekta sa serbisyo, piliin ang **Menu** > **Web** > **Mga setting** > **Mga setting ng kumpigurasyon**.
2. Piliin ang **Kumpigurasyon**. Ang mga configuration o pagsasaayos lamang na sumusuporta sa serbisyo ng pagbabasa ang ipapakita. Pumili ng isang service provider, **Default**, o **Personal kumpig**. para sa pag-browse. Tingnan ang "[Itaguyod ang pagbabasa](#)", sa pahina 91.

Piliin ang **Account** at ang isang account ng serbisyo sa pagbabasa (browsing service) na nasa

aktibong mga setting ng pagsasaayos.

Piliin ang *Ipakita ang terminal na window* > *Oo* upang magsagawa ng mga mano-mano na pagpapatunay ng gumagamit (user authentication) para sa mga koneksyong intranet.



Pangalawa, gumawa ng kuneksyon sa serbisyo sa isa sa mga sumusunod na paraan:

- Piliin ang **Menu** > *Web* > *Home*; o sa standby mode, pindutin nang matagal ang **O**.
- Upang pumili ng isang bookmark ng serbisyo, piliin ang **Menu** > *Web* > *Mga tanda*.
- Upang piliin ang huling URL, piliin ang **Menu** > *Web* > *Huling addr ng web*.
- Upang maipasok ang address ng serbisyo, piliin ang **Menu** > *Web* > *Pumunta sa address*, ipasok ang address ng serbisyo, at piliin ang **OK**.

■ Magbasa ng mga pahina

Pagkakunekta mo sa serbisyo, maaari ka nang magsimulang magbasa ng mga pahina nito. Ang function ng mga pindutan ng telepono ay maaaring iba-iba sa magkakaibang serbisyo. Sundin ang mga tekstong patnubay sa

display ng telepono. Para sa karagdagang impormasyon, kontakin ang iyong service provider.

Kung ang packet data ang pinili bilang tagadala ng data, ang  ay ipapakita sa kaliwang tuktok ng display kapag ginagawa ang pagbabasa. Kung tumanggap ka ng tawag o text message, o tumawag habang nasa isang koneksyong packet data, ang  ay ipapakita sa kanang tuktok ng display upang ipabatid na ang koneksyong packet data ay sinuspinde (pinapaghintay). Pagkatapos ng tawag ang telepono ay magtatangkang muling kumunekta sa koneksyong packet data.

Magbasa sa pamamagitan ng mga pindutan ng telepono

Gamitin ang mga pindutan sa paglilipat-lipat upang magbasa sa pahina.

Upang pumili ng isang aytem na may highlight, pindutin ang pindutan ng tawag, o piliin ang **Piliin**.

Upang ipasok ang mga letra at numero, pindutin ang mga pindutan, **O** hanggang **9**. Upang magpasok ng mga espesyal na karakter, pindutin ang *****.

Mga mapagpipilian habang nagbabasa

Nokia.com, *Home*, *Tanda idagdag*, *Mga tanda*, *Opsyon ng pahina*, *History*, *Mga download*, *Ibang mga opsyon*, *I-reload*, at *Umalis* ay maaaring magamit.

Ang service provider ay maaari ring mag-alok ng ibang mga mapagpipilian.

Ang cache ay isang lalagyan ng memorya na ginagamit upang pansamantalang mag-imbak ng data.

Kung tinangka mong mag-access o naka-access ka sa ipinaglilihim na impormasyon ng nangangailangan ng mga password, alisan ng laman ang cache pagkatapos ng bawat paggamit. Ang impormasyon o mga serbisyong na-access mo ay pinamamalagi sa cache.

Upang alisan ng laman ang cache, tingnan ang "[Cache memory](#)", sa pahina 96.

Direktang pagtawag

Ang browser ay sumusuporta sa mga function na pwede mong mapuntahan habang nagbabasa. Maaari kang magsagawa ng isang tawag sa telepono, at mag-imbak ng isang pangalan at numero ng telepono mula sa isang pahina.

■ Mga setting ng anyo

Habang nagbabasa, piliin ang

Opsyon > *Ibang mga opsyon* > *Setting ng anyo*; o sa standby mode, piliin ang **Menu** > *Web* > *Mga setting* > *Mga setting ng anyo* at pumili mula sa mga sumusunod na pagpipilian:

Pag-wrap ng teksto > *Bukas* — upang itakda ang teksto na magpatuloy sa kasunod na linya sa display. Kung pinili mo ang *Sarado*, ang teksto ay paiikliin.

Laki ng font > *Ekstra liit*, *Maliit*, o *Katamtaman* upang itakda ang sukat ng font o titik.

Mga imahen ipakita > *Hindi* — upang itago ang mga larawan sa pahina. Ito ay makakapagpabilis sa pagbabasa ng mga pahinang naglalaman ng maraming larawan.

Mga alerto > *Alerto sa di-ligtas na kuneksyon* > *Oo* — upang maitakda ang telepono nag mag-alerto kapag ang isang naka-kodigong koneksyon (encrypted connection) ay naging isang hindi naka-kodigong koneksyon (unencrypted connection) habang nagbabasa

Mga alerto > *Alerto para sa mga di-ligtas na bagay* > *Oo* upang i-set ang telepono para mag-alerto kapag ang isang nakakodigong (encrypted) pahina ay naglalaman ng di-ligtas na aytem. Ang mga alertong ito ay hindi gumagarantiya ng isang ligtas na kuneksyon. Para sa karagdagang

impormasyon, tingnan ang "[Seguridad ng browser](#)", sa pahina 96.

Pag-eencode ng karakter > Pag-eencode ng laman — upang piliin ang pag-encode para sa nilalaman ng pahina ng browser.

Pag-eencode ng karakter > Unicode (UTF-8) mga web address > Bukas — upang i-set ang telepono para magpadala ng isang URL bilang UTF-8 encoding. Maaaring kailanganin mo ang setting na ito kapag nag-access ka sa isang Web page na nilikha sa banyagang wika.

Laki ng screen > Buo o Maliit — upang maitakda ang pagkakatag ng screen

■ Mga cookie

Ang cookie ay isang data na tinitipon ng site sa cache memory ng iyong telepono. Ang mga cookie ay tinitipon hang alisan mo ng laman ang cache memory. Tingnan ang "[Cache memory](#)", sa pahina 96.

Habang nagbabasa, piliin ang **Opsyon** > *Ibang mga opsyon* > *Seguridad* > *Setting ng cookie*; o sa standby mode, pilin ang **Menu** > *Web* > *Mga setting* > *Mga setting ng seguridad* > *Mga cookie*. Upang ipahintulot o pigilan ang pagtanggap ng cookies ng telepono, piliin ang *Payagan* o *Tanggihan*.

■ Mga script sa protektadong kuneksyon

Pwede mong piliin kung gusto mong ipahintulot ang paggamit ng mga script mula isang ligtas na pahina.

Ang telepono ay sumusuporta sa mga script ng WML.

1. Habang nagbabasa, piliin ang **Opsyon** > *Ibang mga opsyon* > *Seguridad* > *Sett. ng WMLScript*; o sa standby mode, piliin ang **Menu** > *Web* > *Mga setting* > *Mga setting ng seguridad* > *WMLScript sa secure kuneksyon*.
2. Upang ipahintulot ang scripts, piliin ang *Payagan*.

■ Mga bookmark

Pwede mong i-save ang mga address ng pahina bilang mga bookmark sa memorya ng telepono.

1. Habang nagbabasa, piliin ang **Opsyon** > *Mga tanda*; o sa standby mode, piliin ang **Menu** > *Web* > *Mga tanda*.
2. Mag-scroll sa isang bookmark, at piliin ito, o pindutin ang pindutan ng tawag upang kumunekta sa pahinang kaugnay ng bookmark.
3. Piliin ang **Opsyon** upang tingnan, i-edit, tanggalin, o ipadala ang bookmark; upang lumikha ng

bagong bookmark; o i-imbak ang bookmark sa isang folder.

Ang iyong kagamitan ay maaaring may mga bookmark na inilagay para sa mga site na hindi kasapi sa Nokia. Hindi ginagarantiyahan o inirerekomenda ng Nokia ang mga site na ito. Kung pinili mong gamitin ang mga ito, dapat mong gawin ang mga katulad na pag-iingat, para sa seguridad o nilalaman, katulad sa anumang ibang Internet site.

Tumanggap ng bookmark

Kapag tumanggap ka ng bookmark ipinadala bilang bookmark, ang *1 tanda natanggap* ay ipapakita. Upang i-imbak ang bookmark, piliin ang **Ipakita** > **I-save**. Upang tingnan o tanggalin ang bookmark, piliin ang **Opsyon** > **Tingnan** o **Tanggalin**. Upang itapon ang bookmark nang direkta pagkatapos mong matanggap ang bookmark, piliin ang **Labas** > **OK**.

■ Pag-download ng mga file

Upang makapag-download ng karagdagang mga tono, imahe, laro o application sa iyong telepono (serbisyo ng network), piliin ang **Menu** > **Web** > **Mga download** > **Tono download**, **Graphic download**, **Download ng laro**, **Video i-download**, **Download na tema**, o **Apli. download**.



Mahalaga: linstala lamang at gamitin ang mga application at ibang software mula sa mga pinanggagalingan na nag-aalay ng sapat na seguridad at proteksyon laban sa nakakapinsalang software.

Upang awtomatikong i-imbak ang lahat ng mga nai-download na file sa naaangkop na folder sa *Gallery* o sa *Mga aplik.*, piliin ang **Menu** > **Web** > **Mga setting** > **Mga setting ng pag-download** > **Awtomatikong pag-save** > **Bukas**.

■ Inbox ng Serbisyo

Ang telepono ay makakatanggap ng mga serbisyong mensahe (mga itinulak na mensahe) na ipinadala ng iyong service provider (serbisyo ng network). Ang mga mensaheng serbisyo ay mga abiso ng, halimbawa, mga ulong balita, at maaaring maglaman ang mga ito ng text message o address ng isang serbisyo.

Upang mapuntahan ang *Serbisyong inbox* sa standby mode, kapag nakatanggap ka ng isang mensahe ng serbisyo, piliin ang **Ipakita**. Kung pinilimo ang **Labas** ang mensahe ay inililipat sa *Serbisyong inbox*. Upang mapuntahan ang *Serbisyong inbox* sa

ibang pagkakataon, piliin ang **Menu** > **Web** > **Serbisyong inbox**.

Upang mapuntahan ang **Serbisyong inbox** habang nagbabasa, piliin ang **Opsyon** > **Ibang mga opsyon** > **Serbisyong inbox**. Mag-scroll sa mensaheng gusto mo, at upang buhayin ang browser at i-download ang minarkahang nilalaman, piliin ang **Kunin**. Upang ipakita ang detalyadong impormasyon tungkol sa paunawa ng serbisyo, o upang tanggalin ang mensahe, piliin ang **Opsyon** > **Mga detalye** o **Tanggalin**.

Mga setting ng inbox ng serbisyo

Piliin ang **Menu** > **Web** > **Mga setting** > **Mga setting ng serbisyo inbox**.

Upang i-set kung gusto ninyong tumanggap ng mensahe ng serbisyo, piliin ang **Mga serbisyong mensahe** > **Bukas** o **Sarado**.

Upang i-set ang telepono upang tumanggap ng mga mensahe ng serbisyo mula sa mga patungot lamang na inaprubahan ng service provider, piliin ang **Filter ng mensahe** > **Bukas**. Upang tingnan ang listahan ng mga inaprobahang patnugot ng nilalaman, piliin ang **Trusted channel**.

Upang i-set ang telepono upang awtomatikong buhayin ang browser mula sa standby mode kapag ang

telepono ay tumanggap ng mensahe ng serbisyo, piliin ang **Awtomatikong koneksyon** > **Bukas**. Kung pinili mo ang **Sarado**, byuhayin lamang ng telepono ang browser pagkatapos na piliin mo ang **Kunin** kapag ang telepono ay tumanggap ng isang mensahe ng serbisyo.

Cache memory

Ang cache ay isang lalagyan ng memorya na ginagamit upang pansamantalang mag-imbak ng data. Kung tinangka mong mag-access o naka-access ka sa ipinaglilihim na impormasyon ng nangangailangan ng mga password, alisan ng laman ang cache pagkatapos ng bawat paggamit. Ang impormasyon o mga serbisyong na-access mo ay pinamamalagi sa cache.

Upang alisin ang laman ng cache, habang nagbabasa, piliin ang **Opsyon** > **Ibang mga opsyon** > **I-clear ang cache**; sa standby mode, piliin ang **Menu** > **Web** > **I-clear ang lalagyan**.

Seguridad ng browser

Ang mga katangian para sa seguridad ay maaaring kinakailangan sa ilang serbisyo, tulad ng online na pagbabangko o pamimili. Para sa ganoon mga koneksyon ay kailangan mga ng mga sertipiko ng seguridad at kung maaari ay isang module ng

seguridad, na maaaring makuha sa iyong SIM card. Para sa karagdagang impormasyon, kontakin ang iyong service provider.

Module ng seguridad

Ang module ng seguridad ay nagpapabuti ng mga serbisyo para sa seguridad para sa mga application na nangangailangan ng kuneksyon ng browser, at nagpapahintulot sa iyo na gumamit ng pirmang digital. Ang module ng seguridad ay pwedeng maglaman ng mga sertipiko gayon din ng mga pribado at pampublikong susi. Ang mga sertipiko ay titipunin sa module ng seguridad ng service provider.

Piliin ang **Menu > Web > Mga setting > Mga setting ng seguridad > Mga sett. ng module ng seguridad** at pumili mula sa mga sumusunod:

Mga detalye ng module ng seg. — upang ipakita ang titulo ng module ng seguridad, tagapamanupaktura, at serial number.

Hiling ng PIN module — upang itakda ang telepono para hingin ang PIN ng module kapag gumagamit ng mga serbisyong ipinagkakaloob ng module ng seguridad. Ipasok ang code, at piliin ang **Bukas**. Upang hindi na kailanganin ang paghiling ng module PIN, piliin ang **Sarado**.

Palitan ang PIN ng module — upang baguhin ang module PIN, kung ipinahihintulot ng module ng seguridad. Ipasok ang kasalukuyang module PIN code, at saka ipasok ang bagong code nang dalawang beses.

Palitan pangsign na PIN — upang baguhin ang pampirmang PIN code para sa pirmang digital. Piliin ang pampirmang PIN na gusto ninyong baguhin. Ipasok ang kasalukuyang PIN code, at saka ipasok ang bagong code nang dalawang beses.

Tingnan din ang **"Access code, mga"**, sa pahina 13.

Mga sertipiko




Mahalaga: Tandaan na kahit na ang paggamit ng mga sertipiko ay ginagawang mas maliit ang mga panganib sa malalayong kuneksyon at pag-instala ng software, ang mga ito ay dapat gamitin nang tama upang makinabang sa tumaas na seguridad. Ang pagkakaroon ng sertipiko ay hindi nag-aalay ng proteksiyon; ang tagapamahala ng sertipiko ay dapat maglaman ng tama, tunay, o pinagkakatiwalang mga sertipiko para magkaroon ng mas mataas na seguridad.

Ang mga sertipiko ay may mga nakatakang buhay. Kung ang Napasong sertipiko o Sertipiko na wala pang bisa ay ipinakita kahit na dapat na may bisa ang sertipiko, tiyaking tama ang kasalukuyang petsa at oras sa iyong telepono.

Bago baguhin ang mga setting na ito, dapat mong tiyakin na tunay na pinagkakatiwalaan ninyo ang may-ari ng sertipiko at ang sertipiko ay talagang angkin ng nakalistang may-ari.

May tatlong uri ng sertipiko: mge sertipiko ng server, mga sertipiko ng awtoridad, at mga sertipiko ng gumagamit. Maaari mong matanggap ang mga sertipikong ito mula sa iyong service provider. Ang mga sertipiko ng awtoridad at mga sertipiko ng gumagamit ay maaari ring i-save sa module ng seguridad ng service provider.

Upang tingnan ang listahan ng mga sertipiko ng awtoridad o sertipiko ng gumagamit na nai-download sa iyong telepono, piliin ang **Menu** > **Web** > **Mga setting** > **Mga setting ng seguridad** > **Awtoridad ng sertipiko** o ang **Sertipiko ng gumagamit**.

Ang tagapagpahiwatig ng seguridad na  ay ipapakita habang nakakunekta kung ang paghahatid ng


data sa pagitan ng telepono at ng server ng nilalaman ay naka-encrypt.

Ang icon ng seguridad ay hindi nagpapabatid na ang paghahatid ng data sa pagitan ng gateway at ng server ng nilalaman (lugar kung saan iniimbak ang hiniling na resource) ay protektado. Tinitiyak ng service provider na ligtas ang paghahatid ng data sa pagitan ng gateway at ng server ng nilalaman.

Pirmang digital

Pwede kang gumawa ng mga pirmang digital sa pamamagitan ng iyong telepono kung ang iyong SIM card ay may module ng seguridad. Ang paggamit ng pirmang digital ay pwedeng katulad ng pagpirma ng iyong pangalan sa isang papel na singil, kontrata, o ibang dokumento.

Upang gumawa ng pirmang digital, piliin ang isang link sa isang pahina, halimbawa, ang titulo ng librong gusto mong bilhin at ang presyo nito. Ang teksto na pipirmahan, na maaaring kabilang ang halaga at petsa, ay ipapakita.

Tiyakin na ang teksto ng header ay **Basahin** at ang icon ng pirmang digital  ay ipinapakita.

Kung ang icon ng pirmang digital ay hindi lumitaw, may pagkukulang sa seguridad, at hindi ka dapat magpasok

ng anumang personal na impormasyon tulad ng iyong pampirmang PIN.

Upang pirmahan ang teksto, basahin muna ang lahat ng teksto, at saka piliin ang **Sign**.

Ang teksto ay maaaring hindi magkasya sa isang screen. Kung gayon, tiyakin na mag-scroll sa at basahin ang lahat ng teksto bago pumirma.

Piliin ang sertipiko ng gumagamit na gusto mong gamitin. Ipasok ang pang-lagdagang PIN (tingnan ang ["Access code, mga"](#), sa pahina 12, at piliin ang **OK**. Ang icon ng pirmang digital ay mawawala, at ang serbisyo ay maaaring magpakita ng kumpirmasyon ng iyong pagbili.

awtomatikong tatanggapin o tatanggihan ng telepono alinsunod sa pinagkasunduan ninyo ng iyong network operator o service provider. Ipagpakita ng telepono ang *1 di-nasagot na hiling ng posisyon*. Upang tingnan ang hindi nakuhang paghiling ng lokasyon, piliin ang **Ipakita**.

Upang makita ang impormasyon ukol sa 10 na pinaka-kamakailan lamang na pagbibigay-alam ukol sa pagkapribado at ang mga kahilingan o upang mabura ang mga ito, piliin ang **Menu > Web > Pagpoposisyon > Log ng puwesto > Folder buksan o Tanggalin lahat**.

■ Impormasyon tungkol sa posisyon

Ang network ay maaaring magpadala sa iyo ng paghiling ng lokasyon. Pwede mong siguraduhin na ang network ay maghahatid lamang ng impormasyon tungkol sa lokasyon ng iyong telepono kung inaprobahan mo ito (network service). Kontakin ang iyong network operator o service provider upang mag-subscribe at upang sumang-ayon sa paghahatid ng impormasyon tungkol sa lokasyon.

Upang tanggapin o tanggihan ang paghiling ng lokasyon, piliin ang **Tanggap** o **Tanggi**. Kung hindi mo nakuha ang kahilingan, ito ay

17. Mga serbisyong SIM



Ang iyong SIM card ay maaaring magdulot ng mga karagdagang serbisyo na maaari mong mapuntahan. Ang menu na ito ay ipinapakita lamang kapag sinuportahan ng iyong SIM card. Ang pangalan at mga nilalaman ng menu ay nakasalalay sa SIM card.

Para sa kakayahang magamit at impormasyon sa paggamit ng mga serbisyong nasa SIM card, kontakin ang iyong SIM card vendor. Ito ay maaaring ang service provider, network operator, o ibang vendor.

Upang i-set ang telepono upang ipakita sa iyo ang mga mensahe ng kumpirmasyon na ipinadadala sa pagitan ng iyong telepono at ng network kapag gumagamit ka ng mga serbisyong SIM ay piliin ang **Menu** > *Mga setting* > *Telepono* > *Pagkumpirma ng SIM service* > *Oo*.

Ang paggamit ng mga serbisyong ito ay maaaring mangailangan ng pagpapadala ng mga mensahe o pagtawag sa telepono na maaaring singilin ka.

18. Kakayahang ikunekta ng PC

Pwede kang magpadala at tumanggap ng e-mail, at gamitin ang Internet kapag ang iyong telepono ay nakakunekta sa isang katugmang PC sa pamamagitan ng infrared, Bluetooth, o koneksyon ng data cable (CA-42). Pwede mong gamitin ang telepono sa iba-ibang pagkunekta sa PC at mga application na nauukol sa pakikipag-usap ng data.

■ Nokia PC Suite

Sa pamamagitan ng Nokia PC Suite ay maaari mong maipagpasabay ang *Mga contact*, *Kalendaryo*, *Lista ng gawain*, at *Mga tala* sa pagitan mo at ng katugmang PC.

Makakahanap ka ng karagdagang impormasyon ukol sa Nokia PC Suite, halimbawa ang mga file na maaaring mai-download, sa lugar ng pagsuporta sa Nokia Web site sa www.nokia-asia.com/support.

■ Packet data, HSCSD, at CSD

Gamit ang iyong telepono ay maaari mong magamit ang packet data, high-speed circuit switched data (HSCSD), at circuit switched data (CSD, *GSM data*).

Para sa kakayahang makakuha at pag-subscribe sa mga serbisyong data, kontakin ang iyong network operator o service provider.

Ang paggamit ng mga serbisyong HSCSD ay kumukunsumo ng baterya ng telepono nang mas mabilis sa mga pangkaraniwang tawag na boses o data. Maaaring kailanganin mong ikunekta ang telepono sa isang charger habang ginagawa ang paglipat ng data.

Tingnan ang "[Packet data \(EGPRS\)](#)", sa pahina 62.

■ Mga aplikasyon sa pakikipag-usap ng data

Para sa impormasyon tungkol sa paggamit ng application na ng paghahatid ng data, tingnan ang dokumentasyong ibinibigay na kasama nito. Ang pagtawag o pagsagot ng mga tawag habang nakakunekta sa isang computer ay hindi iminumungkahi, dahil ito ay maaaring makagambala sa operasyon. Para sa mas mahusay na pagganap habang nasa mga tawag na data, ipatong na nakataob ang telepono sa hindi gumagalaw na ibabaw. Huwag ililipat ang telepono sa pamamagitan ng paghawak dito habang nasa tawag na pang-data.

19. Mga Tunay na Pagpapahusay

Maraming bagong pagpapahusay na makukuha para sa iyong



telepono. Piliin ang mga pagpapahusay na tumutugon sa iyong mga mismong pangangailangang pangkomunikasyon.

Ang ilan sa mga pagpapahusay ay detalyadong inilarawan sa ibaba.

Para malaman kung makukuha ang mga pagpapahusay, mangyaring magtanong sa iyong dealer.

Ilang praktikal na mga tuntunin tungkol sa mga accessory at pagpapahusay:

- Panatilihin ang mga accessory at pagpapahusay na hindi maaabot ng maliliit na bata.
- Kapag tinatangal ninyo ang kurdon ng power ng anumang accessory o pagpapahusay, mahigpit na hawakan at hilahin ang plug o saksakan, hindi ang kurdon.
- Regular na tiyakin na ang mga pagpapahusay na nakakabit sa sasakyan ay wastong inilagay at tumatakbo.

- Ang pagkakabit ng anumang kumplikadong mga pagpapahusay ng kotse ay dapat lamang gawin ng isang kuwalipikadong tauhan.

Gamitin lamang ang mga baterya, charger at pagpapahusay na inaprubahan ng gumawa ng telepono. Ang paggamit ng ibang mga klase ay maaaring magpawalang-bisa sa anumang pag-aproba o garantiya sa inyong telepono, at maaaring mapanganib.

■ Baterya

Uri	Tech	Panahon ng pakikipag-usap *	Standby *
BL-5B	Li-ion	hanggang 3 oras	hanggang 300 oras

* Ang pagkakaiba-iba sa mga oras ng pagpapatakbo ay maaaring mangyari depende sa SIM card, network at mga setting ng paggamit, istilo ng paggamit at mga kapaligiran. Ang paggamit ng FM radio at integrated hands-free ay makakaapekto sa talktime at standby.

■ Ikinakabit na mga solusyon

Nokia Plug-in Car Handsfree HF-3

Kabilang dito ang isang naipaloob na speaker, naikabit na mikropono, at pag-charge ng telepono. Isaksak sa cigarette lighter socket ng iyong sasakyan at handa ka na para sa mga handsfree na mga tawag sa pamamagitan ng iyong katugma mobile na telepono.

■ Audio adaptor

Nokia Audio Adapter AD-46

Sa pamamagitan ng Nokia Audio Adapter AD-46 napapakingan ng katugmang phone ang FM na radyo at music player sa mga stereo na headphone na may karaniwang 3.5 mm na konektor. Ang adapter ay may isang malayong kontrol para sa pagsagot at pagtatapos ng mga tawag, at isang nakakabit na antenna upang mapahusay ang pagkatanggap ng FM stereo. Ang mahabang kable at pang-klip na nakakabit ang nagpapaginhawang gamitin ang adapter na ito.

■ Desk stand – Simpleng desk stand

Nokia Battery Charging Stand DT-14

Ang nasa usong Nokia Battery Charging Stand DT-14 ay isang madali at maginhawang pag-charge ng isang pang baterya ng telepono. Gamitin ito kasama ang mga charger na Nokia na AC-3, AC-4, o DC-4, o mga charger na AC-1, ACP-12, o LCH-12 na may Charger Adapter CA-44. Ang stand para sa pag-charge ay katugma ng mga bateryang Nokia na BL-4C, BL-5C.

■ Data – cable

Nokia Connectivity Adapter Cable CA-42

Ang kable ng USB ang kumukonekta sa iyong aparatong Nokia sa isang katugmang PC at sumusuporta sa paggamit ng Nokia PC Suite na software. Sa Paglilipat ng data at... pagsasagawa ng pagpapatula ng kalendaryo, phonebook, mga tala, to-do list – depende sa iyong bersyon ng Nokia PC Suite.

20. Impormasyon tungkol sa baterya

■ Pagkarga at Pagdiskarga

Ang iyong aparato ay pinatatakbo ng isang bateryang muling nakakargahan. Tandaan na ang lubos na pagganap ng isang bagong baterya ay nakakamit lamang pagkaraan ng dalawa o tatlong kumpletong pag-inog ng pagkarga at pagdiskarga. Ang baterya ay pwedeng kargahan at diskargahan nang daan-daang ulit pero mawawalan din ito ng lakas. Kapag ang mga oras ng pakikipag-usap at standby ay kapansin-pansing mas maikli sa karaniwan, palitan ang baterya. Gumamit ng mga baterya lamang na inaprubahan ng Nokia, at muling kargahan ang iyong baterya ng mga charger na inaprubahan ng Nokia at itinalaga para sa kagamitang ito.

Hugutin ng charger mula sa saksakan ukol sa kuryente at mula sa kagamitan kapag hindi ginagamit. Huwag iiwan ang isang lubos na nakargahang baterya na nakakabit sa isang charger, dahil ang sobrang pagkarga ay maaaring magpaikli sa buhay nito. Kung iiwang hindi ginagamit, ang bateryang lubos na kinargahan ay manghihina rin sa tagal ng panahon.

Gamitin lamang ang baterya para sa sinasadyang layunin. Huwag gagamit

ng anumang charger o baterya na may pinsala.

Huwag i-short circuit ang baterya. Ang aksidenteng short circuit ay pwedeng mangyari kapag ang metalikong bagay tulad ng barya, klip, o panulat ay naging sanhi ng diretsong kuneksyon ng positibo (+) at negatibong (-) mga terminal ng baterya. (Ang mga ito ay anyong mga piraso ng metal sa baterya.) Ito ay maaaring mangyari, halimbawa, kapag nagdadala ka ng ekstrang baterya sa iyong bulsa o pitaka. Ang pag-short circuit ng mga terminal ay maaaring makapinsala sa baterya o sa bagay na ikinukunekta.

Ang pag-iwan sa baterya sa maiinit o malalamig na lugar, tulad ng isang nakasarang kotse kapag tag-init o taglamig, ay magbabawas ng kapasidad at buhay ng baterya at sa kakayahan nitong magkarga. Laging sisikapin na panatilihin ang baterya sa pagitan ng 15°C at 25°C (59°F at 77°F). Ang aparto na may mainit o malamig na baterya ay maaaring pansamantalang hindi umandar, kahit ang baterya ay lubos na nakargahan. Ang pagganap ng baterya ay partikular na limitado sa mga temperatura na lubhang maginaw.

Huwag itatapon ang mga baterya sa apoy dahil maaaring sumabog ang mga

ito. Maaaring sumagok ang mga baterya kung napinsala. Itapon ang mga baterya alinsunod sa mga lokal na regulasyon. Mangyaring iresaykel hangga't maari. Huwag itapon bilang basura sa bahay.

■ Mga tagubilin sa pagpapatunay ng baterya ng Nokia

Laging gamitin ang orihinal na mga bateryang Nokia para sa iyong kaligtasan. Upang tiyakin na orihinal na bateryang Nokia ang makukuha mo, bilhin ito mula sa isang awtorisadong dealer ng Nokia, hanapin ang logo ng Nokia Original Enhancements sa pakete at siyasatin ang tatak na hologram na ginagamit ang mga sumusunod na hakbang:

Ang matagumpay na pagkumpleto ng lahat ng hakbang ay hindi isang garantiya ng pagiging tunay ng baterya. Kung may dahilan para maniwala ka na ang iyong baterya ay hindi isang tunay na orihinal na baterya ng Nokia, huwag mo itong gagamitin kaagad at dalhin ito sa pinakamalapit na awtorisadong sentro ng serbisyo o dealer ng Nokia para sa tulong. Ang iyong awtorisadong Nokia service point o dealer ay magsisiyasat ng baterya para matiyak kung tunay. Kung hindi mapatunayan kung tunay

ang baterya, ibalik ang baterya sa binilhan.

Hologram ng pagpapatunay

1. Kapag tumitingin sa tatak na may hologram, dapat mong makita ang simbolo ng Nokia connecting hands mula sa isang anggulo at ang logo ng Nokia Original Enhancements kapag tumitingin mula sa ibang anggulo.




2. Kapag inanggulo mo ang hologram sa kaliwa, kanan, ibaba at itaas na mga bahagi ng logo, dapat mong makita ang 1, 2, 3, at 4 na tuldok sa bawat panig ayon sa pagkakasunod-sunod.



3. Kaskasin ang tabi ng label upang ihantad ang kodigo na may 20-bilang, halimbawa ay 12345678919876543210. Baligtarin ang baterya para ang mga numero ay humarap sa itaas. Ang 20-bilang na kodigo ay

nagsisimula sa numero sa hanay sa itaas na sinusundan ng hanay sa ilalim.



4. Kumpirmahin na ang 20-bilang na kodigo ay tunay sa pamamagitan ng pagsunod sa mga tagubilin sa www.nokiaoriginals.com/check.



Upang bumuo ng isang text message ay ipasok ang 20-bilang na kodigo, bilang halimbawa, 12345678919876543210, at ipadala sa +44 7786 200276.

Upang bumuo ng isang text message,

- Para sa mga bansa sa Asya-Pasipiko, maliban sa India: Ipasok ang 20-bilang na kodigo, bilang halimbawa, 12345678919876543210, at ipadala sa +61 427151515.
- Para sa India lamang: Ipasok ang salitang Battery at pagkatapos ay ang 20-bilang na kodigo ng baterya, halimbawa, Battery

12345678919876543210,
at ipadala sa 5555.

May pambansa at pandaigdig na singil ng operator.

Dapat kang makatanggap ng mensahe na nagpapabatid kung ang code ay magagawang patunayan.

Kung kailangan mo ng tulong sa pagkumpirma sa kodigo ng baterya, makipag-ugnayan sa iyong mga lokal na Sentro ng Pangangalaga ng Nokia na nakalista sa www.nokia-asia.com/carecentrelocator.

Paano kung peke ang iyong baterya?

Kung hindi mo makumpirma na ang iyong bateryang Nokia na may hologram sa etiketa ay isang tunay na bateryang Nokia, mangyaring huwag gagamitin ang baterya. Dalhin ito sa pinakamalapit na awtorisadong paayusan ng Nokia o sa tagapagbenta para ikaw ay matulungan.

Ang paggamit ng baterya na hindi inaprubahan ng gumawa ay maaaring mapanganib at maaaring magresulta sa mahinang pagganap at pinsala sa iyong kagamitan at sa mga pagpapahusay. Mapapawalang-saysay din ito sa anumang pag-apruba o warranty ng kagamitan.

Upang madagdagan ang kaalaman ukol sa mga orihinal na bateryang Nokia, bisitahin ang www.nokiaoriginals.com/battery.

Pag-aalaga at pagpapanatili

Ang iyong kagamitan ay isang produktong may superyor na disenyo at pagkakayari at dapat alagaan. Ang mga mungkahi sa ibaba ay makakatulong na protektahan ang iyong warranty coverage.

- Panatilihing tuyo ang kagamitan. Ang biglang pagbaba ng temperatura, humidity at lahat ng uri ng likido o halumigmig ay maaaring maglaman ng mga mineral na aagnas sa electric circuits. Kung sakali ngang mabasa ang iyong aparato, tanggalin ang baterya at hayaang matuyo ang kagamitan nang lubos bago ibalik ito.
- Huwag gagamitin o itatago ang kagamitan sa maalikabok, maruruming lugar. Maaaring masira ang mga gumagalaw at elektronikong bahagi nito.
- Huwag ilalagay ang kagamitan sa maiinit na lugar. Ang matataas na temperatura ay makakapagpaikli ng buhay ng mga kagamitang elektroniko, nakakasira ng mga baterya, at nakakapilipit o nakakalusaw ng mga plastik.
- Huwag ilalagay ang kagamitan sa malalamig na lugar. Kapag ang kagamitan ay bumalik sa normal na temperatura nito, maaaring mabuo

ang halumigmig sa loob ng kagamitan at masira ang elektronikong circuit boards.

- Huwag tatangkaing buksan ang kagamitan sa paraang iba sa itinatuigil sa patnubay na ito.
- Huwag ibabagsak, pupukpukin o kakalugin ang kagamitan. Ang di-maingat na paghawak ay makakasira ng panloob na circuit boards at pinong mechanics.
- Huwag gagamit ng mababagsik na kemikal, panlinis na solvents, o matatampang na detergent upang linisin ang kagamitan.
- Huwag pipintahan ang kagamitan. Ang pintura ay makakabara sa mga bahaging gumagalaw at makakapigil sa wastong paggamit.
- Gumamit ng malambot, malinis, tuyong tela upang linisin ang anumang mga lente (tulad ng mga lente ng kamera, proximity sensor, at light sensor).
- Gamitin lamang ang ipinagkaloob o inaprobahang pamalit na antenna. Ang mga di-awtorisadong antenna, modipikasyon o pangkabit ay makakasira sa kagamitan at maaaring lumalabag sa mga regulasyong nauukol sa mga aparatong de-radyo.

- Gamitin ang mga charger sa loob ng gusali.
- Laging gumawa ng backup ng data na gusto mong panatilihin (tulad ng mga kontak at tala ng kalendaryo) bago dalhin ang iyong kagamitan sa isang pasilidad ng serbisyo.

Ang lahat ng mungkahi sa itaas ay para sa iyong aparato, baterya, charger o anumang pagpapahusay. Kung ang isang kagamitan ay hindi wastong gumaganap, dalhin ito sa pinakamalapit na awtorisadong pasilidad ng serbisyo para sa serbisyo.

Karagdagang impormasyong pangkaligtasan

Ang iyong kagamitan at ang mga pagpapahusay nito ay maaaring may maliliit na bahagi. Panatilihin ang mga ito na hindi maaabot ng maliliit na bata.

■ Kapaligiran sa pagpapatakbo

Tandaang sundin ang anumang espesyal na mga regulasyon sa alinmang lugar at laging patayin ang iyong kagamitan tuwing ito ay ipinagbabawal gamitin, o kapag ito ay maaaring maging sanhi ng interference o panganib. Gamitin lamang ang kagamitan sa normal na posisyon ng paggamit nito. Ang kagamitang ito ay nakakatugon sa mga patnubay sa pagkahantad sa RF kapag ginagamit sa normal na posisyon na nakasandig sa tainga o kapag nakaposisyon nang hindi kukulangin sa 2.2 centimeters (7/8 pulgada) ang layo mula sa katawan. Kapag ang isang carry case, belt clip o holder ay ginagamit para sa paggamit na suot sa katawan, hindi ito dapat magtaglay ng metal at dapat iposisyon ang produkto nang hindi kukulangin sa binanggit sa itaas na layo mula sa iyong katawan. Upang maghatid ng data files o mga mensahe, ang kagamitang ito ay nangangailangan ng mahusay na kuneksyon sa network. Sa ilang kaso,

ang paghahatid ng data files o mga mensahe ay maaaring maantala hanggang ang nasabing kuneksyon ay makuha. Siguraduhin na ang mga tagubilin sa itaas tungkol sa distansiya ay sinusunod hanggang makumpleto ang paghahatid.

May mga bahagi ng telepono na magnetiko. Ang mga materyal na metaliko ay maaaring maakit ng aparato. Huwag maglalagay ng credit cards o ibang magnetic storage media sa malapit sa telepono, dahil ang impormasyong nakaimbak doon ay maaaring mabura.

■ Mga kagamitang pang-medikal

Ang pagpapaandar ng anumang radio transmitting equipment, kabilang ang wireless phones, ay maaaring makagambala sa pagganap ng mga kagamitang medikal na hindi sapat ang proteksyon. Kumunsulta sa isang manggagamot o sa tagagawa ng kagamitang medikal upang malaman kung ang mga ito may sapat na pansanggalang mula sa panlabas na RF energy o kung mayroon kang mga katanungan. Patayin ang iyong kagamitan sa mga pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan kapag may mga regulasyong nakapaskil sa mga lugar na ito na nagtatabubilin sa

inyo na gawin ito. Ang mga ospital o mga pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan ay maaaring gumagamit ng kagamitan na sensitibo sa panlabas na enerhiyang RF.

Mga pacemaker

Ang mga tagagawa ng pacemaker ay nagrekomenda na panatilihin ang pinakamababang layo na 6 na pulgada (15.3 cm) sa pagitan ng wireless phone at isang pacemaker upang maiwasan ang interference o pagkagambala sa pacemaker. Ang mga rekomendasyong ito ay kaayon ng independiyenteng pananaliksik ng at sariling mga rekomendasyon ng Wireless Technology Research. Ang mga tao na may pacemaker ay kailangang gawin ang sumusunod:

- Laging panatilihin ang aparato nang may higit sa 15.3 sentimetro (6 pulgada) ang layo mula sa pacemaker
- Huwag ilalagay ang kagamitan sa bulsa ng dibdib; at
- Hawakan ang kagamitan sa tainga na hindi katapat ng pacemaker upang mapaliit ang posibilidad ng interference o pagkagambala.

Kung nagsusupetsa kang mayroong pagkagambala, patayin ang iyong aparato, at ilayo ang aparato.

Mga hearing aid

May aparatong digital wireless na maaaring makagambala sa ilang mge hearing aid. Kung magkaroon ng

interference o pagkagambala, sumangguni sa iyong service provider.

■ Mga sasakyan

Ang RF signals ay maaaring makaapekto sa mga hindi wasto ang pagkakainstala o hindi sapat ang pananggalang na mga sistemang elektroniko sa mga sasakyang de-motor tulad ng electronic fuel injection systems, electronic antiskid (antilock) braking systems, electronic speed control systems, air bag systems). Para sa karagdagang impormasyon, itanong sa tagapamanupaktura o kinatawan ng iyong sasakyan o anumang kagamitan na idinagdag.

Ang mga kuwalipikadong tauhan lamang ang dapat magserbisyo sa kagamitan, o mag-istala ng kagamitan sa isang sasakyan. Ang maling pag-istal o pagkumpuni ay maaaring mapanganib at maaaring magpawalang-bisa sa anumang garantiya na nauukol sa kagamitan. Regular na tiyakin na ang lahat ng wireless device equipment sa iyong sasakyan ay maayos na nakakabit at umaandar. Huwag mag-iimbak o magdadala ng mga likidong maaaring magsiklab, mga gas o materyal na sumasabog sa kinalalagyan ng kagamitan, ang mga bahagi nito, o mga pagpapahusay. Para sa mga sasakyang may air bag, tandaan na ang mga air bag ay pumipintog nang may malakas na puwersa. Huwag maglalagay ng mga bagay, kabilang

ang ikinabit o nabubuhay na kagamitang wireless sa lugar na nasa itaas ng air bag o sa air bag deployment area. Kung ang aparatong wireless sa loob ng sasakyan ay hindi tamang ikinabit at pumintog ang air bag, maaaring magresulta sa malubhang pinsala.

Ang paggamit ng iyong aparato habang lumilipad sa sasakyang pang-himpapawid ay maaaring ipinagbabawal. Patayin ang iyong kagamitan bago sumakay sa sasakyang pang-himpapawid. Ang paggamit ng wireless teledevices sa isang sasakyang pang-himpapawid ay maaaring mapanganib sa operasyon ng sasakyang pang-himpapawid, makagagambala ng wireless telephone network at maaaring labag sa batas.

■ Mga kapaligirang maaaring sumabog

Patayin ang iyong telepono kapag nasa isang lugar na may atmospera na maaaring sumabog at sundin ang lahat ng tanda at tagubilin. Sa mga kapaligirang maaaring sumabog ay kabilang ang mga lugar na pangkaraniwang papayuhan ka na patayin ang makita ng iyong sasakyan. Ang mga siklab sa mga nasabing lugar ay maaaring maging sanhi ng pagsabog o sunog na nagreresulta sa pinsala sa katawan o maging ng kamatayan. Patayin ang kagamitan sa mga lugar na lagayan ng gatong tulad ng malapit sa mga gasolinahan at paayusan ng sasakyan. Sundin ang

mga takda sa paggamit ng kagamitang de-radyo sa mga himpilan, imbakan, at lugar ng pamamahagi ng gatong, mga planta ng kemikal o kung saan may ginagawang pagpapasabog. Ang mga lugar na may atmosperang maaaring sumabog ay madalas na hindi laging may malinaw na marka. Kabilang sa mga ito ang ilalim ng kubyerta sa mga bangka, mga pasilidad ng paglipat o pag-iimbak ng kemikal, mga sasakyang gumagamit ng liquefied petroleum gas (tulad ng propane o butane), at mga lugar kung saan ang hangin ay naglalaman ng mga kemikal o partikulo na tulad ng butil, alikabok o pulbos na metal.

■ Mga tawag na emergency



Mahalaga: Ang mga wireless na telepono, kabilang ang aparatong ito, ay tumatakbo na gumagamit ng mga radio signal, wireless network, landline network, at mga function na ang nagprograma ay ang gumagamit. Dahil dito, ang pagkunekta sa lahat ng kondisyon ay hindi maigagarantiya. Hindi ka dapat umasa lamang sa anumang aparatong wireless para sa mahahalagang komunikasyon tulad ng mga emergency na pang-medikal.

Upang gumawa ng tawag na emergency:

1. Kung ang kagamitan ay nakasara, buksan ito. Tiyakin kung may sapat na lakas ng signal.

May mga network na nag-aatas na ang isang may-bisang SIM card ay wastong ipasok sa kagamitan.

2. Pindutin ang pindutan ng tapusin kung ilang beses kailangan upang alisan ng laman ang display at ihanda ang kagamitan para sa mga tawag.
3. Ipasok ang opisyal na numero na pang-emergency para sa iyong kasalukuyang kinalalagyan. Ang emergency numbers ay nag-iiba depende sa lokasyon.

4. Pindutin ang pindutan ng tawag.
Kung may mga partikular na katangian na ginagamit, maaaring kailanganin mo muna na sarhan ang mga katangiang ito bago ka gumawa ng tawag na emergency. Sumangguni sa patnubay na ito o service provider para sa karagdagang impormasyon.

Kapag gumagawa ng tawag na emergency, tandaang ibigay nang tumpak ang lahat ng kailangang impormasyon. Ang iyong wireless na aparato ay maaaring ang tanging paraan ng komunikasyon sa pinangyarihan ng aksidente. Huwag tatapusin ang tawag hanggang sabihan ka na gawin ito.

■ Impormasyon sa Sertipikasyon (SAR)

ANG MODELONG ITO NG TELEPONO AY NAKAKATUGON SA MGA PANDAIGDIG NA PATNUBAY PARA SA PAGKAHANTAD SA RADIO WAVES.

Ang inyong mobile phone ay isang radio transmitter at receiver. Ito ay dinisenyo at ginawa upang hindi lumampas sa mga takda para sa pagkahantad sa radio frequency (RF) na inirerekomenda ng mga pandaigdig na patnubay (ICNIRP). Ang mga limitasyong ito ay bahagi ng mga malawakang patnubay at nagtatatag ng mga ipinahihintulot na antas ng RF energy para sa pangkalahatang populasyon. Ang mga patnubay ay binuo ng mga independenteng siyentipikong organisasyon sa pamamagitan ng pana-panahon at masusing pagtimbang ng mga siyentipikong pag-aaral. Kabilang sa mga patnubay ang isang malakihang palugit na pang-kaligtasan upang masigurado ang kaligtasan ng lahat ng mga tao, maging anuman ang kanilang edad at kalagayan ng kalusugan.

Ang batayan sa pagkahantad para sa mga aparatong mobile ay gumagamit ng isang yunit ng sukatan na kung tawagin ay ang Specific Absorption Rate, o SAR. Ang limitasyon ng SAR na nakasaad sa pandaigdig na pamantayan ay 2.0 watts/kilogram W/kg*. Ang mga pagsusuri para sa SAR ay isinasagawa na ginagamit ang batayan na posisyon sa paggamit na ang telepono ay naghahatid sa

pinakamataas na sertipikadong antas sa lahat ng sinuring frequency bands. Bagaman ang SAR ay pinagpapasiyahan sa pinakamataas na sertipikadong antas ng lakas, ang aktuwal na antas ng SAR ng telepono habang umaandar ay maaaring mas mababa sa pinakamataas na halaga. Ito ay dahil sa ang telepono ay idinisenyo upang umandar sa maraming antas ng lakas upang magamit lamang ang lakas na kinakailangan upang maabot ang network. Sa pangkalahatan, mas malapit kayo sa base station antenna, mas mababa ang nagagamit na lakas. Ang pinakamataas na halaga ng SAR para sa aparato na ito kapag sinuri para sa paggamit sa may tainga ay 0.84 W/kg.

Ang mga halaga ng SAR ay maaaring mag-iba depende sa mga iniaatas ng bansa sa pag-uulat at ng network band. Ang paggamit ng mga accessories at pagpapahusay ng aparato ay maaaring maghatid ng mga ibang halaga ng SAR. Ang karagdagang impormasyon sa SAR ay maaaring maibigay sa ilalim ng impormasyon ukol sa produkto sa www.nokia-asia.com.

* Ang SAR limit para sa mga mobile phone na ginagamit ng publiko ay 2.0 W/kg na naka-average sa mahigit sa 10 gramo ng tisyu ng katawan. Ang patnubay ay nagsasama ng malaking puwang na pangkaligtasan upang magbigay ng karagdagang proteksyon sa publiko at upang mag-akma para sa

anumang pagkakaiba sa mga pagsukat. Ang mga halaga ng SAR ay maaaring mag-iba depende sa mga iniaatas ng bansa sa pag-uulat at ng network band. Para sa impormasyon sa SAR sa ibang mga rehiyon mangyaring tingnan ang impormasyon sa produkto sa www.nokia.com.

Indeks

NUMERICS

4-na-direksyong navigation key 19

A

accessories. Tingnan ang mga pagpapahusay. 11

Agad na pagmemensahe

alisin harang 41

harangin 41

magbasa 40

mga grupo 41

mga kontak 41

pagkakaroon 40

serbisyo 38

tanggapin ang pag-imbita 39

tanggihan ang pag-imbita 39

umpisahan ang session 38

Agad na pagmemensahe, pakikipag-usap sa 40

Aking mga numero 55

Aking mga shortcut 58

Alarma ng tala 74

Alarmang orasan 73

Alertong nanginginig o vibrating alert 57

Ang aking presence 50

Antenna 17

Audio adaptor 103

B

Baterya 102

antas ng pagkarga 20

pag-install 15

pagkakarga 16, 104

Bilis-dayal 23, 52, 54

Browser

cache memory 96

mga bookmark 94

mga cookie 94

mga sertipiko 97

mga setting ng anyo 93

mga setting ng script 94

module ng seguridad 97

pagbabasa ng mga pahina 92

pagtataguyod 91

pirmang digital 98

Buksan ang pindutan 22

C

Cache memory 96

Calculator 77

Circuit switched data 101

configuration 64

Configuration o pagtatakda 64

CSD 101

D

Data - cable 103

Desk stand - Simpleng desk stand 103

Diksyunaryo 26

E

Earpiece o pakinigan sa tainga 19

EGPRS 62

E-mail 42

G

Gallery 68

H

Handsfree. Tingnan ang loudspeaker

High-speed circuit switched data 101

HSCSD 101

I

Ikandado ang keypad 22

Ikinakabit na mga solusyon 103

IM. 37

IMAP4 42

Impormasyon sa kinalalagyan 99

Impormasyon sa kontak 14

Impormasyon sa Sertipikasyon

(SAR) 113

Impormasyon sa suporta ng at pagkontak sa Nokia 14
Impormasyon tungkol sa baterya uri 102

Infrared
koneksyon 61
port 19

Internet 91
Ipasadya ang telepono 57
IR. Tingnan ang infrared

K

Kabitan ng pop-port 19
Kalendaryo 73
Kaligtasan
kapaligiran sa pagpapatakbo 109
karagdagang impormasyon 109
mga tagubilin 8
mga tawag na emergency 111

Kamera
kumuha ng litrato 69
magrekord ng video clip 69

Kandado ng telepono. Tingnan ang keypad lock.
Keyguard 22
Keypad lock 22

Kodigo o Code, mga seguridad 12
Kodigo, mga
password ng paghadlang 13
PIN 12
PUK 13
UPIN 12

Kontak at suporta sa Nokia 14
Kontak, mga
Kumuha ng litrato 69

L

Lakas ng signal 20
Laki ng titik 47
Listahan ng dapat gawin 74
Log o Talaan 56
Loudspeaker 19, 24

M

Magsulat ng mga text message 30
Mapag-hulang pagpapasok ng teksto 26

Media
kamera 69
radyo 69
rekorder o taga-rekord 71

Memorya
cache 93, 96
kapasidad 68
katayuan 53, 61
kopyahin 49
pinaghatian 10
pumili 53
puno 30, 34
SIM 48

Menu 28
Mga access code 12
Mga bookmark o tanda 94
Mga Business card 50
Mga cookie 94
Mga di-nakuhang tawag 56
Mga espesyal na karakter 27
Mga factory settings 66
Mga folder
iba pa 43
inbox 34, 43
mga naipadalang aytem 34
mga naka-imbak na aytem 34
outbox 34

Mga function ng tawag 23
Mga ilaw 64
mga impormasyong mensahe 44
Mga Kontak
aking mga numero 55
ang aking presence 50
burahin 49
i-edit ang mga detalye 49
i-imbak 48
kopyahin 49
mabilis na pagdayal 52, 54
maghanap 48
mga Business card 50
mga naka-subscribe na pangalan 51
mga numero ng serbisyo 55
mga pangkat ng tumatawag 53
mga setting 52
Mga listahan ng mga pinakahuling tawag 56
Mga litrato 69
Mga mensaheng flash 35
Mga mensaheng multimedia 31

- mga setting 45
- Mga nai-dial na numero 56
- Mga naka-subscribe na pangalan alisin ang subscription ng isang kontak 52
 - magdagdag ng mga kontak 52
- Mga natanggap na tawag 56
- Mga pananda ng serbisyo 55
- Mga Pagpapahusay 11
- Mga pananda 27
- Mga pangalan. Tingnan ang mga kontak
- Mga pang-boses na mensahe o voice messages 44
- Mga pangkat ng tumatawag 53
- Mga pindutan 19
- Mga pindutan ng lakas ng tunog 19
- Mga pindutan sa pagpili 19, 20
- Mga piyesa 19
- Mga profile 57
- Mga PUK code 13
- Mga serbisyo 91
- Mga serbisyo ng SIM 100
- Mga sertipiko 97
- Mga setting 57
 - aking mga shortcut 58
 - configuration o pagtatakda 64
 - display 59
 - EGPRS 62
 - ibalik ang mga factory settings 66
 - Inbox ng Serbisyo 95
 - IR 61
 - mga mensahe 45
 - mga pagpapahusay 63
 - mga profile 57
 - mga shortcut 58
 - mga tema 57
 - mga tono 57
 - modem 63
 - oras 59
 - orasan 59
 - packet data 62
 - pagkakakonekta 61
 - petsa 59
 - tawag 60
 - telepono 61
- Mga setting ng display 59
- Mga setting ng modem 63
- Mga setting ng oras 59

- Mga setting ng orasan 59
- Mga setting ng petsa 59
- Mga setting ng script 94
- Mga setting ng text message 45
- Mga Shortcut
 - pindutan sa paglilipat o navigation key 21
- Mga shortcut 20, 58
 - pansariling listahan 20
 - sa standby mode 20
- Mga simbolo 21
- Mga tag ng boses 53
- Mga tagapagpahiwatig 21
- Mga tagubilin sa pagpapatunay ng baterya ng Nokia 105
- Mga tala 75
- Mga tawag na emergency 111
- Mga tema 57
- Mga template o hulma 31
- Mga text message 29
- Mga tono 57
- Mga tono sa pag-ring 53, 57, 68, 69
- Mga Tunay na Pagpapahusay 102
- Mga utos ng serbisyo 44
- Mga video clip 69
- MMS. Tingnan ang mga mensaheng multimedia

N

- Naghihintay na tawag 24
- Nakasanayang pagpapasok ng teksto 26, 27
- Navigation o paglilipat-lipat 28
- Network
 - EGSM 9
 - GSM 9
 - pangalang ipinapakita sa display 20
 - services 10
- Nokia Audio Adapter AD-46 103
- Nokia Battery Charging Stand DT-14 103
- Nokia Connectivity Adapter Cable CA-42 103
- Nokia Plug-in Car Handsfree HF-3 103
- Numero ng message center 29

O

Operator menu 67
Organiser o Tagabuo 73

P

Packet data 62, 101
Pagbukas at pagsara 17
Pag-dial gamit ang boses
 magdagdag ng mga tag ng boses 53
 pamahalaan ang mga tag ng boses 53
 tumawag 54
Pag-download ng application 14
Pag-download, mga
 file 95
 mga aplikasyon 95
 mga application 14
 nilalaman 14
Pag-install
 baterya 15
 SIM card 15
Pag-install ng SIM card 15
Pagkarga ng baterya 16
Pagmemensahe gamit ang tunog o audio messaging. 36
Pagpapanatili 107
Pagpapareho ng server 75
Pagpareho 75
Pagpupuwesto 99
Pagsusulat ng teksto 26
Pagtipid ng lakas 21
Pagwawakas ng tawag 23
Pakikipag-usap ng data 101
Pangangalaga 107
Pangkalahatang tanaw o overview
 mga function 12
 mga pindutan at piyesa 19
Panulat na wika 26
Password ng paghadlang 13
PC
 pagkakakonekta 101
 pagpapasabay 76
PC Suite 101
Phonebook 48
PIN code, Mga 12, 17
Pinaghahatiang memorya 10
Pindutan ng Push to talk 19

Pindutan ng Tapusin 19
Pindutan ng Tawag 19
Pindutan sa pagbukas/pagpatay 19
Pindutan sa pag-iskrol. Tingnan ang pindutan sa paglilipat-lipat
Pindutan sa paglilipat o navigation key 19
Pindutan sa pag-utos gamit ang boses 19
Pirmang digital 98
POP3 42
PTT 82
 bumuo ng isang himpilan 87
 idinadayal na tawag 83
 kumalas 83
 kumonekta 83
 magdagdag ng himpilan 88
 magdagdag ng isa-sa-isa na kontak 87
 magtaguyod ng isang himpilan 87
 menu 82
 mga setting 89
 paanyaya 89
 pang-dalawahang tawag 85
 pindutan ng 19
 tawag 83
 tawag na pang-himpilan 84
 tumanggap ng tawag 85
Purswelas 18
Purswelas ng telepono 18
Push to talk. Tingnan ang PTT

R

Radyo 69
Recorder o Taga-rekord 71

S

Screen saver 21
Seguridad
 mga kodigo o code 12
 mga setting 65
 module 97
Serbisyo sa kustomer 14
Serbisyong pag-aayos 14
Serbisyong pagtatakda ng pagsasaayos 13
Setting ng mensahe, mga 45
Settings ng e-mail 46

Settings ng pagpapahusay 63
Settings ng tawag 60
Settings ng telepono 61
SMS 29
 e-mail 30
 mga setting 45
 mga template o hulma 31
Speaker phone. Tingnan ang
loudspeaker.
Standby mode 20
Stopwatch 77
suporta 14

T

Tagabilang ng mensahe 47
Tagabilang, mga. 56
Taga-oras na countdown 78
Taga-oras, mga. 56
Tagapahiwatig ng haba ng mensahe 30
Tala sa kalendaryo 74
Talaan ng tawag 56
Tanggalin
 e-mail 44
 mga mensahe 45
Tawag, mga
 listahan ng mga pinakahuling
 tawag 56
 mabibilis na pagdayal 23
 mga opsyon habang nagsasagawa
 ng tawag 24
 naghihintay 24
 pagdayal gami tang boses 54
 pagsasagawa ng 23
 pang-internsyonal 23
 sumagot 23
 tanggihan 23
Teksto sa pagtulong 61

U

UPIN 12, 13, 65
UPIN code 17

V

Voice commands o mga utos gamit ang
boses 53

W

Wallpaper 57, 59
Web
 kumonekta 91
 mga bookmark o tanda 94
Wika 26, 27
Wireless markup language 91
WML 91

X

XHTML 91

**INTERACTIVE
DEMONSTRATIONS
(MGA MAPAG-
UGNAY NA
PAGPAPAHIWATIG)**



MGA SOFTWARE



**GABAY NG
GUMAGAMIT**



MGA SETTING

Nokia Care Online

Ang pagsuporta ng Nokia Care sa web ay nagdudulot sa iyo ng karagdagang impormasyon ukol sa aming mga serbisyong online.

INTERACTIVE DEMONSTRATIONS (MGA MAPAG-UGNAY NA PAGPAPAHIWATIG)

Alamin kung paano itataguyod ang iyong telepono sa kauna-unahang pagkakataon, at kumuha ng dagdag-impormasyon ukol sa mga tampok nito. Ang Interactive Demonstrations ay nagbibigay sa iyo ng mga hakbang-hakbang na panuto ukol sa paggamit ng iyong telepono.

GABAY NG GUMAGAMIT

Ang online na Gabay ng Gumagamit ay naglalaman ng detalyadong impormasyon sa iyong telepono. Huwag kalimutang tiyakin ito nang regular para sa mga bago.

MGA SOFTWARE

Sulitin ang iyong telepono gamit ang software para sa iyong telepono at PC. Kinokonekta ng Nokia PC Suite ang iyong telepono at PC upang maaaring mong mapamahalaan ang iyong kalendaryo, mga kontak, musika at larawan, habang nakakadagdag ang ibang mga application sa paggamit nito.

MGA SETTING

Ang ilang mga pag-andar ng telepono, tulad ng multimedia messaging, mobile browsing at email, ay maaaring mangailangan na maitakda mo muna ang mga setting bago mo magamit ang mga ito. Ipadala ang mga setting na ito papunta sa iyong telepono nang walang binabayaran.

*Hindi magagamit sa lahat ng mga telepono.

PAANO KO MAGAGAMIT ANG AKING TELEPONO?

Ang bahagi ng Set Up, sa www.nokia-asia.com/setup, ay tumutulong sa iyong maihanda ang iyong telepono upang ito ay magamit. Gamayin mo ang mga pag-andar at tampok ng telepono sa pamamagitan ng pagsangguni sa bahagi ng Guides and Demos sa www.nokia-asia.com/guides.

PAANO KO PAGSASABAYIN ANG AKING TELEPONO AT PC?

Sa pamamagitan ng pagkonekta ng iyong telepono sa isang katugmang PC gamit ang kinakailangang bersyon ng Nokia PC Suite mula sa www.nokia-asia.com/pcsuite ay nagbibigay-daan sa iyo upang maipagpasabay mo ang iyong kalendaryo at mga kontak.

SAAN AKO MAKAKAKUHA NG SOFTWARE PARA SA AKING TELEPONO?

Sulitin ang iyong telepono sa pamamagitan ng mga pag-download mula sa bahaging Software sa www.nokia-asia.com/software.

SAAN AKO MAKAKATAGPO NG MGA SAGOT SA MGA KARANIWANG KATANUNGAN?

Sumangguni sa bahaging FAQ sa www.nokia-asia.com/faq para sa mga kasagutan sa iyong mga katanungan sa iyong telepono at sa iba pang mga produkto at serbisyo ng Nokia.

PAANO KO MASUSUBAYBAYAN ANG MGA BALITANG NOKIA?

Kumuha ng online na suskrisyon sa Nokia Connections sa www.nokia-asia.com/signup, at maging isa sa mga unang makaka-alam ukol sa mga pinakabagong produkto, promo at mga darating na kaganapan.

Kung sakaling mangailangan ka pa din ng karagdagang tulong, mangyaring sumangguni sa www.nokia-asia.com/contactus.

Para sa karagdagang impormasyon ukol sa mga serbisyo sa pagkumpuni, pakibisita ang www.nokia-asia.com/repair.

Pakibisita ang www.nokia-asia.com/support para sa mga detalye.

NOKIA

Care